# 2

# Mother Tongue-Based Multi-lingual Education

## *KAGAMITAN NG MAG-AARAL*
## Tagalog

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

**Mother Tongue- Based Multi-lingual Education – Ikalawang Baitang**
**Kagamitan ng Mag-aaral: Ikalawang Bahagi**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: 978-971-9601-31-9**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D

**Development Team of the Learner's Module**

| | |
|---|---|
| **Consultant and Editor:** | **Agnes G. Rolle** |
| **Author:** | **Grace Urbien-Salvatus, Babylen Arit-Soner, Nida Casao-Santos and Rianne Pesigan-Tiñana** |
| **Graphic Artist:** | **Raymar C. Francia** |
| **Layout Artist:** | **Honester U. Jorvina**<br>**Ma. Theresa M. Castro**<br>**Benjamin Jose A. Balot** |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ____________**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 2nd Floor Dorm G, Philsports Complex, Meralco Avenue. Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

# Talaan ng Nilalaman

## Kuwarter *1:* Ang Aking Sarili

*Modyul 1:*
**Nais at Di Nais.......................................................... 2**

*Modyul 2:*
**Ang Aming Sining.................................................... 10**

*Modyul 3:*
**Pangunahing Pangangailangan................................ 18**

*Modyul 4:*
**Ang Aking Kaibigan.................................................. 26**

*Modyul 5:*
**Ang Nais Kong Kasama............................................ 31**

*Modyul 6:*
**Ang Hilig Kong Gawin............................................... 38**

*Modyul 7:*
**Ako at ang mga Tao sa Pamayanan........................ 45**

*Modyul 8:*
**Ang Nais Ko sa Aking Paglaki.................................. 51**

*Modyul 9:*
**Kasama ang Aking Pamilya..................................... 58**

## Kuwarter 2*:* Ako at ang Aking Pamilya

*Modyul 10:*
**Gawain ng Pamilya.................................................... 66**

*Modyul 11:*
**Katangian Ko, Karangalan ng Aking Pamilya.......... 74**

*Modyul 12*:
**Pagtutulungan ng Pamilya........................................ 83**

*Modyul 13:*
**Pagmamalasakit sa Pamilya..................................... 90**

*Modyul 14*:
**Musika ng Bayan Ko................................................... 99**

*Modyul 15:*
**Ang Aking Tungkulin sa Pamilya............................. 105**

*Modyul 16*:
**Pangalagaan Ating Kapaligiran.............................. 111**

*Modyul 17*:
**Pagkakabuklod ng Pamilya.................................... 117**

*Modyul 18:*
**Magsulatan Tayo ...................................................... 126**

## Kuwarter *3*: Ako at ang Aking Paaralan

*Modyul 19:*
**Kaalaman sa Kalusugan.......................................... 132**

*Modyul 20:*
**Katangian Ko Bilang Mag-aaral ............................. 140**

*Modyul 21:*
**Ang Batang Makasining ......................................... 149**

*Modyul 22:*
**Pagkilala sa Pinagmulan......................................... 156**

*Modyul 23*:
**Kamalayan sa Napapanahong Usapin................. 164**

*Modyul 24:*
**Masayang Paglalakbay........................................... 171**

*Modyul 25***:**
**Sa Pag-abot ng Pangarap....................................... 178**

*Modyul 26:*
**Pag-iwas sa Di-Kanais-nais na Gawain ................. 184**

*Modyul 27:*
**Pagtanggap at Pagpapaabot ng Mensahe........... 192**

## Kuwarter *4:* Ako at ang Aking Pamayanan

*Modyul 28:*
**Paghihiwalay ng Basura........................................... 200**

*Modyul 29:*
**Komunikasyon (Telepono)....................................... 209**

*Modyul 30:*
**Kahoy Bilang Panggatong...................................... 217**

*Modyul 31*:
**Ako man ay Bayani ................................................. 224**

*Modyul 32:*
**Pinagkukunang Yaman........................................... 234**

*Modyul 33*:
**Pangkabuhayan ...................................................... 243**

*Modyul 34:*
**Balitang Lokal.......................................................... 252**

*Modyul 35:*
**Ang Paboritong Pagkain......................................... 261**


*Modyul 36*:
**Ang Lutong Kapana-panabik................................. 267**

# Kuwarter 1




# Ang Aking Sarili

# Modyul 1
# Nais at Di Nais




Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan sa pakikipagtalastasan, maitanim sa kanilang isipan ang wastong paggamit ng magagalang na pagbati at pananalita ayon sa sitwasyon at higit na malinang ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pagsulat.



Kaalaman sa Pagbigkas at Wika,
Pagyamanin!

Basahin ang diyalogo.

Nagkasalubong sa paaraalan sina Lina at Marlon. Narito ang usapan nila.

Lina: Magandang umaga, Marlon.
Marlon: Magandang umaga rin naman sa iyo Lina.
Lina: Kumusta ka ?
Marlon: Mabuti naman. Maraming salamat. Ikaw, kumusta ka?
Lina: Mabuti rin naman.
Marlon: Paalam na Lina.
Lina: Paalam, Marlon

Sagutin ang mga tanong:

Ano-anong pagbati ang ginamit sa diyalogo? Kailan natin ginagamit ang magandang umaga? Kumusta ka? Paalam? Salamat? Bakit kailangan nating gamitin ang mga ito? Ano-ano pang pagbati ang ginagamit natin? Halimbawa ay sa hapon? Sa tanghali? Sa gabi? Kapag di sinasadya ay nakasakit ka ng kapwa? Ano naman ang sinasabi kapag binigyan ka ng isang bagay o regalo? Kapag may nag-uusap at dadaan ka sakanilang pagitan? Ano-ano ang pananalitang ito?

## Tandaan!

May magagalang na pananalita at pagbati na ginagamit sa iba't ibang sitwasyon tulad ng:

1. Magandang umaga/tanghali/hapon
   gabi.
2. Kumusta ka?
3. Maraming salamat.
4. Wala pong anuman.
5. Makikiraan po.
6. Paalam na po.

## Gawain 1

Kumuha ng kapareha. Magpanggap bilang Marlon at Lina. Magsanay sa pagbasa ng diyalogo.

Lina: Magandang umaga, Marlon.

Marlon: Magandang umaga din naman sa iyo Lina.

Lina: Kumusta ka ?

Marlon: Mabuti naman. Maraming salamat. Ikaw, kumusta ka?

Lina: Mabuti rin naman.

Marlon: Paalam na Lina.

Lina: Paalam, Marlon.

**Gawain 2**

**"Teleserye ng Magagalang na Pananalita"**

Bumuo ng tatlong pangkat.

Magpakita ng sitwasyon na gumagamit ng magagalang na pananalita:

Pangkat I: Sa umaga/tanghali/gabi

Pangkat II: Kapag di sinasadya ay nakasakit ng kapwa.

Pangkat III: Kapag nagawan ka ng mabuti ng iyong kapwa



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

**Unang Araw ng Pasukan**

*Akda nina Babylen Arit-Soner, Grace Urbien-Salvatus, at Rianne P. Tiñana*



Unang araw ng klase. Maagang pumasok si Mina sa paaralan. "Aalis na po ako inay" paalam ni Mina sa kaniyang nanay." Heto ang manggang hinog na gusto mong prutas" wika ng nanay kay Mina. "Salamat po inay" wika ni Mina. "Ayaw mo ba talaga ng atis?" tanong ng nanay. "Ayaw ko po inay. Kahit matamis ang atis ay marami po namang buto ito." sagot ni Mina. "Sige, ingat ka sa daan anak," bilin ng nanay kay Mina. "Opo nanay. Salamat po!" wika ni Mina.



"Magandang umaga po, Gng. Santos", bati niya. "Magandang umaga din sa iyo, Mina", wika ng punong guro. Sa kaniyang patuloy na paglalakad, napansin niya ang isang batang lalaki na nakabukas ang bag. Hinabol ito ni Mina. "Bata, nakabukas ang iyong bag, baka malaglag ang iyong mga gamit", ang sabi niya. "Naku oo nga, Maraming salamat

ha!", ang sabi ng bata. Walang anuman", ang nakangiting tugon ni Mina. Masayang-masaya si Mina dahil unang araw pa lang ng pasukan ay nakatulong na siya.

## Gawain 3

### Ang Gusto Ko!

*Akda ni Agnes Guevara Rolle*

Nais kong tumulong sa tuwi- tuwina
Sa mahal kong ina at mahal kong ama
Ang gawaing bahay na kayang kaya na
Ako ang gagawa at hindi na sila.

Pagbubutihin ko rin itong pag-aaral
Ng ang pera at oras ay hindi masayang
Ako rin ay magiging mabuting mamamayan
Ng minamahal kong lugar na tirahan.

Wastong  pag-uugali ay isasabuhay
Tulad ng pagtatapon ng basura sa bakuran
Halaman at hayop na ikinabubuhay
Pagyayamanin ko at aalagaan.

## Tandaan!

Paghihinuha ang tawag sa pagbibigay ng hula sa maaaring mangyayari ayon sa kahihinatnan ng isang sitwasyon.



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

Basahin nang may wastong tono at ekspresyon ang magagalang na pagbati at pananalita.

| | |
|---|---|
| Magandang umaga po | Paumanhin po. |
| Magandang tanghali po | Maramingsalamat po |
| Magandang hapon po | Makikiraan po |
| Kumusta po. | Wala pong anuman. |

## Tandaan!

Bigkasin ang magagalang na pagbati at pananalita nang may wastong tono, ekspresyon, at pagpapangkat ng mga pantig at salita.

Isinusulat ang mga magagalang na pananalita nang may wastong bantas, espasyo ng mga letra, at salita.

## Gawain 4

Basahin sa sarili ang mga pangkatang salita. Lagyan ng ekis ang naiiba ang bigkas.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1.salamat | salamat | salabat | salamat |
| 2.umaga | umupa | umaga | umaga |
| 3.hapon | kahapon | kahapon | kahapon |
| 4.tanghali | tanghalan | tanghali | tanghali |
| 5.paalam | paalam | palaka | paalam |

## Tandaan!

Isinusulat ang mga magagalangna pagbati at pananalita nang may wastong bantas, espasyo ng mga letra at salita.

# Modyul 2
# Ang Aming Sining





Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, maitanim sa kanilang isipan ang ilang mahahalagang tao, lugar, pangyayari sa kanilang rehiyon, at mas lalong mahubog ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsulat, gayundin ang pagkilala at pagsulat sa mga salitang may kambal katinig o klaster



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika,**

**Pagyamanin!**



## Tandaan!

Ang ngalan ay inuuri sa:

1. Ngalan ng tao
2. Ngalan ng lugar
3. Ngalan ng hayop
4. Ngalan ng bagay
5. Ngalan ng pangyayari

## Gawain 1

Uriin ang mga larawan kung ito ay tao, bagay, lugar, hayop, o pangyayari.












## Gawain 2

| tao | lugar | hayop | bagay | pangyay ari |
|---|---|---|---|---|

Magbigay ng mga halimbawa ng ngalan ng tao, lugar, bagay, hayop, at pangyayari.

1. tao ______________________________
2. lugar ______________________________
3. bagay ____________________________
4. hayop ______________________________
5. pangyayari ________________________

## Gawain 3

Gamit ang iyong pamayanan, gumawa ng pagpapangkat ayon sa tao na nakilala, lugar na alam, hayop na nakikita, mga bagay sa paligid, at pangyayaring nasaksihan mo.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

**Alamin! Tuklasin!**

*Akda ni Rianne P. Tiñana*



Sina Grace, Bruno, Priscilla at Placido ay magkakaibigan. Isang araw, nagkaroon sila ng takdang - aralin na magsaliksik tungkol sa mga piling pangyayari, tao, lugar at magagandang tanawin na mayroon sa kanilang rehiyon.

Ang kanilang masasaliksik ay iuulat nila sa kanilang klase. Nagtulong-tulong ang mga magkakaibigan upang mahanap ang kailangan

nilang mga impormasyon.

Upang mabilis nilang matapos ay nagkasundo sila sa gawain. Sina Grace at Bruno ay sa internet nagsaliksik. Samantala, sina Precilla at Bren naman ay sa silid-aklatan. Dala ang notbuk, lapis, bolpen, at papel ay nagtungo sila sa kanikanilang dapat puntahan



| Lugar | Magagandang Tanawin | Mga Nakila-lang Tao | Mga Pagdiriwang |
|---|---|---|---|
| Cavite | Aguinaldo Shrine | Emilio Agui-naldo, Unang pangulo ng Republika ng Pilipinas | Tinapa Festival |
| Laguna | Rizal Shrine | Charice Pem-pengco, Mahusay na mang-aawit na kilala sa buong mundo | Coconut Festival |

Pagkatapos ng kanilang gawain ay nagtungo sila sa lugar na kanilang pinagkasunduan na magkikita. Tinalakay nila ang kanilang sinaliksik. Ang kanilang nasaliksik ay iuulat nila sa kanilang klase. Nagtulong-tulong sila upang mahanap ang kailangan nilang mga impormasyon at upang mapadali ang kanilang gawain. Dala–dala nila

ang mga sumusunod na gamit: notbuk, lapis, bolpen, at papel. Sa kanilang pananaliksik, naritoang mga nakuha nilang impormasyon tungkol sa kanilang rehiyon:

| Lugar | Magagandang Tanawin | Mga Nakilalang Tao | Mga Pagdiriwang |
|---|---|---|---|
| Batangas | Taal Lake | Br. Armin A. Luistro FSC. Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon | Kabakahan Festival |
| Rizal | Antipolo Shrine | Carlos "Bog-tong" V. Fran-cisco, Kilalang mahusay na pintor | Higantes Festival |
| Quezon | Bundok Bana-haw | Agness Deva-nadera, dating kalihim ng katarungan | Pahiyas Festival |

Matamang nakinig ang kanilang kamag - aral sa ulat. Naging masigla ang kanilang talakayan. Tuwang- tuwa ang mga bata sa mga impormasyong kanilang natuklasan tungkol sa kanilang rehiyon. Nagpasalamat naman ang uro sa maayos at maganda nilang ulat.



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

Basahin nang wasto ang tula.

### Mga Kaibigan

*Akda nina Rianne Tiñana at Edgar Pestijo*

Masarap isipin, ganoon din kung damhin,
Na sa iyong buhay, may mga kaibigang tunay,

Ito ang nangyari sa mga batang kagiliw-giliw,

Priscilla, Grace, Bruno at Placido.

Si Bruno ay magaling sa pagkukuwenta,
Pagbabasa ang hilig nitong si Priscilla,
Sa anumang aralin, sikat sina Grace at Placido,
Kaya guro nila, tuwa ang nadarama.

Basahin ang mga salita:

Priscilla Grace
Placido Bruno

Basahin ang ilan pang halimbawang salita:

| | |
|---|---|
| dragon | prutas |
| brilyante | dram |
| drakula | groto |
| Brutus | plato |
| Brenda | Bren |
| braso | |

**Tandaan!**

Ang kambal katinig o klaster ay binubuo ng dalawang magkasunod na katinig sa loob ng unang pantig ng salita. Isinusulat ang mga ito nang may tamang espasyo ng mga letra.

**Gawain 4**

Basahin nang pangkatan, dalawahan at nag-iisa ang mga salitang may kambal-katinig o klaster.

1. Priscilla
2. Prisco
3. Bruno
4. Placido
5. Brenda
6. Bren
7. Clarissa

## Gawain 5

Basahin ang mga salitang may klaster.

1. plato
2. braso
3. brusko
4. grasa
5. plato
6. dragon
7. drakula
8. prinsesa
9. prinsipe
10. trangkaso

## Tandaan!

Kung ang salitang may kambal katinig ay tiyak na ngalan, ito ay nagsisimula sa malaking letra at kung ito ay di-tiyak, nagsisimula ito sa maliit na letra.

## Gawain 6

Sipiin nang wasto sa kuwaderno ang sumusunod na salita.

1. Priscilla
2. Brenda
3. Plaridel
4. prutas
5. plasa

# Modyul 3
# Pangunahing Pangangailangan



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan

sa pagtukoy sa pangunahing pangangailangan, magkaroon ng kamalayan sa salik ng tula/tugma, at higit na malinang ang kanilang kasanayan sa pagbasa, pagbaybay, at pagsulat upang magamit



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

**Likas na Yaman**

*Akda ni Anabelle F. Empleo*

Anyong lupa ay ating taniman
Anyong tubig ay huwag tapunan
Ang mga ito ay napagkukunan
Pangunahing pangangailangan




Pangalagaan likas na yaman
Anyong lupa o anyong tubig man
Alay para sa kinabukasan
Kabataang pag-asa ng bayan

## Tandaan!

Salitang magkatugma ang tawag sa mga salitang magkapareho ang tunog sa hulihan ng mga salita.

## Gawain 1

Basahin ang tulang "Sino ang may Sala?" nang may tamang tono at papantig na baybay. Isulat ang mga salitang magkatugma sa iyong kuwaderno.

### Sino ang may Sala?

*Akda ni John Lyndon V. Jorvina*

Ang panahon ngayon ay ibang-iba na
Kaunting ulan lamang, bumabaha na
Kasabay nito, paglutang ng basura

Masakit isipin ang katotohanan
Kalagayang ito, tao ang dahilan
Walang paggalang sa Inang Kalikasan.

Mga salitang magkatugma:

______________________________

______________________________

______________________________

## Gawain 2

Basahin ang tula. Punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo ang saknong ng tula.
Pumili sa loob ng kahon. Sipiin ito sa iyong kuwaderno.

kinabukasan marka halaga
kayamanan kahirapan

**Edukasyon**

*Akda ni Anabelle F. Empleo*


Pag-aaral, bigyan ng ______________
Takdang aralin, gawin na muna
Paglalaro'y isantabi sana
Lalong tataas ang iyong ____________.

Pangaral ng magulang, tandaan
Edukasyon, tanging ______________
Di mananakaw kahit ninuman
Sandata laban sa ______________.




**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Pag-aralan ang mga larawan.











Basahin ang tula nang tuloy-tuloy gamit ang tamang tono, baybay at paghahati ng mga salita sa bawat linya nito.

**Pangunahing Pangangailangan**

*Akda ni Rejulios Masaganda Villenes*

Kailangan natin ang pagkain

Pampalakas na gabi at kanin
Pampalaki ang karne at gatas
Pampalusog ang gulay at prutas.

Kasuotan din ay kailangan
Panlalaki at pambabae man
Sweter , dyaket para sa tag-ulan
Sando at short kung tag-init naman.
Kailangan natin ang tirahan
Semento o yari sa kawayan
Proteksiyon sa init at sa ulan
Ng pamilya na nagmamahalan



**Kaalaman sa Literatura Paunlarin!**

**Tandaan!**

May mga salik ang tula.

1. Ang **ritmo** ng tula ay nagsasabi kung ilang papantig na baybay ang isang taludtod.
   Ang **taludtod** ay ang linya sa saknong. Ang **Saknong** ay ang pangkat ng taludtod.
2. Ang **tugma** ng tula ay bilang ng salitang magkatugma na ginamit sa bawat saknong.

**Gawain 3**

Isulat sa sagutang papel ang ritmo, tugma at salitang magkatugma na nakasaad sa tula.

Pag-aaral, bigyan ng halaga
Takdang aralin, gawin na muna
Paglalaro'y isantabi sana

Lalong tataas ang iyong marka.

Ritmo ng tula: ______________________________

Tugma ng tula:______________________________

Mga salitang magkatugma

________________________________________

________________________________________

**Gawain 4**

Isulat sa sagutang papel ang ritmo, tugma at salitang magkatugma na nakasaad sa tula.

Pangaral ng magulang, tandaan
Edukasyon, tanging kayamanan
Di mananakaw kahit ninuman
Sandata laban sa kahirapan.

Ritmo ng tula: ______________________________

Tugma ng tula:______________________________

Mga salitang magkatugma___________________

**Gawain 5**

Isulat sa sagutang papel ang ritmo, tugma at salitang magkatugma na nakasaad sa tula.

Pangaral ng magulang, tandaan
Edukasyon, tanging kayamanan
Di mananakaw kahit ninuman
Sandata laban sa kahirapan.

Ritmo ng tula: ______________________________

Tugma ng tula:______________________________


Mga salitang magkatugma __________________

________________________________________



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

Sabihin ang ngalan ng bawat larawan.Baybayin ang mga ito sa paraang papantig.




is-da



ti-na-pay



ma-nok



kar-ne




ga-tas

### Tandaan!

Baybayin nang papantig ang mga salita.

### Gawain 6

Basahin ang bawat pangungusap. Ano ang salitang tinutukoy nito?

Sagutin ito sa pamamagitan ng pagsulat ng tamang baybay ng salita sa iyong papel.

1. Tataas ito kapag nag-aaral kang mabuti.

_______________________________________________

2. Ito ang susi ng iyong magandang kinabukasan.

______________________________________

3. Ito ang kinabibilangang pangkat ng tinapay, gabi, kamote, at kanin

______________________________________

4. Ito ang kinabibilangang pangkat ng karne, itlog, isda, manok, at gatas .

______________________________________

5. Ito ang kinabibilangang pangkat ng gulay at prutas .


______________________________________

**Gawain 7**



Bigkasin ang ngalan ng bawat larawan. Isulat ang tamang baybay nito sa kuwaderno.

4. ____________ 5. ____________





1. ____________ 2. ____________ 3. ____________

# Modyul 4
# Ang Aking Kaibigan



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kanilang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, malinang ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto na naipakikita sa pamamagitan ng pagbibigay ng saloobin at pagbibigay ng mahahalagang detalye tungkol sa binasang teksto. Nilalayon din ng modyul na ito na malinang ang kanilang kaalaman sa paggamit ng panghalip gayundin ay higit na mapaunlad angkanilang kakayahan sa pagsulat at pagbasa.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Basahin ang mga pangungusap.

1. Ang tatay ko ay si G. Glen Delos Santos.
   Siya ay isang pulis.
2. Ang bulaklak ay mabango.
   Ito ay kulay pula.
3. Makulay ang Pista sa Lucban.
   Ito ay dinarayo ng maraming tao.
4. Ang magkakaklase ay pumalakpak
   Sila ay natuwa kay Glenda.
5. Ang pangalan ko ay Glenda Delos Santos.
   Ako ay pitong taong gulang.

**Tandaan!**

Ang tawag sa mga salitang inihahalili sa ngalan ng tao, bagay, pook o pangyayari ay panghalip.

Ang ilan sa halimbawa ay ako, siya sila, at ito.

## Gawain 1

Sipiin ang panghalip na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Sila ang pupunta sa Pahiyas.
2. Kami ang papunta sa Talon ng Pagsanjan
3. Ang Lawa ng Laguna ay sagana sa yamang tubig. Ito ay pinagkukunan ng ikinabubuhay ng mga taong nakapaligid dito.
4. Nanood ako ng pelikula ni Kim Chiu.
5. Si Jovit Baldovino at Charice Pempengco ay magagaling na mang-aawit. Sila ay buhat sa CALABARZON.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang mga salita.

| | | |
|---|---|---|
| pinagmamasdan | ikinagagalak | inaasahan |
| magkakaklase | naninirahan | mananahi |
| nagpalakpakan | nahihiya | destino |
| pakikitunguhan | nakipagkaibigan | napalipat |
| nakipagkilala | pagpapakilala | ikinalulugod |

Basahin ang sumusunod na pangungusap.

1. Nakipagkilala ka ba sa isang bagong kaibigan?
2. Ang mga bata ay magkakaklase.
3. Sila ay naninirahan sa malayong bayan.

4. Kanina ko pa pinagmamasdan ang magandang mananahi.
5. Ikinalulugod namin ang iyong pagdating!

## Tandaan!

Ang bawat salita ay binabasa ayon sa pabaybay na bigkas nito.

Binibigkas ang bawat pantig nang may wastong diin o intonasyon.

Binibigkas/binabasa ang pangungusap nang may wastong diin at intonasyon, pagkakahati ng mga salita, at tono na naaayon sa bantas na ginamit.

## Gawain 2

Basahin nang may wastong diin at intonasyon, pagkakahati ng mga salita, at tono na naaayon sa bantas na ginamit sa mga pangungusap.

1. Nakipagkilala ka ba sa isang bagong kaibigan?
2. Ang mga bata ay nagkaklase.
3. Sila ay naninirahan sa malayong bayan.
4. Kanina ko pa pinagmamasdan ang magandang mananahi.
5. Ikinalulugod namin ang iyong pagdating.

Basahin ang sumusunod na impormasyon.

1. Ako ay pitong taong gulang.
2. Ako ay nakatira sa Barangay Magsaysay Lopez, Quezon.
3. Ang aking ama ay isang pulis.
4. Ang aking ina ay isang mananahi.
5. Ako ay si Glenda A. delos Santos.

Sipiin nang wasto ang mga sumusunod na mga pangungusap na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa sarili sa pisara.

## Tandaan!

Sinisipi ang mga pangungusap na sumusunod sa pamantayan ukol sa paggamit ng malaking letra, tamang espasyo ng mga salita, at wastong bantas.

## Gawain 3

Sipiin ang Pansariling Talaan sa kuwaderno. Isulat ang mga hinihinging impormasyon tungkol sa iyong sarili na sumusunod sa pamantayan sa wastong pagsulat.

**Pansariling Talaan ng Impormasyon**

Pangalan: ________________________________________

Kaarawan: __________________ Edad:___________

Lugar ng Kapanganakan: ________________________

Ama: ____________________________________________

Ina: _____________________________________________

Tirahan:

__________________________________________________

__________________________________________________

## Gawain 4

Isulat ang mga hinihingi sa talaan gamit ang sumusunod na impormasyon.

Ako si Carl Joshua Soner. Ako ay limang taong gulang. Nakatira ako sa Barangay Magsaysay, Lopez, Quezon. Ipinanganak ako noong Oktubre 6, 2008 sa Lopez, Quezon. Ang aking ama ay si Carlito Soner na isang sundalo. Ang aking ina ay si Babylen Soner na isang guro.

## *Modyul 5*

# Ang Nais Kong Kasama

**Pansariling Talaan ng Impormasyon**

Pangalan: ________________________________________

Kaarawan: __________________ Edad:___________

Lugar ng Kapanganakan: ________________________

Ama: ____________________________________________

Ina: ______________________________________________

Tirahan:___________________________________________





Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral  sa pakikipagtalastasan, malinang ang kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto na naipakikita sa pamamagitan ng pagbibigay ng saloobin, pagbibigay ng mahahalagang detalye at pagbibigay ng hinuha tungkol sa binasang teksto. Nilalayon din ng modyul na ito na malinang ang kaalaman sa paggamit ng panghalip panao gayundin ay higit na mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat at pagbasa.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang mga pangungusap mula sa kuwento.

a. Ako ay magbubuo ng mga komite para sa ating pagdiriwang," ang sabi ni G. Aguilar.
b. "Lisa, ikaw ang aking ilalagay sa komite para sa pagbuo ng islogan,"sabi ng guro.
c. "Sabi po ni Maria, siya naman daw po ang bahala sa patimpalak sa pagluluto, " dagdag pa ni Lisa sa guro.
d. "Kami naman po ang bahala sa patimpalak sa pagsulat ng sanaysay," ang wika ng grupo ni Elena.
e. "Sila naman po ang mamamahala sa patimpalak sa pagguhit," turo ni Elena sa grupo ni Jose.
f. Kayong lahat ay talagang maaasahan ko, "tuwang-tuwa at may pagmamalaking pagsaad ng guro.
g. "Tayo ay magkakaroon ng patimpalak para sa pagsulat ng sanaysay, pagguhit, pagbuo ng islogan, at pagluluto," sabi ni G. Aguilar.

**Tandaan!**

Ang mga salitang ipinapalit sa pangalan ng tao ay tinatawag na panghalip panao.

Ginagamit ang:

**Ako** - kapag ang tinutukoy ng taong nagsasalita ay ang kaniyang sarili

**Ikaw** - kapag ang tinutukoy ng taong nagsasalita ay ang isang tao na kaniyang kausap.

**Siya** - kapag ang tinutukoy ay ang isang tao na pinag-uusapan.

**Kami** - kapag ang tinutukoy ng nagsasalita ay dalawa o higit pa kasama ang kaniyang sarili.

**Kayo** - kapag tinutukoy ng nagsasalita ay dalawa o higit pang kausap.

**Sila** - kapag tinutukoy ay dalawa o higit pang tao na pinag-uuasapan

**Tayo** - kapag tinutukoy ay dalawa o higit pa na taong kausap kasama ang taong nagsasalita.

## Gawain 1

Ano ang sasabihin mo sa iyong kausap sa sumusunod na sitwasyon.

a. Nais mong ipaalam sa kaibigan mong si Denia na siya ang kapareha mo sa nakatakda ninyong gawain sa paaralan.


b. Sasabihin mo sa inyong pangkat na kayo ang inilagay na mamamahala sa palatuntunan sa pagtataas ng watawat.

c. Sasabihin mo sa kabilang pangkat na sila ang magdadala ng bulaklak para sa inyong palatuntunan.

## Gawain 2

bigay ang angkop na panghalip na panao upang mabuo ang usapan sa lobo.

### a. Ako, Ikaw, Siya




### b. Kami, Kayo, Sila, Ako




## Gawain 3

Bilugan ang panghalip panao na ginamit sa pangungusap. Gawin sa kuwaderno.

1. Lito, ikaw ang ilalaban ng klase sa pag-awit.
2. Kami ang inatasang mamili ng gagamitin para sa pagdiriwang.
3. Si Linda ay mabait. Hindi siya nakakasakit ng damdamin ng kapwa.
4. Pupunta sila sa palengke para bumili ng pandekorasyon.

5. “Kayo ang mamamahala sa patimpalak,” sabi ni G. Aguilar.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin at baybayin ang mga salita.

grupo problema nagpaplano
programa klase Trina
patimpalak mamamahala pagmamalaki
magbubuo maaasahan pagdiriwang

**Tandaan!**

Binabasa ang mga salita ayon sa pabaybay na pantig nito.

Ginagamit ang tamang diin sa bawat pantig upang maibigay ang wastong kahulugan ng bawat salita.

**Tandaan!**

Sa pagsulat ng kuwento, nakapasok ang unang pangungusap sa bawat talata. Sa pagsulat ng pangungusap, lagi itong nagsisimula sa malaking letraat nagtatapos sa wastong bantas. May tamang espasyo ang pagkakasulat ng bawat salita sa pangungusap.

**Gawain 4**

Sumulat ng isang karanasan tulad sa binasang kuwento kung saan nagpapakita ng magandang pag-uugali ang mga mag-aaral. Sundin ang mga pamantayan sa pagsulat

____________________________________

_______________________________________________________

_____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________.

# *Modyul 6*
# Ang Hilig Kong Gawin



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, malinang ang  pag-unawa sa binasang teksto na naipakikita sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayaring naganap sa kuwento, muling pagkukuwento nang may wastong ekspresyon at pagbibigay ng saloobin tungkol sa kuwento. Nilalayon din ng modyul na ito na malinang ang kaalaman sa paggamit ng panghalip na paari- akin,iyo at kaniya gayundin ay higit na mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat at pagbasa.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang diyalogo.

Sabado ng umaga, may pinuntahan ang kanilang ina na si Aling Lorna. Inihabilin niya sa kaniyang mga anak na sina Iya, Karina at Ivo ang mga dapat gawin habang siya'y wala. Narito ang pag-uusap ng magkakapatid:

Karina: Inihabilin sa atin ni nanay ang paglilinis ng bahay. Magtulungan tayo upang matapos natin ang ating gawain.

Iya: Opo ate, sa akin po ang walis at basahan. Ako ang bahalang magwalis at maglampaso ng ating sahig.

Karina: Sige. Ivo, sa iyo naman ang timba. Ikaw ang bahalang maghakot ng tubig na panglampaso

Ivo: Walang problema ate, kayang-kaya ko yan.

Karina: Sa akin naman ang mga hugasang pinggan.

Nagtulong-tulong ang magkakapatid at madaling natapos ang kanilang gawain.

### Tandaan!

Ang mga salitang akin, iyo,at kaniya ay tinatawag na panghalip na paari.

Ang panghalip na paari ay nagpapahayag ng pag-aari o pag- aangkin.

## Gawain 1

Piliin ang wastong panghalip na paari upang mabuo ang maikling kuwento.

## Sa Bahay ng mga Lizano

Isang umaga abala ang mag-anak na Lizano sa paglilinis ng kanilang bahay dahil sa nalalapit na pista.

"Nanay, (akin, mo) po ba itong pulang damit?," tanong ni Annabel. "Oo anak, sa (iyo, akin) nga iyan," sagot ng kanyang nanay. Maraming salamat po. Ito pong kulay asul, kay ate po ba ito? "Oo, sa (kaniya, iyo) nga iyan. Ang gaganda naman ng binili ninyong damit para sa amin nanay. Oo naman, basta't para sa inyo. Laging pinakamaganda ang pipiliin ko.

Nagawa mo ba nang wasto ang gawain? Meron pa akong inihandang gawain para sa iyo.

## Gawain 2

Isulat ang wastong panghalip na paari sa bawat patlang. Gawin ito sa sagutang papel.

1. "Maganda ba ang damit ko? Bigay ito sa ____ ng aking nanay."
2. "Cj, ___ ang baunan na nasa mesa. Nakasulat doon ang pangalan mo."
3. "Ang galing talagang gumuhit ni Marlon. ____ ang pinakamagandang pinta."
4. "Ibinigay sa ____ ni Lani ang bulaklak dahil alam niyang paborito ko iyon."
5. "Isidra, ___ba ang panyong ito?"



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

## Si Unggoy at Pagong

*Halaw sa kuwento ni Dr. Jose Rizal*



Isang araw, dahil namamanglaw sa kanyang bahay, naisipan ni Pagong na magliwaliw. Habang siya'y naglalakad, nakakita siya ng puno ng saging.Naisipan niya itong itanim subalit hindi niya ito mabuhat kaya tinawag niya si Unggoy upang magpatulong dito. Pumayag si Unggoy pero humingi ito ng isang kasunduan.

"Kung papayag ka na paghatian natin ang puno, kukunin ko ito. Sa akin mo ibibigay ang bahaging itaas ng puno na may dahon at sa iyo naman ang ibabang bahaging may ugat." Nalumbay si pagong pero pumayag na rin siya sa gusto ni Unggoy.



Pareho nilang itinanim ang kanilang bahagi. Inalagaan ni Pagong ang kaniyang tanim.

Pagkalipas ng ilang araw, tuwang-tuwa si Pagong dahil nakita niya na may umusbong nang dahon sa kaniyang itinanim. Samantala, nalungkot naman si Unggoy dahil nalanta at namatay ang itinanim niyang bahagi.

Makalipas ang ilang buwan, namunga na ang puno ni Pagong. Subalit, hindi niya makuha ang mga bunga dahil hindi siya makaakyat. Naisipan niya na muling hingan ng tulong si Unggoy. Umakyat si Unggoy sa puno, ngunit sa halip na ibigay kay Pagong ang bunga, kinain lahat ni Unggoy ang mga saging at itinapon ang balat kay Pagong. Dighay sa kabusugan si Unggoy.

Nagalit si Pagong.Upang makaganti, nilagyan niya ng tinik ang puno. Sa pagbaba ni Unggoy sa puno, natinik siya



Nagalit si Pagong. Upang makaganti, nilagyan niya ng tinik ang puno. Sa pagbaba ni Unggoy sa puno, natinik siya. Galit na galit na hinanap niya si Pagong at nakita niyang nagtatago ito sa ilalim ng isang bao. "Tatadtarin kita ng pinong-pino", ang sabi ni Unggoy. "Mabuti

at ako ay dadami", tugon naman ni Pagong. "Mabuti pa'y ilagay na lang kita sa apoy", galit na sabi ni Unggoy. "Sige, upang ang balat ko ay pumula at ako ay gumanda", sabi naman ni Pagong.

"Ah, alam ko na. Mabuti pa'y itapon na lang kita sa ilog at nang ikaw ay malunod", wika ni Unggoy. "Naku, maawa ka Unggoy, mamamatay ako dahil hindi ako marunong lumangoy", ang ala-ala'y takot na sabi ni Pagong. "Hahaha, itatapon na nga lang kita sa ilog", at itinapon ni Unggoy si Pagong sa ilog.

Paglagpak sa tubig ay nakangiting sinabi ni Pagong kay Unggoy, " hindi mo ba alam na ito ang aking tirahan?"

Galit na galit na umalis si Unggoy dahil naisahan siya ni Pagong.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Bigkasin ang mga salita mula sa kuwento.

ilagay lumangoy umusbong

magliwaliw bahay apoy

araw bigay unggoy

dighay nalumbay namamanglaw

## Tandaan!

May mga salitang may tunog na nabubuo sa pagsasama ng alin man sa limang patinig na **a**, **e**, **i**, **o**, **u,** at ng katinig na **w** o**y**.

Ang tawag sa mga ito ay mga salitang may **Diptonggo** .

Binibigkas ang mga salita ayon sa papantig na baybay.

## Gawain 3

Basahin ang sumusunod na mga salitang may diptonggo nang wastong bigkas. Sipiin ang mga ito sa kuwaderno nang may tamang espasyo.

Bangaw dalaw gaslaw ibabaw
Lugaw tahaw alingawngaw bataw
gunaw kalabaw nakaw sabaw
takaw ampaw batingaw dilaw
halimaw kantiyaw palayaw tampisaw
anahaw bayaw dungaw hikaw
labnaw sawsaw tanaw abay
himlay katay liwayway panday
sanaysay talakay agapay batay
hinay kaway malay panganay
tamlay beybi reyna abuloy
baboy kasoy lumboy palaboy
saluysoy taboy tukoy daloy
kuyakoy luoy

# *Modyul 7*
# Ako at ang mga Tao sa Pamayanan



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, maitanim sa kanilang isipan ang tamang pagsulat at pagbasa ng mga salitang may daglat, pagsulat ng mga pangungusap at paglikha ng maikling kuwento na may wastong gamit ng bantas.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Basahin ang tula.

## Bunga ng Pagsisikap

*Akda nina Rianne P. Tinana at Edgar Pestijo*


Mga tao silang nakamit ang tagumpay
Sa kanilang pagsisikap at pagsusunog ng kilay
Ngayon ay kanila namang tanging iaalay
Ang paglilingkod sa nilalang ng Maykapal.
Gng. Tiñana kung siya ay tawagin,
Laging inihahanda ang mga aralin,
Si Dr. Pestijo na handang gamutin
Sakit sa katawan, sa iyo man o sa akin.
Kung tungkol sa batas ang nais mong malaman,
Itong si Atty. Vargas ay lagi ng maasahan,
At kung plano ng bahay ang iyong kailangan
Andiyan si Engr. Cruz handa kang tulungan.

## Tandaan!

Ang pinaikling magagalang na pantawag sa tao ay tinatawag na salitang dinaglat. Ito ay isinusulat sa unahan ng pangalan na nagsisimula sa malaking letra at may tuldok sa hulihan.

## Gawain 1

Tukuyin ang katawagang gagamitin sa bawat larawan.




## Gawain 2

Basahin ang mga magagalang na katawagang dinaglat. Gamitin ito sa pagbuo ng pangungusap.

1. Doktor – Dr.
2. Binibini – Bb.
3. Ginoo – G.
4. Ginang – Gng.
5. Attorney – Atty.
6. Engineer – Engr.
7. Kapitan – Kap.
8. Kagalanggalang – Kgg.
9. Senior Police Officer1 – SPO1
10. Honorable – Hon.

## Gawain 3

Isulat ang wastong daglat ng mga katawagan sa bawat bilang.

1. Ginang Amelita de la Santa ______
2. Engineer Arnulfo Montiano ______
3. Senior Police Officer 1 Exequiel Lacorte______
4. Doctor Rosine de la Paz ______
5. Kagalanggalang Manuel Crisanto ____



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Basahin ang tula nang tuloy-tuloy sa una at may paghinto sa ikalawa

## Bunga ng Pagsisikap

*Akda nina  Rianne P. Tinana at Edgar Pestijo*

Mga tao silang nakamit ang tagumpay
Sa kanilang pagsisikap at pagsusunog ng kilay
Ngayon ay kanila namang tanging iaalay
Ang paglilingkod sa nilalang ng Maykapal.

Gng. Tiñana kung siya ay tawagin,
Laging inihahanda ang mga aralin,
Si Dr. Pestijo na handang gamutin
Sakit sa katawan, sa iyo man o sa akin.

Kung tungkol sa batas ang  nais mong malaman,
Itong si Atty. Vargas ay lagi ng maasahan,
At kung plano ng bahay ang iyong kailangan
Andiyan si Engr. Cruz handa kang tulungan.

## Gawain 4

## Si Gng. Pasumbal

*Akda ni Rianne Pesigan-Tinana*

Maagang nagising si Gng. Pasumbal. Iniligpit niya ang higaan. Naligo siya, nagbihis, at pagkatapos ay pumunta sa simbahan. Kasama niya si Bb. De Guzman na kaibigan niya. Pagkatapos ng misa, nagpunta sila ng palengke upang bumili ng pagkain para sa tanghalian. Nagsalo-salo sa isang masarap na tanghalian ang mag-anak ni Gng. Pasumbal kasalo ang kaniyang kaibigang si Bb. De Guzman.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin nang wasto ang mga pangungusap na may mga salitang daglat.

1. Si Attorney Gonzales ay magaling sa pagtatanggol sa mga naaapi.
2. Si Ginang. Rosal ay punog-guro sa isang paaralan.
3. Si Binibining Din ay isang mabait na ate.
4. Si G. Santos ay isang masipag na ama.
5. Si Doktor Galleon ay manggagamot sa aming bayan.

**Tandaan!**

Basahin ang mga salitang may daglat ayon sa buong bigkas ng salita nito.

**Gawain 5**

1. Ginang Amelita de la Santa ______
2. Engineer Arnulfo Montiano ______
3. Senior Police Officer 1 Exequiel Lacorte ______
4. Doktor Rosine de la Paz ______
5. Kagalanggalang Manuel Crisanto ______

**Gawain 6**

1. Ang aking kapatid ay si Binibining Susan Delos Santos.
2. Si Engineer Tapire ay tunay na kaysipag na tao.
3. Maagang gumising si Ginang Pasumbal upangmagsimba.

4. Kami ay nagpunta kay Ginoong Almario upang bumili ng mga pananim.
5. Si Attorney Esteban ay may walong anak na pinag-aral.

**Tandaan!**

Ang salitang dinaglat ay nagsisimula sa malaking letra at may tuldok pagkatapos daglatin ang katawagan. Inilalagay ito sa unahan ng pangalan ng isang tao.

**Gawain 7**

Isulat nang wasto ang daglat ng mga sumusunod na katawagan sa sagutang papel.

1. Kagalanggalang -
2. Engineer -
3. Attorney -
4. Honorable -
5. Doktor -

# Modyul 8
# Ang Nais Ko sa Aking Paglaki



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, maitanim sa kanilang isipan ang tamang pagsulat at pagbasa ng mga salitang naglalarawan na tumutukoy sa kulay, hugis, laki, bilang, o dami, mahubog ang kasanayan sa pagsulat ng mga pangungusap gamit ang mga salitang naglalarawan na tumutukoy sa kulay, hugis, laki, bilang o dami at paggamit ng tamang bantas.



**Kaalaman sa Pagbigkas atWika, Pagyamanin!**

Basahin ang mga pangungusap.

1. May isang inahing manok na nakakita ng maraming butil ng palay.
2. Pinakiusapan ni inahing manok ang puting pusa, puting bibe, matabang baboy, at ang kambing na tulungan siyang magtanim.
3. Lumaki at naging ginto ang mga biluhabang butil.
4. Ang mapuputing bigas na inani mula sa butil ng palay ay isinaing nang masipag na inahin.

**Gawain 1**

Basahin ang mga pangungusap. Tukuyin ang salitang naglalarawan.

1. Apat ang kaibigan ni inahing manok na hindi nya nahingan ng tulong.
2. Ang mapuputing bigas na inani mula sa butil ay isinaing niya.
3. Maraming butyl ng palay ang nakita niya at kaniya tong itinanim.
4. Ang mga kaibigan niya ay sina puting pusa, puting bibe, kambing, at matabang baboy.
5. Makalipas ang limang araw, sumibol ng kanyang butil.

**Tandaan!**

Pang-uri ang tawag sa mga salitang naglalarawan. Ito ay tumutukoy sa kulay,hugis, laki, bilang o dami, at katangian ng pangngalan o panghalip.



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Basahin ang pabula.

## Ang Inahing Manok

*Muling isinakuwento ni Rianne P. Tinana*



May isang inahing manok na nakakita ng maraming butil ng palay. Pinakiusapan niya ang puting pusa, puting bibe, matabang baboy at ang kambing na magtanim. Nalungkot ang inahing manok nang hindi siya paunlakan ng apat na kaibigan.



Pinangatawanan ng inahing manok ang pagtatanim. Makalipas ang limang araw, sumibol na ang mga binhi. Lumaki at naging ginto ang mga biluhabang butil. Pinakiusapan niyang muli ang mga kaibigan upang mag-ani.



Hindi na naman siya tinulungan ng mga kaibigan. Pagkatapos anihin ang palay ay kailangang bayuhin ito upang maihiwalay ang malinis

na butil ng bigas. Napilitang bayuhin at ihiwalay ng inahing manok ang bigas sa ipa.

Ang mapuputing bigas na inani mula sa butil ng palay ay isinaing nang masipag na inahin. Nang ihain na niya ang mapuputing kanin, isa-isang dumating ang apat niyang kaibigan. Subalit hindi niya nabigyan ang mga ito dahil sapat lang sa kanilang mag-anak ang kanilang pagkain.





**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang mga pangungusap.

1. Matataas ang mga puno ng niyog na nakatanim sa kanilang bakuran.
2. Sina Lino at Lina ay sampung magkakapatid.
3. Mabibilog at matatamis ang santol na pasalubong sa amin ng tatay at nanay.
4. Ang mga manggang aming binili upang ipasalubong ay mabeberde pa.
5. Si Emmanuel John ay may dalang dalawang lapis na nasa kanyang bag.

## Tandaan!

Basahin ang mga pangungusap nang may wastong paghinto at paghahati ng mga salita.

## Gawain 2

Basahin ang mga pangungusap.

1. Bumili si nanay ng damit na dilaw sa palengke.
2. Maraming kaibigan si Precy sapagkat siya ay mabait na bata.
3. Karaniwang balat ng mga Filipino ay kayumanggi.
4. Si Ramon ay may dalang bag na parihaba pauwi sa probinsiya.
5. Katamtaman ang taas ng halamang dinala niyang pasalubong sa kanyang kapatid.

Buuing pangungusap ang mga parirala.

1. nakakalat sa harapan.
   Marami ang basurang
2. dala niyang bag.
   Berde ang
3. Si Lina
   ay namili ng mabibilog na kamatis.
4. Tatlong bayabas
   ang nakuha niya mula sa puno.
5. sa aming bakuran.
   Maliit ang punong santol

## Gawain 3

Basahin nang wasto ng mga pangungusap. Tukuyin ang ginamit na pang-uri.

1. Kayliliit ng naging bunga ng mga kamatis na inani ni Aling Tinay.
2. Ang dala niyang maleta ay hugis parihaba.
3. Iilan na lamang ang dahon ng sambong na kanilang tanim.
4. May labinlimang baka na alaga si Mang Karding.
5. Kay pula ng bulaklak ng mga rosas na tanim nila sa kanilang halamanan

## Tandaan!

Nagsisimula sa malaking letra ang pagsulat ng pangungusap at nilalagyan ng bantas pagkatapos ng huling salita.

## Gawain 4

Isulat ang tamang pang-uri ng kulay, hugis, laki, at bilang o dami upang mabuo ang pangungusap.

1.  ____ prutas ang nasa babaw ng sa.

2.  ____________ kaming magkakapatid


3.  kulay ng mga bulaklak ang aming binili.

4.  ______________ mga bata ang naglalaro sa palaruan.


5.  May _______________________ na punong nakatanim sa aming bukid.

## Gawain 5

Sumulat ng pangungusap sa bawat larawan gamit ang salitang naglalarawan sa kulay, hugis, laki, at bilang o dami. Gamitin ang sagutang papel.

1. 
2. 
3. 

# Modyul 9
# Kasama ang Aking Pamilya



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, magkaroon ng kamalayan sa pagsulat gamit ang mga mekaniks, at higit na malinang ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang mga salitang ginamit sa.

### Pantomime

| | |
|---|---|
| natutulog | nagwawalis |
| umaawit | kumakain |
| naglalakad | tumatakbo |
| sumasayaw | nagsusulat |
| nagtuturo | nagpupunas |

### Tandaan!



**Pandiwa** ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng kilos o galaw.

### Gawain 1

Tingnan ang ginagawa ng mga tao sa mga larawan. Gamitin ito nang wasto sa pangungusap. Gawin ito sa kuwaderno

1.  2.  3. 

___________ ___________ ___________

4.  5. 

___________ ___________

## Gawain 2

Pagmasdan ang larawan. Sumulat ng limang (5) pangungusap na nagsasaad ng ginagawa ng bawat isa. Gawin ito sa kuwaderno





**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

### Isang Okasyon

*Akda ni Grace Urbien-Salvatus*



Araw ng Sabado. Ito ang araw na pinakahihintay ni Waren. Naririnig niya ang kalansingan ng mga kasangkapan sa kusina. Abalang-abala ang kaniyang nanay Caring sa paghahanda ng pagkain. Maaga pa ay nagluluto na siya.



Sa bakuran naman ay naroon ang kaniyang tatay Dar at nag-aayos ng mga mesa at silya. Tinatalian din niya ng mga lobo ang bawat upuan. Ang kanyang ate Karen ay kasalukuyang inaayos ang pitong maliliit na kandila sa **cake**.

Maya-maya pa, nagsimula nang dumating ang mga bisita. Masayang-masaya si Waren!



**Kaalaman sa Literatura Paunlarin!**

Basahin ang mga pangyayari sa kuwento.

| **Pangyayari sa Kwento** | |
|---|---|
| Dahilan | Resulta |
| 1. Naghanada ang pamilya ni Waren sa kaniyang kaarawan. | 1.Masayang-masaya si Waren. |
| 2. Palakaibigan si Waren. | 2. Maraming dumating na bisita si Warenn. |

## Tandaan!

Tinatawag na **sanhi** ang mga dahilan ng mga pangyayari at **bunga** naman ang resulta ng mga pangyayari.

## Gawain 3

Pagtambalin ang sanhi at bunga ng mga pangyayari. Isulat ang letra ng wastong sagot sa kuwaderno.

1. May balat ng saging sa sahig.
2. Nag-aral ng aralin si Larry.
3. Naligo sa ulan si Karen.
4. Kumain si Dar ng maraming candy.
5. Nagdala ng payong si Nena.

a. Sumakit ang ngipin niya.
b. Nadulas si nanay.
c. Hindi siya nabasa ng ulan.
d. Nilagnat siya.
e. Nakasagot siya sa tanong ng guro.

## Gawain 4

Sa sagutang papel, isulat ang **S** kung tumutukoy sa sanhi at **B** kung sa bunga ng pangyayari.

1. a. Madumi ang mga ilog.
   b. Mamamatay ang mga isda.
2. a. Tinulungan ni Tuding ang kaniyang guro.
   b. Nagpasalamat ito sa kaniya.
3. a. Sumali siya sa paligsahan sa pag-awit.
   b. Mahusay siyang umawit.
4. a. Nagsasanay lagi siyang magbasa.
   b. Matutuwa ang kaniyang guro.
5. a. Baha sa mga kalsada.
   b. Walang tigil ang pag-ulan.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang sumusunod na pangungusap na hango sa kuwentong binasa

a. Naririnig ni Waren and kalansingan ng mga kagamitan sa kusina.
b. Maaga pa ay nagluluto na si aling Caring.
c. Nag-aayos ng mga silya at mesa si Mang Dar.

**Tandaan!**

May mga pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap.

a. Gumamit ng malaking letra sa unahan ng pangugusap.
b. Gumamit din ng tamang bantas sa hulihan ng pangungusap.
c. Isulat ang mga salita nang may tamang espasyo.

## Gawain 5

Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang mga ito nang wasto gamit ang malaking letra, tamang espasyo ng mga salita, at bantas. Gawin ito sa kuwaderno.

1. magsanay sumulat nang maayos

______________________________________

2. burahin nang maayos kung nagkamali sa pagsulat

______________________________________

3. isulat nang wasto ang mga letra at salita

______________________________________

4. iwasang mag-aksaya ng papel o pahina ng notbuk


______________________________________

5. maging malinis sa pagsulat

______________________________________

MTB-MLE

# Kuwarter 2




# Ako at ang aking Pamilya

# Modyul 10
# Gawain ng Pamilya



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan tungkol sa gawain ng kaniyang pamilya, mapagyaman ang kaniyang kamalayaan sa gramatika sa pagkilala ng mga salitang kilos na nagawa na, at mapaunlad ang kaniyang kasanayan sa pag-unawa sa binasa, pagbaybay, pagbuo, at pagsulat upang magamit ito sa pagbubuo ng sariling teksto, talata, o kuwento.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang mga pangungusap.

1. Dumalaw ako sa aking lolo at lola noong nakaraang bakasyon.

2. Nagdilig si kuya ng mga halaman kaninang umaga.

3. Ang mga guro ay nagtanim ng mga puno kahapon.

### Tandaan!


Pandiwa ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng kilos o galaw.

May mga pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na **ginawa na**. May mga salitang nagpapahiwatig kung ang pandiwa ay **ginawa na** katulad ng:

| | |
|---|---|
| kahapon | kagabi |
| kanina | noong nakaraan |

### Gawain 1

Salungguhitan ang pandiwang ginamit sa pangungusap. Iguhit ang masayang mukha kung ginawa na at malungkot na mukha kung hindi. Gawin ito sa iyong notbuk.



1. Naghugas ako ng mga pinggan kagabi.

2. Namamalengke si nanay araw-araw.

3. Bukas ay mamamasyal kami sa parke.

4. Inayos ni Daren ang nasirang bakod kaninang umaga.

5. Sasamahan ko mamaya si ate sa kaniyang silid.

## Gawain 2

Sumulat ng isang talata tungkol sa ginawa mo noong nakaraang bakasyon gamit ang mga pandiwang nagsasaad ng kilos na ginawa na. Pansinin ang tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, wastong bantas, tamang pasok ng unang pangungusap, at anyo ng iyong talata.

Gawin ito sa iyong kuwaderno.

### Noong Nakaraang Bakasyon




## Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!

Unawain ang mga salitang nasa ibaba upang lubos na maunawaan ang bagong kuwento.




**hitik na hitik**
Hitik na hitik sa bunga ang puno ng niyog.



**nakapaskil**
Ang bulaklak na yari sa tangkay ng niyog ay nakapaskil sa dingding ng bahay.



**hapag kainan**
May mga pagkain sa hapag kainan. Dito kumakain nang sabay-sabay ang mag-anak.



**sinukmani**
Nagluto si lola ng malagkit na bigas na may gata at asukal. Binudburan niya sa ibabaw nito ng latik ng niyog. Masarap siyang magluto ng sinukmani.



**niyugan**
Ipinasyal ni lolo si Carlo sa niyugan. Maraming puno ang niyugang kaniyang nakita.

## **Puno ng Buhay**

*Akda ni Grace Urbien-Salvatus*



Isang bakasyon, umuwi sa Quezon ang pamilya Reyes.Nakita nila ang maraming tanim na niyog sa daan. Hitik na hitik sa bunga ang mga ito. "Ang mga iyan ay tinatawag na puno ng buhay," sabi ni Mang Herman kay Carlos habang itinuturo ang mga puno ng niyog.

"Bakit po tinawag na puno ng buhay ang niyog, tatay?" tanong ni Carlos sa kaniyang tatay."Mamaya mo na sagutin iyan at bababa na tayo," sabi naman ni Aling Marina. "Matutuwa ang iyong Lolo Mario at Lola Anselma sa ating pagdating," dagdag pa nito.

Pagpasok pa lamang nila sa bakuran ay napansin na ni Carlos ang bakod na yari sa kahoy ng niyog.

Napansin din niya na ang bahay pala ay yari din sa niyog.

Ang hagdan, sahig, dingding, poste, at maging ang mesa at mga upuan ay yari sa kahoy ng niyog.

Ang bintana at bubong naman ay yari sa dahon ng niyog. Nakita din niya ang nakapaskil

na bulaklak na yari sa tangkay ng niyog at ang dahon naman ay yari sa palapa nito.  "Kumain muna kayo at magpahinga sandali," sabi ni Lola Anselma habang nagmamano ang mga bagong dating. Sa hapag kainan ay  may nakahandang buko juice,  buko salad at sinukmani.  "Ipapasyal ko ang aking apo mamaya sa niyugan," masayang sabi naman ni Lolo Mario. Napangiti si Carlos. Ngayon ay alam na niya kung bakit tinawag na puno ng buhay ang niyog.



**Kaalaman sa Literatura, Pagyamanin!**

| | |
|---|---|
| **Pamagat** | **Puno ng Buhay** |
| **Tauhan** | **Carlos, Mang Herman, Aling Marina, Lolo Mario, Lola Anselma** |
| **Tagpuan** | **Quezon** |
| **Pangyayari** | **Isang bakasyon, umuwi ang pamilya Reyes sa Quezon. Maraming puno ng niyog sa daan. Sinabi ni Mang Herman kay Carlos na ang niyog ay puno ng buhay. Naghanda si Lola Anselma ng pagkaing mula sa produkto ng niyog. Ang bahay at mga gamit nina Lolo** |
| | **Mario at Lola Anselma ay gawa rin sa niyog.  Ipinasyal ni Lolo Mario si Carlos sa kaniyang niyugan.** |

**Tandaan!**

May elemento ang kuwento. Ang **Tauhan** ay ang gumaganap sa kuwento.

Ang **tagpuan** ay ang lugar kung saan naganap ang kuwento.

Ang mga **pangyayari** ay ang mga naganap sa kuwento.

**Pagbasa at Pagsulat,**

**Gawain 3**

Basahin ang maikling kuwento. Isulat sa sagutang papel ang tauhan, tagpuan, at mga pangyayari nito.

**Araw ng Pamilya**

*Akda ni Virginia C. Lizano*

Tuwang –tuwang pinanonood nina Tatay Julios at Nanay Malyn sina Luisa at Jeus na Naglalaro sa parke. Naghabulanang magkapatid. Nagpadausdos sila sa **slide**. Sumakay din sila sa duyan at **seesaw**. Walang pasok kaya nagkaroon sila ng mahabang oras para ipasyal ang mga bata. Nang mapagod ay masayang nagsalo salo ang pamilya Villenes sa pagkaing inihanda ni Nanay Malyn.

Tauhan: ___________________________

Tagpuan: __________________________

Mga Pangyayari: ___________________



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

Basahin nang papantig na baybay ang mga salita. Ipalakpak ang kamay ayon sa baybay at bilis ng pagbasa sa salita.

umuwi  bakasyon nakita  bakuran
pagdating kahoy  napansin  niyog
nakapaskil  hagdan    magpahinga bubong
ipapasyal  bulaklak   napangiti  tangkay
nakahanda upuan  tinawag  niyugan


### Gawain 4

Tingnan ang bawat larawan. Bigkasin ang ngalan nito nang papantig na baybay. Isulat ang tamang baybay nito sa sagutang papel.






1. ________  2. ________  3. ________



4. __________  5. _________

# Modyul 11

# Katangian ko, Karangalan ng Aking Pamilya



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, mapagyaman ang iyong kamalayan sa gramatika sa pagkilala ng mga pandiwang ginagawa pa; at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa, pagbaybay,pagbuo, at pagsulat upang magamit ito sa pagbubuo ng sariling teksto, talata, o kuwento.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang tugma.

### Batang Huwaran

*Akda ni Grace Urbien-Salvatus*

Araw-araw ay pumapasok sa paaralan
Nakikibahagi sa mga talakayan
Tuwing hapon, takdang aralin ay sinasagutan
Pagsusulit ay pinaghahandaan
Gawain ng batang huwaran.

Basahin ang mga pangungusap na naglalahad ng mga gawain.

1. Araw-araw siyang pumapasok sa paaralan.
2. Tuwing hapon ay nagbabasa siya ng kaniyang mga aklat.
3. Isinasaulo niya ngayon ang awit.

### Tandaan!

**Pandiwa** ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng kilos o galaw.

May mga pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na **ginagawa pa**.

May mga salitang nagpapahiwatig kung ang pandiwa ay **ginagawa pa** katulad ng:

palagi araw-araw ngayon
kasalukuyan tuwing ...

## Gawain 1

Kilalanin ang pandiwang ginamit sa bawat pangungusap. Lagyan ng tsek (   ) kung ito ay ginagawa pa, at ekis (x) kung hindi. Gawin ito sa kuwaderno.

_____ 1. Si Fe ay nagsusulat ngayon.
_____ 2. Palaging tumutulong si Nena sa gawaing bahay.
_____ 3. Araw-araw akong kumakain ng prutas.
_____ 4. Nagdilig ako ng mga halaman kahapon.
_____5. Namasyal kami sa Antipolo noong Linggo.

## Gawain 2

Tingnan ang bawat larawan. Sumulat ng pangungusap tungkol sa ginagawa ng nasa larawan. Isulat ang sagot sa kuwaderno.


1. _______


2. _______



3. _______


4. _______


5. _______

## Gawain 3

Sumulat ng isang talata tungkol sa iyong palaging ginagawa sa araw-araw sa loob ng isang linggo.

Simulan ang iyong ginagawa tuwing Linggo hanggang Sabado.

Gamitin ang iyong kaalaman sa mga pamantayan sa pagsulat ng talata na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, wastong bantas, tamang pasok ng unang pangungusap ng talata, at anyo.

Ang mga Palagi kong Ginagawa sa Loob ng Isang Linggo

Tuwing Linggo, ________________________________

_____________________________________________



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Pag-aralan ang mga salita sa ibaba. Unawain ang ibig sabihin nito ayon sa pahiwatig ng pangungusap.

**huwaran**

Taglay ni Glenda ang mga katangiang dapat gayahin ng isang bata kaya siya ay isang huwaran.

**talakayan**

Pinag-uusapan ng guro at mga mag-aaral ang tungkol sa kanilang aralin. Naging masigla ang kanilang talakayan

**isinasaulo**

Isinasaulo ni Glenda ang awit. Kaya na niya itong awitin na hindi nakatingin sa kaniyang kopya.

**recitation**

May **recitation** kami bukas. Tatawag ang aming guro ng batang aawit sa harap ng klase.



**Huwarang Mag-aaral**

*Akda ni Nympha L. Reyes*

Si Glenda ay isang huwarangmag-aaral.Sa katunayan, siya ang nagunguna sa kanilang klase sa ikalawang baitang. Araw-araw siyang pumapasok sa paaralan. Palagi siyang nakikinig sa kaniyang guro at nakikibahagi sa mga talakayan at pangkatang gawain. Tuwing hapon ay nagbabasa siya ng kaniyang mga aklat. Palagi din niyang ginagawa ang kaniyang takdang aralin. Kagaya ngayon, isinasaulo niya ang awit ayon sa pagkakasunod-sunod ng araw sa isang linggo. " Linggo, Lunes, Martes, Miyerkules, Huwebes, Biyernes, Sabado," awit nito habang ipinapalakpak niya ang kaniyang kamay at iginagalaw ang kaniyang ulo pakaliwa at pakanan. Nagsasanay siya para sa kanilang **recitation** bukas.

**Tandaan!**

Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pag-aaral sa kahulugan ng mga salitang ginamit, pagtukoy sa tauhan, at pagsasalaysay muli sa detalye ng kuwento.



## Kaalaman sa Literatura, Pagyamanin!

Basahin ang mga salita.

| | | |
|---|---|---|
| dyaket | dram | trumpo |
| globo | braso | gripo |
| dyaryo | drayber trak | |
| Gloria | Brenda | grasa |
| dyanitor | drama | traysikel |
| grado | | |

### Tandaan!

**Kambal katinig** ang tawag sa mga salitang mayroong dalawang katinig na magkasama sa isang pantig.

Halimbawa:

prito klase grado

### Gawain 4

Basahin ang mga pangungusap. Sipiin sa sagutang papel ang mga salitang may kambal katinig.

1. Panalo kami sa palaro kaya't kami ay may premyo.
2. Malayo pa ay maririnig na ang busina ng tren.
3. Malamig ang klima sa kabundukan.
4. Mahilig kumain ng tsokolate si Nene.
5. Ang plastic ay kabilang sa di-nabubulok na Basura



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

Basahin ang mga salitang may kambal katinig at ang wastong pagbaybay ng mga ito.

| | |
|---|---|
| dyaket (dya-ket) | dram (dram) |
| trumpo (trum-po) | globo (glo-bo) |
| braso (bra-so) | gripo (gri-po) |
| dyaryo (dyar-yo) | drayber (dray-ber) |
| trak (trak ) | Gloria (Glo-ria) |
| Brenda (Bren-da) | grasa (gra-sa) |
| dyanitor (dya-ni-tor) | drama (dra-ma) |
| traysikel (tray-si-kel ) | |

### Tandaan!

Binabasa ang mga salitang may kambal katinig nang papantig na baybay at may wastong diin sa pantig nito. Binabasa ang tunog nito nang iisa at madulas ang pagbasa nito.


Isinusulat ang mga pangungusap nang may wastong pagitan ang mga salita, paggamit ng malaking letra sa simula ng pangungusap, at paggamit ng wastong bantas sa hulihan nito.

**Gawain 5**


Tingnan ang bawat larawan. Bigkasin ang ngalan nito nang papantig na baybay. Isulat ang tamang baybay nito sa sagutang papel.



1. __________




2. __________



3. __________



4. __________



5. __________

## Gawain 6

Mag-isip ng limang salitang may kambal katinig. Iguhit ang larawan nito. Isulat ang kahulugan nito, at gamitin ito sa pangungusap. Tingnan ang halimbawa. Gawin ito sa kuwaderno.

| **Salitang may kambal katinig** | **Larawan** | **Kahulugan** | Pangu-ngusap |
|---|---|---|---|
| **Plantsa** |  | Kagamitan sa bahay, umiinit kapag isinaksak sa kuryente, pampaalis ng gusot ng damit | Maayos ang aking damit dahil gumamit si nanay ng plantsa |

# Modyul 12
# Pagtutulungan ng Pamilya




Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng hinuha sa posibleng katapusan ng kanilang binasa, pagsusunod-sunod ng pangyayari, at mapagyaman ang kanilang kaalaman sa gramatika upang magamit ang mga ito sa pagbuo

at pagsulat ng sariling teksto, talata, o kuwento.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Lakbay diwa.



Gamit ang imahinasyon, ano ang gagawin ng Yong pamilya kung pupunta kayo sa lagar na nasa larawan? Basahin ang mga pangungusap na hango sa ginawang lakbay-diwa.

1. Pupunta kami sa taniman ng dalanghita sa Sabado.
2. Bubunutin namin ang mga damo sa paligid ng mga pananim.
3. Pipitasin namin ang mga hinog na dalanghita.
4. Magtutulungan ang aming pamilya upang matapos ang gawain.

**Tandaan!**

**Pandiwa** ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng kilos o galaw. May mga pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na gagawin pa lamang.

May mga salitang nagpapahiwatig kung ang pandiwa ay gagawin pa lamang katulad ng: sa

darating na..., sa isang..., bukas, mamaya, sa susunod na ….

## Gawain 1

Piliin ang tamang pandiwa para mabuo ang pangungusap. Isulat ito sa kuwaderno.

1. Si Nene ay ( tumula, tumutula, tutula) mamaya sa palatuntunan.
2. (Nanalo, Nananalo, Mananalo) kaya siya sa paligsahan bukas?
3. Sa isang buwan ay (bumili, bumibili, bibili) kami ng sapatos.
4. Sa susunod na taon ay (lumipat, lumilipat, lilipat ) na kami ng tirahan.
5. (Pumasok, Pumapasok, Papasok) ka ba sa Lunes?

## Gawain 2

Isipin ang inyong gagawin sa susunod na Linggo. Sumulat ng limang pangungusap tungkol dito gamit ang mga pandiwang gagawin pa lamang. Gamitin ang pamantayan sa pagsulat ng mga pangungusap na napag-aralan na. Gawin ito sa kuwaderno.


Talaan ng aking gagawin sa susunod na Linggo

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________
5. ___________________________________________




## Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!

Pag-aralan at unawain ang mga salita.



**dalanghita**
Mayaman sa bitamina C ang dalanghita.



**kaing**
Ang kaing ng dalanghita ay lulan ng paragos.

**linang**
May kubo kami sa linang. Nasa Baryo Bukal ito.

**pipitasin**
Hinog na ang mga dalanghita kaya pipitasin na ang mga ito.

**mag-aatag**
Kami ay mag-aatag sa paligid ng mga pananim upang mawala ang mga damo.

Basahin ang kuwento sa susunod na pahina nang tuloy-tuloy, may tamang damdamin, ekspresyon at paghahati ng mga salita.

### Anihan

*Akda ni Nimpha L. Reyes*

Panahon na ng anihan ng dalanghita kaya pupunta ang mag-anak ni Mang Leroy sa kanilang linang sa Sabado. Mayroon silang isang

kubo doon na malapit sa kanilang bukid. Mag-aatag muna sila upang malinis ang paligid ng taniman.

Pagkatapos mag-atag ay pipitasin naman nila ang mga hinog na dalanghita. Ilalagay nila sa kaing ang mga mapipitas nilang dalanghita. Isasakay nila ang mga kaing ng dalanghita sa isang paragos. Hihilahin ng kalabaw ang paragos papunta sa kanilang kubo. Dadalhin nila ang mga ito sa palengke kinabukasan.



**Kaalaman sa Literatura, Pagyamanin!**

Basahin ang mga pangyayaring isinasaad ng bawat larawan.

|  |  |  |
| --- | --- | --- |
| Inilagay ni Tina ang mga bulaklak sa plorera | Inilagay ni Tina ang plorera ng bulaklak sa altar | Namitas si Tina ng mga bulaklak sa sa hardin |

**Tandaan!**

Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ayon sa detalye ng kuwento at sa tulong ng mga larawan.

**Gawain 3**

Basahin ang mga pangyayari. Pagsusunod-sunurin ang mga ito gamit ang bilang 1-5. Gawin ito sa kuwaderno.

_____a. Hininaan niya ang apoy para ma-in-in ang kanin.
_____ b. Hinugasan ni Tibang ang bigas nang mabuti.
_____ c. Kumuha si Tibang ng tatlong takal na bigas.
_____ d. Hinayaan niyang kumulo ang tubig hanggang sa makati ito.
_____ e. Nilagyan niya ang bigas ng tatlong takal na tubig.

**Gawain 4**

Isipin ang mga paraan ng wastong paliligo. Lagyan ng bilang 1-5 ang mga paraan ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga ito. Gawin ito sa kuwaderno.

_____ a. Banlawang mabuti ang katawan at ang buhok.
_____ b. Buhusan ang buong katawan ng tubig.
_____ c. Tuyuin ang sarili gamit ang malinis na tuwalya.
_____ d. Sabunin ang katawan at lagyan ng shampoo ang buhok.
_____ e. Maghilod ng katawan gamit ang bimpo.



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

Basahin ang mga pangyayari sa kuwentong "Anihan". Pansinin ang ayos ng mga pangungusap sa kuwento.

Mag-aatag muna ang pamilya ni Mang Leroy upang malinis ang paligid ng taniman. Pagkatapos mag-atag ay pipitasin naman nila ang mga hinog na dalanghita. Ilalagay nila sa kaing ang mga mapipitas nilang dalanghita. Isasakay nila ang mga kaing ng dalanghita sa isang paragos. Hihilahin ng kalabaw ang paragos papunta sa kanilang kubo.

### Tandaan!

Basahin ang mga kuwento o talata nang may wastong diin, intonasyon, paghinto, at pagsunod sa mga bantas.

Isinusulat o sinisipi ang mga kuwento o talata nang may wastong espasyo ng mga salita, tamang paggamit ng malaking letra, wastong bantas, at tamang pasok ng unang pangungusap nito.

# Modyul 13
# Pagmamalasakit sa Pamilya



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan; mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng hinuha sa posibleng katapusan ng kanilang binasa, pagsagot sa literal at mas mataas na antas ng pagtatanong; at mapagyaman ang kanilang kaalaman sa gramatika upang magamit ang mga

ito sa pagbuo at pagsulat ng sarili nilang teksto, talata o kuwento.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Basahin ang mga pangkat ng salitang nagsasaad ng kilos.

| A | B | C |
|---|---|---|
| Kumakain | sumakit | uubusin |
| Nanonood | narinig | papasok |

**Tandaan!**

**Pandiwa** ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng kilos o galaw. Ang pandiwa ay may tatlong panahunan:

| ginawa na | ginagawa pa | gagawin pa lamang |
|---|---|---|
| **kumain** | **kumakain** | **kakain** |
| **nanood** | **nanonood** | **manonood** |
| **umalis** | **umaalis** | **aalis** |

**Gawain 1**

Punan ng tamang pandiwa ang patlang upang mabuo ang talaan ayon sa panahunang nakatala. Tingnan ang halimbawa. Gawin ito sa

| ginawa na | ginagawa pa | gagawin pa lamang |
|---|---|---|
| Nagwalis | Nagwawalis | Magwawalis |

| | | |
|---|---|---|
| Umawit | umaawit | |
| | | |

| ginawa na | ginagawa pa | gagawin pa lamang |
|---|---|---|
| umalis | umaalis | aalis |
| naglaro | | maglalaro |
| | sumasayaw | sasayaw |
| tumula | | tutula |
| kumain | kumakain | |

## Gawain 2

Bilugan ang tamang pandiwa sa loob ng panaklong upang mabuo ang pangungusap. Gawin ito sa kuwaderno.

1. Tuwing Linggo ay (**pumunta, pumupunta, pupunta**) kami sa parke.
2. (**Namasyal, Namamasyal, Mamamasyal** ) ang pamilya Renon sa Batangas sa darating na bakasyon.
3. Si Maricel ay ( **naglinis, naglilinis, maglilinis**) ng bakuran kaninang umaga.
4. Palagi siyang (**sumunod, sumusunod, susunod**) sa paalala ng kaniyang ina.
5. ( **Nag-aral, Nag-aaral, Mag-aaral**) ka ba ng iyong aralin araw-araw?



**Hiwaga ng Panitikan,**
**Tuklasin!**
Pag-aralan at unawain ang talasalitaan.



Telebisyon



Isang kahon ng tsokolate

**pasalubong**

May pasalubong ang nanay na tsokolate. Dala niya ito pagkagaling sa opisina.

**paalala**

Paalala o bilin ng kaniyang ina na hindi uubusin ang isang kahon na tsokolate.

**waring walang narinig**

Waring walang narinig sina Melody at Herman. Patuloy pa rin silang kumakain ng tsokolate.

## Ang Paalala ni Nanay

*Akda ni Raymond C. Francia*



Kumakain ng tsokolate sina Melody at Herman habang nanonood ng telebisyon

isang gabi. Pasalubong ito ng kanilang nanay pagdating niya galing sa opisina noong hapong iyon."Huwag ninyong uubusin lahat ang laman ng isang kahon ng tsokolate at baka sumakit ang inyong ngipin. Magsipilyo din kayo bago matulog," paalala ng kanilang nanay. Waring walang narinig sina Melody at Herman.



Kinabukasan, papasok na sana sila sa paaralan ng halos sabay na hinawakan nila ang kanilang pisngi. "Aray!" ang sabi ni Melody. "Nanay!" ang tawag naman ni Herman sa kanilang nanay.

**Gawain 3**

Basahin at unawain ang kuwento.

**Ang Susi sa Tagumpay**

*Akda ni Violeta U. Esteban*

Bata pa lamang si Grace ay kinakitaan na siya ng pagiging masipag at matiyaga. Ibinubuhos niya ang lahat ng kaniyang makakaya sa lahat ng kaniyang gawain. Siya na ang inaasahan ng kaniyang magulang sa mga gawaing bahay

habang sila ay abala sa paghahanapbuhay upang sila ay may pantustos sa araw-araw nilang pangangailangan.

Dahil sa hirap ng kanilang buhay, napilitan siyang pumunta sa Maynila. Pinag-aral siya ng Sekondarya ng kaniyang tiya doon. Mahirap din ang kanilang pamilya kaya't kinailangan niyang tumulong sa kanila. Naging suliranin niya kung paano siya makakatapos ng kolehiyo. Pangarap pa mandin niya na maging isang guro. Naglakas loob siyang kausapin ang kaniyang tiyo na nakapangasawa ng taga-Quezon na tustusan ang kaniyang pag-aaral. Malapit lang kasi ang paaralan ng kolehiyo sa kanilang bahay.

Madaling araw pa lamang ay gumigising na siya upang gawin ang mga gawaing bahay. Pagkatapos ng lahat ng kaniyang gawain ay nagbabasa-basa naman siya ng mga aklat. Tuwing ika-apat ng hapon pa kasi ang kaniyang pasok hanggang ika-walo ng gabi. Pinaplano niyang mabuti ang kaniyang mga gawain sa paaralan at sa bahay upang magampanan niya pareho ang mga ito nang maayos. Tuwang-tuwa ang kaniyang tiyo dahil nakatapos siya bilang guro na may gintong medalya.

Bilang isang guro, ginampanan niya ang kaniyang sinumpaang tungkulin sa pamamagitanng pagtuturo nang may dedikasyon at may puso. Dahil sa kaniyang hindi matatawarang kontribusyon sa edukasyon, ginawaran siya bilang isa sa mga "Natatanging Guro" ng bansa.

Sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Sino ang binabanggit sa lathalain?
   a. Si Grace b. ang nanay b. Tiyo
2. Ano-ano ang taglay niyang katangian mula pagkabata?
   a. Mabait at palakaibigan
   b. Masipag at matiyaga
   c. Masunurin at mapagbigay
3. Bakit siya na ang inaasahan sa mga gawaing bahay ng kaniyang magulang
   a. Walang kakayahan ang kaniyang magulang sa paggawa.
   b. Lumpo ang kaniyang magulang.
   c. Abala ang kaniyang magulang sa paghahanapbuhay.
4. Saan siya nag-aral ng sekondarya?
   a. sa Quezon b. sa Maynila c. sa Bicol
5. Ano ang kaniyang naging suliranin?
   a. Kung paano siya makakatapos ng kolehiyo
   b. Kung paano niya gagawin ang mga gawaing bahay
   c. Kung paano siya luluwas sa Maynila
6. Paano niya ito nabigyan ng solusyon?
   a. Humingi siya ng pera sa kaniyang tiyo
   b. Kinausap niya ang kaniyang tiyo na tustusan ang kaniyang pag-aaral
   c. Nagtrabaho siya sa isang tindahan
7. Kailan siya pumapasok sa kolehiyo?
   a. Tuwing ika-apat hanggang ikawalo ng gabi
   b. Tuwing ika-pito hanggang ikaapat ng hapon

c. Tuwing ika-isa hanggang ikaapat ng hapon

8. Bakit tuwang-tuwa ang kaniyang tiyo?
   a. Nagawa niya nang maayos ang kaniyang gawain
   b. Pumapasok siya naang naglalakad lamang
   c. Nakatapos siya bilang guro na may gintong medalya
9. Bakit siya ginawaran na isa sa mga "Natatanging Guro" ng bansa?
   a. Dahil sa kaniyang di matatawarang kontribusyon sa edukasyon.
   b. Ginampanan niya ang kaniyang sinumpaang tungkulin sa pamamagitan ng pagtuturo nang may dedikasyon at may puso
   c. Dahil sa kombinasyong sagot sa A at B.
10. Bilang isang bata, paano mo tutularan si Grace?
   a. Kukuha rin ng kurso sa pagka-guro pagdating sa kolehiyo
   b. Sisikaping isaisip, isapuso at isabuhay ang mga natatanging katangian para maging susi ng tagumpay
   b. Sa Maynila at Quezon din mag-aaral



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

**Tandaan!**

Nakabubuo ng kuwento sa pamamagitan ng paggamit ng sariling karanasan batay sa kuwentong nabasa. Isinusulat ito gamit ang pamantayan sa

pagsulat at binabasa ito nang may wastong bigkas, diin, wastong paghinto, at pagsunod sa bantas.

## Gawain 4

"**Brainstorming Activity**". Bumuo ng isang talata. Pumili sa mga nakatalang paksa. Paligsahan sa______(Pagtula/Pag-awit/Pagsayaw/Quiz Bee/Pagguhit )

Mga gabay na tanong sa pagbubuo ng inyong talata.

a. Ano ang sinalihang paligsahan?
b. Ano-ano ang ginawa ninyong paghahanda para sa paligsahan?
c. Ano ang mga pangyayari sa araw ng paligsahan?
d. Ano ang resulta ng paligsahan?
e. Kung kayo ay panalo, ano ang inyong pakiramdam at ano ang ginawa ninyo pagkatapos?
f. Kung kayo ay natalo, paano ninyo ito tinanggap at ano ang ginawa ninyo pagkatapos?

# Modyul 14
# Musika ng Bayan Ko



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, magkaroon ng kamalayan sa mga sariling awitin, mapagtibay ang kanilang kaalaman sa mga elemento ng tula, at higit na malinang ang kasanayan sa pagbasa, pagbaybay, at pagsulat.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Bigkasin ang tula.

### Sariling Awit Tangkilikin

*Katha ni Grace Urbien-Salvatus*

Sariling awit ay tangkilikin
Taglay nito ang kultura natin
Mga liriko nito'y malinaw na bigkasin
Awitin ito nang buong damdamin.

CALABARZON March ating ipagmalaki
Nagmula dito ang maraming bayani
Pagkakaisa ang laging mithi
Pag-unlad ng kabataan ang inuuna lagi.

### Tandaan!

**Salitang magkatugma** ang tawag sa mga salitang magkapareho ang tunog sa huling pantig.

### Gawain 1

Basahin ang tula/tugma. Punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo ang saknong nito. Gawin ito sa kuwaderno.

| | |
|---|---|
| tinaniman | nagtutulungan |
| ligtas | maiwasan |

**Sa Aming Lalawigan**

*Akda ni Violeta U. Esteban*

Dito sa aming lalawigan
Lahat kami'y __________
Paligid ay nalilinisan
Upang sakit ay _________.
"Gulayan", proyekto ng bayan
Bakanteng lote'y __________
Organikong gulay at prutas
Sa kemikal tiyak na ________.



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Basahin ang mga pangngalang pantangi.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Rizal | Cavite | Laguna | Batangas |
| Quezon | Antipolo | San Pablo | Cavite |
| Lucena | Calamba | Sta.Rosa | |
| Dasmariñas | Lipa | Tanauan | |

Basahin ang teksto ng awit nang tuloy-tuloy, may tamang damdamin, ekspresyon at paghahati ng mga salita.

**CALABARZON MARCH**

*Musika at Liriko ni Agapito N. Caritativo*

Dito sa Timog Katagalugan
Sumibol ang bagong pangalan
Ang kaunlaran kay bilis at masagana
Lahat kami'y may pagkakaisa
Sa mithiin ay sama-sama
Mabuhay ang CALABARZON

CALABARZON sa habang panahon

*Paningit-awit:*

Lalawigang Rizal, Cavite, Laguna,
Batangas, Quezon at mga lungsod pa
Antipolo, San Pablo, Cavite, Lucena
Batangas, Calamba, Sta. Rosa,
Dasmarinas Tanauan at Lipa
Hey, Hey!
Mga kawani ay tanging-tangi
Maglingkod ay laging gawi
Kaylan pa man sa Diyos ang aming lahi
Kabataan ay paunlarin
Ito ang unang layunin
Mabuhay ang CALABARZON
CALABARZON sa habang panahon
Mabuhay ang CALABARZON
CALABARZON sa habang panahon
Mabuhay!



**Kaalaman sa Literatura, Pagyamanin!**

Basahin ang unang saknong ng CALABARZON March.

Dito sa Timog Katagalugan
Sumibol ang bagong pangalan
Ang kaunlaran kay bilis at masagana
Lahat kami'y may pagkakaisa
Sa mithiin ay sama-sama
Mabuhay ang CALABARZON

CALABARZON sa habang panahon

**Tandaan!**

May mga elemento ang tula.

1. Ang **ritmo** ng tula ay nagsasabi kung ilang pantig ang isang taludtod. Ito ay may **malayang ritmo** kapag hindi pare-pareho ang bilang ng pantig sa bawat taludtod.
2. Ang **tugma ng tula** ay bilang ng salitang magkatugma na ginamit sa bawat saknong.

**Isahang tugma**
– iisa ang tugmang ginamit sa isang saknong.

**Dalawahang tugma**
– mayroong dalawang pares na tugmang ginamit sa isang saknong.

**Tatluhang tugma**
– mayroong tatlong pares na tugmang ginamit sa isang saknong.

**Gawain 2**

Basahin ang ikalawang bahagi ng CALABARZON March nang may tamang tono at papantig na baybay . Tukuyin ang ritmo, tugma, at mga salitang magkatugma na ginamit. Gawin ito sa kuwaderno.

Lalawigang Rizal, Cavite, Laguna,
Batangas, Quezon at mga lungsod pa
Antipolo, San Pablo, Cavite, Lucena,
Batangas, Calamba, Sta. Rosa,

Dasmarinas, Tanauan at Lipa.

Ritmo ng awit: ___________________________

Tugma ng awit:_________________________

Mga salitang magkatugma:________________________

**Gawain 3**

Basahin ang ikatlong bahagi ng CALABARZAON March nang may tamang tono at papantig na baybay. Tukuyin ang ritmo, tugma, at mga salitang magkatugma na ginamit. Isulat ang sagot sa iyong notbuk.

Mga kawani ay tanging-tangi
Maglingkod ay laging gawi
Kaylan pa man sa Diyos ang aming lahi
Kabataan ay paunlarin
Ito ang unang layunin
Mabuhay ang CALABARZON
CALABARZON sa habang panahon

Ritmo ng awit: ___________________________

Tugma ng awit:_________________________

Mga salitang magkatugma:_______________________



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

**Tandaan!**

Basahin nang papantig na baybay ang mga salitang may mahahabang pantig.

Ang unang letra ng mga pangngalang pantangi ay isinusulat sa malaking letra.

# Modyul 15
# Tungkulin ko Bilang Kasapi ng Pamilya



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan sa pakikipagtalastasan, maitanim sa isipan ang tamang pagbasa at pagsulat ng mga pangungusap gamit ang wastong bantas at mga salitang naglalarawan na tumutukoy sa katangian ng tao, bagay, hayop, at pook.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

### Tandaan!

**Pang-uri** ang tawag sa mga salitang naglalarawan sa tao, hayop, bagay at lugar. Ito ay nagsasaad ng katangian, kulay, hugis, bilang o sukat.

### Gawain 1

Isulat ang pang-uri sa bawat pangungusap. Gawin ito sa kuwaderno.

_____ 1. Ang mga bata ay masayang naglalaro sa palaruan.

_____ 2. Malaki ang alaga niyang kabayo.

_____ 3. Lima kaming magkakapatid.

_____ 4. Ang hapag-kainan nina Ted ay bilog.

_____ 5. Malamig ang klima sa Bagiuo.

### Gawain 2

Tukuyin ang pang-uri sa bawat pangungusap. Isulat kung ito ay nagsasaad ng katangian, kulay, hugis, bilang o sukat. Gawin ito sa kuwaderno.

1. Makitid ang tulay na kanilang dinadaanan.
2. May pasalubong na limang bayabas si kuya kay bunso.
3. Masipag ang magkakapatid sa mga gawaing bahay.
4. Maputi na ang buhok ng aking lola.
5. Ang nabili niyang mangga ay berdeng-berde pa.



**Hiwaga ng Panitikan,**
**Tuklasin!**

## Ang Kahon

*Akda ni Rianne P. Tiñana*



Kargador sa piyer ang masipag na tatay ni Kibalon kaya't lumaki siyang napaliligiran ng iba't ibang kahon na iniipon ng kaniyang tatay para ipagbili. Ang mga malalaki at maliliit na kahong ito ang naging laruan niya sa kaniyang paglaki sa bahay nilang parang kasing laki din ng kahon. Ngunit hindi nawalan ng pag-asa ang tatay niya. Buo sa loob nitong iahon sa hirap ang kanilang pamilya, nagsikap itong makapunta sa malayong bansa upang maghanapbuhay.

Nakarating sa malayong bansa na may malalaki at maliliit na hayop si Mang Karling. Parang himala, nakalasap si Kibalon ng kaginhawahan nang makapagtrabaho sa malayong bansa ang kaniyang tatay. Ang mga kahong walang laman na dati niyang laruan ay napalitan ng iba't ibang kamangha-manghang kahon na padala ng tatay niya. Mahal na mahal at labis na ipinagmamalaki ni Kibalon ang kaniyang tatay. Nagsikap siya upang masuklian ang paghihirap na tinitiis nito para magkaroon lamang sila ng maginhawang buhay.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang mga pangungusap.

1. Masipag si Mang Karling.
2. Ang kalabaw ay may maitim na balat.
3. Ang kahon ay parisukat.
4. Maraming bulaklak sa hardin.
5. Malawak ang kanilang palayan

## Tandaan!

Basahin nang wasto at may kahusayan ang mga pangungusap.

## Gawain 3

Basahin ang mga pangungusap. Tukuyin ang salitang naglalarawan. Tukuyin kung ang inilalarawan nito ay kulay, hugis, sukat o bilang.

1. Matataas ang mga puno sa parke.
2. Malakas ang tawanan ng tatlong bata habang sila ay naghahabulan.
3. Mahaba ang ahas na nakita sa kanilang harapan.
4. Ang kanyang kuko ay hugis biluhaba.
5. Si Nenita ay may morenang balat

## Gawain 4

## Ang Barangay Briones

*Akda ni Rianne P. Tiñana*

Ang Barangay Briones ay isang tahimik na lugar. Masayahin ang mga tao dito. May alaga silang mga hayop, may malalaki, maliliit, at malulusog. Sa pagsapit ng kanilang masayang kapistahan, maraming mga tao ang pumupunta sa barangay na ito. Kumukuha sila ng mga mahahabang kawayan at kinakayas ito. Nilalagyan nila ang mga ito ng mga palamuti at banderitas.

## Tandaan!

May mga pamantayan o mekaniks sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap katulad ng wastong gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, at wastong bantas.

## Gawain 5

Sipiin ang mga pangungusap sa kuwaderno nang may wastong gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, at wastong bantas.

1. May dalang sampung mangga si Kuya Ramon.
2. Ang aming upuan ay pabilog.
3. Si Ate Lisa ay may kayumangging balat.
4. Sa aming bayan sa Lucban ipinagdiriwang ang masaya at makulay na kapistahan ng Pahiyas.

5.  Mahaba ang kanyang itim na buhok.

## Gawain 6

Tingnan ang bawat larawan. Sumulat ng payak  na pangungusap gamit ang pang-uri na naglalarawan sa kulay, hugis, sukat, at bilang.

1. 

2. 

3 

4. 

# Modyul 16
# Pangangalaga sa Kapaligiran




Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan sa pakikipagtalastasan, maitanim sa isipan ang tamang pagsulat at pagbasa gamit ang wastong bantas at ng mga salitang naglalarawan na naghahambing sa katangian ng tao, bagay, hayop, at pook.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang kuwento.

### Ating Kapaligiran, Mahalin at Pagyamanin!

*Akda ni Rianne Pesigan-Tiñana*

Pinakamarami ang tanim sa bakuran ni Aling Rosalie sa kanilang magkakapitbahay sapagkat masipag siyang magtanim. Pinakamarami ang mga halamang namumulaklak.Madaming prutas at gulay ngunit mas madami ang  malalaking halamang hindi namumulaklak. May mga puno ng abokado, santol, mahogany at pinakakaunti ang punong mangga. Ang kanyang maghapon ay inilalaan niya sa pag-aalaga sa mga tanim sapagkat alam niyang nakabubuti ito sa kapaligiran. Nagdudulot ng  mas sariwang hangin ang maraming puno kaysa sa iyong kakaunti lamang. Isa pang magandang dulot ng kanyang mga tanim ay ang dagdag na kita kapag naipagbibil niya ang mga halamang namumulaklak. Maging ang alaga niyang aso ay kasama niya sa pag-alaaga ng kanyang mga tanim.

### Tandaan!

Ang mga **pang-uri** ay ginagamit sa paghahambing. Gumagamit ng katagang **mas** kapag naghahambing sa dalawang (2)pangngalan.

Gumagamit ng katagang **pinaka** kapag may tatlo o higit pang inihahambing na pangngalan.

Walang mga katagang **mas** o **pinaka** sa pang-uri kapag iisa lamang ang inilalarawang pangngalan.

## Gawain 1

Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang ginamit na salitang naglalarawan sa sagutang papel.

1. Mas matangkad si Kuya Rico kaysa kay Ate Rizza.
2. Mas malaki ang dala kong bag kaysa sa iyo.
3. Malaki ang alagang pusa ni Carlota.
4. Masaya sa Lucban, Quezon kapag Pahiyas.
5. Pinakamalapad ang dalang patpat ni Francis sa kanilang magkakaibigan.

## Gawain 2

Tukuyin ang salitang naglalarawan at ang salitang inilalarawan nito. Isulat sa sagutang papel.

1. Tahimik sa aming nayon kaya doon ko gustong magbakasyon.
2. Pinakamahaba ang buhok ni Cora sa kanilang tatlo.
3. Mas malutong ang bayabas na berde kaysa sa dilaw.
4. Mas marami ang alaga niyang ibon kaysa sa aso.
5. Pinakamasaya ang ikapitong kaarawan ni Lorna sa lahat ng kayang kaarawan.



**Hiwaga ng Panitikan,**
**Tuklasin!**

Basahin ang diyalogo.

## Ang Magkaibigan

*Akda ni Rianne P. Tiñana*



Isang araw, habang naglalakad ang magkaibigang Minda at Karen, nagpalitan sila ng ilang impormasyon tungkol sa ilang bagay, lugar, hayop, at taong nakilala, napuntahan, at nakita nila.

Minda: Karen, alam mo ba, maganda pala ang tanawin sa Lucban, Quezon.

Karen: Pinakamataas naman sa lahat ng bundok sa Pilipinas ang Bundok Apo.

Minda: Tama!

Karen: Mabilis tumakbo ang kuneho, subalit mas mabilis ang tigre.

Minda: Tama ka nga!

Karen: Pinakamasipag si Lorna sa kanilang limang magkakapatid.

Minda: Talaga palang totoo ang sinasabi nila tungkol kay Lorna.

Karen: Ano naman ang gusto mong kainin?

Minda: Gusto ko ng bibingka, pero mas masarap ang puto bumbong. Ikaw ba?

Karen: Pinakagusto ko sa lahat ng pagkain ang dinuguan na may puto.

Minda: Masarap nga yun!

Karen: Halika na at umuwi na tayo. Baka hanapin na tayo ng mga magulang natin.

Minda: Oo nga, sige halika na.

Basahin nang may wastong paghinto, malakas at may kahusayan ang mga pangungusap.

1. Maganda ang tanawin sa Lucban, Quezon.
2. Mas mabilis tumakbo ang tigre kaysa sa kuneho.
3. Pinakamasipag si Lorna sa kanilang limang magkakapatid.
4. Malamig ang tubig na nakukuha sa balon.
5. Mas malaki ang batong nakita ni Carlito kaysa kay Carlita.

**Tandaan!**


Basahin nang may wastong paghinto, malakas, at may kahusayan ang mga pangungusap. Isinusulat ang unang letra nito na nagsisimula sa malaki at may tuldok pagkatapos ng pangungusap.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

## Gawain 3

Tingnan ang bawat larawan. Sumulat ng payak na pangungusap gamit ang tamang pang-uri para sa iisa, dalawa, at tatlo o mas marami pang pangngalan.

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

## Gawain 4

Sumulat ng payak na pangungusap gamit ng tamang pang-uri para sa mga larawan.

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

# Modyul 17
# Pagkakabuklod ng Pamilya




Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan; mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng hinuha sa posibleng katapusan ng binasa, pagsagot sa literal at mas mataas na antas ng pagtatanong; at mapagyaman ang kanilang kaalaman sa gramatika upang magamit ang mga ito sa pagbuo at pagsulat


ng sariling teksto, talata, o kuwento.




**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Ilarawan ang nasa loob ng kahon.








Basahin ang mga pangungusap.


1. Ang lapis ay mahaba.
2. Mas mahaba ang ruler kaysa lapis.
3. Pinakamahaba ang meter stick sa tatlo.

**Tandaan!**

May kaantasan ang pang-uri.


**Lantay** – naglalarawan ng isang pangngalan o panghalip na walang pinaghahambingan.


Ang lapis ay mahaba.



**Pahambing** – naghahambing sa dalawang pangngalan o panghalip. Ginagamit ang **mas** at **kaysa** bilang pananda.

Mas mahaba ang ruler kaysa lapis.






**Pasukdol** – katangiang namumukod o nangingibabaw sa lahat ng pinaghahambingan. Ginagamit ang **pinaka** Bilang pananda.

Pinakamahaba ang **meter stick** sa tatlo

## Gawain 1

Tukuyin ang tamang kaantasan ng pang-uri sa loob ng panaklong.


1. (**Mataas**, **Mas mataas, Pinakamataas** ) ang puno ng Narra.
2. Ang pilandok ang (**maliit**, **mas maliit**, **pinakamaliit** ) na usa sa daigdig.
3. (**Makitid, Mas makitid**, **Pinakamakitid** ) na anyong tubig ang kipot.
4. Ang burol ay (**mababa**, **mas mababa**, **pinakamababa**) kaysa bundok.
5. Ang Luzon ang (**malaki**, **mas malaki**, **pinakamalaki** ) sa mga pulo sa Pilipinas.

## Gawain 2

Tingnan ang mga larawan. Sumulat ng pangungusap gamit ang wasto at angkop na kaantasan ng pang-uri sa sagutang papel.

1. 


2. 

3. 

4. 


5. 



**Hiwaga ng Panitikan,**
**Tuklasin!**
Pag-aralan at unawain ang talasalitaan.




**balikbayan**
Si Tita Marta ay isang balikbayan. Bumalik na siya sa Pilipinas mula sa ibang bansa.



**tinuto**
Masarap na ulam ang tinuto. Ito ay ginataang dahon ng gabi na may halong tuyo, karne o sardinas. Laing

ang tawag ng iba dito.



**pansit habhab**

Pagkaing sikat ang pansit habhab sa Lucban. Isa itong uri ng pansit na nakalagay sa dahon ng saging at hinahabhab kapag kinakain ito.



**senior citizen**

Ang isang tao ay kabilang na sa pangkat ng senior citizen pagsapit sa edad na 60 taong gulang.



**nagsasalo-salo**

Nagsasalo-salo ang mga bisita sa
handa ni Tita Marta. Sama-sama
silang kumain at nagkuwentuhan.



**nag-aabyad**

Si Tuding ang nag-aabyad sa mga bisita. Inaasikaso niya ang
mga ito nang maayos.

Basahin mo ang kuwento nang tuloy-tuloy, maytamang damdamin, ekspresyon, paghahati ng mgasalita, at tamang paghinto.

**Ang Balikbayan**

*Akda ni Grace Urbien-Salvatus*



“Maligayang pagbabalik at maligayang kaarawan, Tita Marta!”malakas na bati ni Tuding kasama ang mag-anak na Lerum sa kanilang Tita Marta na isang balikbayan mula sa Amerika. Ilang taon na rin siyang hindi nakakauwi sa Quezon kaya nais nilang bigyan ito ng kasiyahan sa kaniyang maikling pagbabakasyon. Inimbitahan na ni Tuding ang mga kaklase ng kaniyang Tita kahapon.  May nakahanda na ring pagkain. May pansit, ispageti, suman, sinigang na hipon, tinuto at pritong isda.

Kinabukasan ay maagap pa rin silang gumising. Namasyal si Tita Marta kasama ang mag-anak na Lerum sa Kamay ni Hesus. Namangha si Tita Marta sa ganda ng lugar. May mga estatwa ng ibat-ibang hayop sa may Arko ni Noah. May giraffe, tigre, elepante, tupa, usa at iba pang mga hayop. Kapansin-pansin ang


mga makukulay na bulaklak sa hardin - may pula, lila, dilaw, kahel at rosas. Kailangan din nilang akyatin ang 292 hagdanan paakyat sa bundok bago marating ang malaking imahe ni Hesus sa kataasan nito. May mga bahagi sa daanan na makikita ang ibat-ibang Estasiyon ng Krus. “Ito ang pinakamagandanglugar na napasyalan ko dito sa Quezon”, wika ni Tita Marta kay Tuding.

Pagkatapos ng kanilang pamamasyal ay pumunta sila sa Kamayan sa Palaisdaan upang mananghalian. Doon sila kumain sa maliit na kubong nakalutang sa isang palaisdaan.Nag-order sila ng inihaw na pusit, inihaw na tilapiya, sinigang na hipon, lechon kawali at pansit habhab na isang sikat na pagkain sa Lucban. “Hindi ko makakalimutan ang bakasyon kong ito. Salamat sa inyong lahat!” wika nito sa kaniyang mga kamag-anak.



**Kaalaman sa Literatura, Pagyamanin!**

Pag-aralan ang nilalaman ng graphic organizer.




**Tandaan!**

Ang isang kuwento ay may elemento.

1. Ang mga **tauhan** ng kuwento ayang mga taong nagsasalita, kumikilos, at gumaganap.
2. Ang **tagpuan** ng kuwento ay nagsasaad kung saan nangyari ang kuwento.
3. Ang mga **pangyayari** sa kuwento ay nagsasaad ng mga naganap sa kuwento.




## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

### Tandaan!

Nakabubuo ng isang kuwento sa pamamagitan ng paggamit ng sariling karanasan gamit ang elemento ng kuwento. Isinusulat at binabasa ang kuwento gamit ang wastong paraan ng pagbasa at pamantayan sa pagsulat.

# Modyul 18
# Magsulatan Tayo




Nilalayon ng modyul na ito na malinang ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, sa pag-unawa sa binasang teksto na naipakikita sa pamamagitan ng pagtalakay, pagbibigay ng kuro-kuro o opinyon at pagguhit. Nilalayon din ng modyul na ito na malinang ang kanilang kaalaman sa pagtukoy sa mga salitang pang-ukol at paggamit ng mga ito sa sariling pangungusap o pagbuo ng isang tugma gayundin ay higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat at pagbasa ng

mga salitang may diptonggo.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

**Tandaan!**

**Pang-ukol** ang tawag sa mga salitang nag-uugnay sa pangngalan o panghalip sa iba pang salita sa pangungusap.

Ang mga halimbawa ng pang-ukol ay: sa, ng, ni, nina, kay, kina.

**Gawain 1**

Sipiin ang pang-ukol na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Napakinggan mo ba ang ibinalita ni Lisa?
2. Nanalo ang pangkat nina Alberto at Carlo.
3. Pupunta kay Ana ang mga magsasanay sa pagsayaw.
4. Dumalo ang mga bata sa piyestahan.
5. Sumang-ayon kina Kim at Ada ang mga kaibigan nila.

**Ang Sulat**

*Akda nina Babylen Arit –Soner*
*at Rejulios M. Villenes*



"Tao po! Tao po!" ang malakas na tawag ng kartero. "Ano po iyon?" ang tugon ni Aling Diday na ina ni Bona. "Meron pong sulat mula sa probinsya," ang sabi ng kartero. "Maraming salamat po," ang magalang na sabi ni Aling Diday. "Naku! Ang liham ay para kay Bona." "Bona, anak! May sulat ka mula sa pinsang mong si Hilda." Tawag ni Aling Diday kay Bona. Hangos na pumunta sa sala si Bona kung saan naroroon ang kaniyang ina. Puno ng katuwaang binuksan ni Bona ang sulat. Narito ang nilalaman ng liham.

Narito ang nilalaman ng liham.

Nobyembre 20, 2013

Minamahal na Bona,

Kumusta ka? Natutuwa akong ibalita sa iyo ang masasayang pangyayari noong nakaraang piyesta dito sa aming baranggay. Napakasaya ng pagdiriwang ng piyesta dito. Nagkaroon ng iba't ibang paligsahan ukol sa mga produkto at mga gawain na tampok sa aming lugar. Nagdaos din ng karera ng kalabaw at paghuli ng bulaw. Matagal na

itong isinasagawa tuwing magdaraos ng kapistahan ayon kay nanay. Meron ding mga kubol na gawa sa anahaw, palay at dayami. Napakamakulay din ng buong paligid. Sa gabi bago ang mismong araw ng piyesta, punong-puno ng mga ilaw ang buong baranggay. Mayroon ding mga paligsahan sa pagtula at pag-awit tungkol sa kapistahan. Sayang at hindi kayo natuloy nina tiyo at tiya sa pagbalik dito. Naranasan mo sana ang aming pagdiriwang. Hanggang sa muli.

Nagmamahal,
Hilda

Maligayang ibinalita ni Bona sa kanyang mga magulang ang tungkol sa sulat ni Hilda. "Sa susunod na taon, pupunta tayo sa kanila upang maranasan mo ang mga sinasabi ng pinsan mo sa kaniyang sulat," ang sabi ni Mang Rading na ama ni Bona. " Yehey!, mararanasan ko na rin ang piyesta sa probinsya." Tuwang-tuwang wika ni Bona.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang mga salita.

| | | |
|---|---|---|
| kalabaw | bulaw | nanay |
| anahaw | barangay | palay |
| araw | ilaw | Diday |

Basahin pa ang sumusunod na pangungusap:

1. Mabilis bang tumakbo ang mga bulaw?
2. Tuwang-tuwa ang nanay sa karera ng kalabaw.

3. Ang aking tatay ay umaani ng palay.
4. Ang aming bahay ay yari sa uway at anahaw.
5. Nabu lahaw ang buong barangay sa ingay ng mga taong sumisigaw.


**Tandaan!**

Binabasa ang mga salita ayon sa pabaybay na bigkas nito. Binabasa din natin ang bawat salita na may diin sa tamang pantig. Binabasa ang bawat pangungusap na may tamang diin at intonasyon ayon sa bantas nito.

**Tandaan!**

Isinusulat ang mga salita at pangungusap na may wastong baybay, espasyo at bantas. Ginagamit din ang malaking titik sa simula ng bawat pangungusap.

# MTB-MLE
# Kuwarter 3



# Ako at ang aking Paaralan

# Modyul 19
# Kaalaman saKalusugan




Nilalayon ng modyul na ito na linangin ang kakayahan ng mag-aaral sa pag-unawa ng binasa sa pamamagitan ng pagtalakay sa mahahalagang pangyayari, pagbibigay ng opinyon o komento, at pagkukuwentong muli ng mga pangyayari sa tekstong binasa. Nilalayon din ng modyul na ito na mahubog ang kanilang kaalaman sa gamit ng pang-ukol, pagtukoy sa pang-ukol na ginamit sa pangungusap, at paggamit ng pang-ukol sa sariling pangungusap gayundin ay mas malinang ang kanilang kakayahan sa pagbasa ng mga salitang may kambal-katinig at pagsipi ng isang liham.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang tula.

### Ang Sakit na Dulot

*Akda ni Babylen Arit-Soner*

Ayon sa eksperto't mga manggagamot
Merong isang sakit na nakakatakot
Sambahayana'y nangangamba
Lamok ay kalabanin ang naisip nila
Kalinisa'y pairalin sa tuwi-tuwina
Upang sakit na dala'y di na lumaganap pa.

Basahin ang sumusunod na mga pangungusap.

1. May mga sintomas ang sakit na Dengue ayon sa mga doktor.
2. Naglunsad ang pamahalaan ng mga programa laban sa sakit na ito.
3. Nakabasa ka na ba ng balita tungkol sa Dengue?
4. Nagbigay na ng tulong ang pamahalaan para sa mga biktima.

## Tandaan!

**Pang-ukol** ang tawag sa mga kataga o parirala na ginagamit upang iugnay ang pangngalan sa iba pang mga salita sa pangungusap. Ang mga ito ay ang:

| | |
|---|---|
| para sa/kay/kina | ukol sa/kay/kina |
| ayon sa/kay/kina | hinggil sa/kay/kina |
| laban sa/kay/kina | tungkol sa/kay |

## Gawain 1

Sipiin ang mga pangungusap at bilugan ang pang-ukol na ginamit sa mga ito.

1. Ang mga bayani ay nag-alay ng buhay para sa bayan.
2. Marami na ang namamatay sa sakit na dengue ayon sa balita.
3. Nagtiis ng kahirapan ang mga bayani para sa bayan.
4. May gamot na ipinamigay laban sa trangkaso.
5. Nagtanong ang guro hinggil sa pagliban niya.

## Gawain 2

Gamitin sa sariling pangungusap ang sumusunod

1. Para sa - ____________________________
2. Ayon kay - ______________________________
3. Ukol sa - ______________________________

4. Laban kay - ___________________________________
5. Tungkol sa - ___________________________________



**Hiwaga ng Panitikan,**
**Tuklasin!**
Pag-aralan ang mga salita ayon sa kanilang gamit sa pangungusap at kahulugan.

**Eksperto** - Ang doktor ay eksperto sa mga sakit. Alam na alam na niya kung paano gagamutin ang isang maysakit.

**Makumpirma** - Tuwang-tuwa si Dona matapos niyang makumpirma na pasado siya. Tiyak na tiyak na naipasa na niya ang pagsusulit.

**Sintomas** - Ang pagkakaroon ng lagnat ay isa sa mga sintomas o palatandaan ng pagkakaroon ng **dengue**.

**Dengue** – Ang **dengue** ay isang uri ng sakit na nakukuha mula sa kagat ng lamok.

**Department of Health** – Ang **Department of Health** o DOH ay ang ahensya ng ating pamahalaan na nangangalaga sa kalusugan ng mamamayan.

Basahin ang isang balita.

**Kaso ng Dengue, Tumataas**

*Akda ni Rejulios M. Villenes*

*D*umarami ang kaso ng mga biktima ng Dengue ayon sa kinatawan ng DOH o Department of Health. Ito ay pagkatapos na makumpirma mula sa mga ospital ang tungkol sa bilang ng mga taong naipasok sa mga pagamutan na taglay ang sakit na ito, ang ilan sa mga biktimang ito ay namamatay. Ayon sa mga doktor, ang ilang sintomas ng pagkakaroon ng Dengue ay ang pabalik-balik at mataas na lagnat, pagkakaroon ng rashes, at pagdurugo ng ilong at gilagid.

Naglunsad na ng mga programa ang pamahalaan laban sa sakit na ito. Ayon sa kanila, may mga seminar at pabatid impormasyon ng isinasagawa sa radyo, telebisyon at mga plasa sa bawat bayan na tumatalakay kung paano maiiwasan at malulunasan ang problema sa Dengue. Maraming paraan upang makaiwas sa Dengue. Unang-una na dito ang pagsugpo sa mga lamok na siyang tagapagdala ng sakit na ito. Wastong paraan ng pag-iimbak ng tubig at kalinisan sa paligid ang ilan sa mga solusyon upang hindi tayo makasama sa mga naging kaawa-awang biktima ng sakit na ito.



**Kaalaman sa Literatura, Pagyamanin!**

Tukuyin ang ngalan ng bawat larawan.



## Tandaan!

Kambal katinig ang tawag sa mga salitang may dalawang katinig sa isang pantig. Binibigkas ang tunog ng kambal katinig nang madulas at parang iisa ang tunog. Binabaybay ang mga salitang may kambal katinig na may diin sa tamang pantig.

## Gawain 3

Sipiin ang mga salitang may kambal katinig sa bawat pangungusap.

1. Nagkagulo ang klase dahil sa programa.
2. Plano naming bumili ng dram.
3. Masarap pakinggan ang tunog ng plawta sa plaka.
4. Naglaro ng trumpo ang mga bata sa plasa.
5. Mainit ang klima ngayon.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Si Lina Polega ay mag-aaral na nasa ikalawang baitang. Nagkasakit siya kaya hindi siya nakakapasok. Gumawa ang nanay ni Lina ng isang liham para sa kaniyang guro. Naririto ang nilalaman ng liham.

Nobyembre 28, 2013

Mahal na G. Villenes,

Ipagpaumanhin mo po ang hindi pagpasok sa klase ng aking anak na si Lina dahil siya po ay may sakit.

Inaasahan ko po ang iyong pang-unawa ukol sa bagay na ito.

Gumagalang,

Gng. Polega

## Tandaan!

Sulat paumahin ang tawag sa sulat na humihingi ng paumanhin. Sa pagbuo ng isang sulat paumanhin,

1. Nakasulat ang dahilan ng paghingi ng paumanhin.
2. Nakalagay kung kelan ginawa ang sulat.
3. Nakalagay din kung para kanino ang sulat

4. Nakapasok ang unang pangungusap sa talata
5. Nagsisimula sa malaking letra ang bawat pangungusap at nagtatapos sa wastong bantas.
6. Nakalagda kung sino ang gumawa ng sulat.

# Modyul 20
# Katangian Ko Bilang Isang Mag-aaral




Nilalayon ng modyul na ito na malinang ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, mapagyaman ang kanilang pag-unawa sa binasang teksto na maipapakita sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayaring naganap sa kuwento, pagsagot sa mga tanong na tumutukoy sa detalye na tuwiran at di tuwirang matatagpuan sa kuwento. Nilalayon din ng modyul na ito na malinang ang kanilang kaalaman sa pagtukoy sa mga sangkap ng isang maikling kuwento at matulungang makapagbuo ng sariling kuwento gamit ang mga sangkap nito gayundin ay higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa ng mga salitang basahin at pagsulat ng maikling kuwento.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang tula.

### Bawat Kuwento…

Bawat kuwento ay may sangkap o elemento
Tauhan ang tawag sa gumaganap nito
Tagpuan ang tawag kung saan naganap ito
Pangyayari ang tawag sa naganap dito.

Basahin ang buod ng isang kuwento.

### Ang Batang Matapat

*Akda ni Babylen Arit Soner*

Maagang pumasok si Mona sa paaralan. Nakakita si Mona ng isang pitaka sa kanyang paglalakad papunta sa silid-aralan. Ibinigay ni Mona kay Gng. Maulawin ang napulot niyang pitaka. Ipinagbigay alam ni Gng. Maulawin ang pagkakapulot ni Mona sa pitaka pagkatapos ng pagtataas ng watawat. Pinuri at pinasalamatan ng may-ari ng pitaka si Mona.

Sagutan ang **story map**

| Story Map |
|---|
| *Pamagat:* |
| *Mga Tauhan:*<br>**Sino –sino ang mga tao na kumikilos o gumagalaw sa kuwento?**<br>**1.**<br>**2.** |
| *Tagpuan:*<br>**Saang lugar o pook nangyari ang kuwento?** |
| *Mga Mahahalagang Pangyayari:*<br>**1.**<br>**2.**<br>**3.** |

**Tandaan!**

Ang **tauhan**, **tagpuan** at **pangyayari** ang mga sangkap o elemento ng isang kuwento.

**Tauhan** - ang mga taong kumikilos, nagsasalita o gumagalaw sa kuwento

**Tagpuan** - ang lugar/pook kung saan nangyari ang kuwento

**Pangyayari** - mahahalagang kilos o galaw na naganap sa kuwento

## Gawain 1

Isulat kung Tagpuan, Tauhan o Pangyayari ang mga salita o pangkat ng mga salita sa bawat bilang.

1. Luz at Pina
2. Sa palengke
3. Bumili sila ng mga kailangang sangkap
4. Sa kusina
5. nanay

## Gawain 2

Basahin ang kuwento. Isulat ang sangkap o elemento nito.

**Natakot**

*Akda ni Rejulios M. Villenes*

Isang gabing madilim, naglalakad ang magkaibigang sina Tino at Lito sa kalsadang malapit sa kakahuyan. Bigla na lang silang nakarinig ng isang mahinang sitsit. "Narinig mo ba iyon, Tino?" tanong ni Lito. "Oo, Lito. Siguro ay huni lang iyon ng isang ibon." Sagot ni Tino. Maya-maya, nakarinig sila ng malakas na pagaspas na parang isang malaking ibon na lumilipad. Walang tanong tanong na kumaripas ng takbo ang dalawa.

Tauhan: ______________________________________________

Tagpuan: ____________________________________________

Mga Pangyayari: ______________________________________



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Sagutan ang **prediction chart**

| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
|---|---|---|
| **Ano ang napulot ni Mona? Ano ang ginawa niya sa bagay na kaniyang napulot?** | | |

Basahin ang mga salita at pangungusap.

**lumiliban -** Si Mona ay hindi lumiliban. Araw-araw siyang pumapasok sa paaralan.

**nangunguna** - Siya ang nangunguna sa klase. Siya ang pinakamagaling sa lahat ng aralin.

**ipagbigay-alam** - Dapat mong ipagbigay-alam ang gagawin mo. Sabihin mo sa kanya ang iyong plano.

Basahin ang kabuuan ng kuwento.

**Ang Batang Matapat**

*Akda nina Babylen Arit Soner*
*at Rejulios M. Villenes*



Si Mona ay isang batang mahirap ngunit matalino, mabait at masipag. Lagi siyang walang baon na pera sapagkat hindi sapat ang kinikita ng kaniyang mga magulang. Sa kabila ng kahirapan, hindi siya lumiliban sa pagpasok sa paaralan . Lagi pa siyang nangunguna sa kanilang klase.

Isang umaga, maagang pumasok si Mona. Ang kanilang klase ang mamamahala sa pagtataas ng watawat. Halos wala pang tao sa loob ng paaralan ng dumating siya. Habang naglalakad papunta sa kanilang silid-aralan, may napansin siyang isang bagay sa kanyang dadaanan. Isa iyong kulay pulang pitaka. Pinulot ito ni Mona. "Sino kaya ang may-ari nito?" tanong niya sa sarili. "Mabuti pa kaya ay tingnan ko ang loob at baka may nakasulat na pangalan o pagkakakilanlan," dagdag pa niya. Pagbukas niya ng pitaka, nakita niya na puno ito ng pera. Hinanap niya ang pangalan ng may-ari."Naku, walang nakalagay na pangalan. Mabuti pa ay ibigay ko na lang ito sa aming guro upang ipagbigay alam sa kung sino man ang nawawalan

nito," ang wika niya. Pagdating sa silid-aralan, " Gng. Maulawin, nakapulot po ako ng pitaka ngunit wala pong nakalagay kung sino ang may-ari nito" sabay bigay ni Mona ng pitaka sa guro. Tuwang-tuwa si Gng. Maulawin kay Mona.

Pagkatapos magtaas ng watawat, ipinagbigay alam ni Gng. Maulawin sa lahat na may napulot na pitaka si Mona at kung sino man ang nawawalan nito ay makipag-usap lamang sa kaniya. Mayamaya, lumapit kay Gng. Maulawin ang kasamahan niyang guro. Ito pala ang may-ari ng napulot na pitaka. Tuwang-tuwang lumapit ang guro kay Mona at nagpasalamat " Ikaw Mona ay isang batang matapat. Dapat kang tularan at gawing huwaran ng lahat.Maraming maraming salamat sa iyo."" Wala pong anuman iyon. Ginawa ko lamang po ang nararapat kong gawin, " wika ni Mona habang buong pagmamalaki namang nakamasid si Gng. Maulawin.



**Kaalaman sa Literatura, Pagyamanin!**

Basahin ang mga pangyayari.

a. Napabalik sa may-ari ang pitaka.
b. Ibinigay niya ito sa kaniyang guro.
c. Pinasalamatan siya ng may-ari ng pitaka.
d. Nakapulot si Mona ng pitaka.

## Tandaan!

Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ayon sa detalye ng kuwento. Alamin ang paksa at ang mga sumusuportang mga detalye nito.

## Gawain 3

Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa pamamagitan ng paglalagay sa patlang ng bilang 1-5.

____ a. Nagpaalam siya sa kaniyang magulang.
____ b. Naligo si Bong pagkatapos niyang kumain.
____ c. Saka siya naglakad papasok sa paaralan.
____ d. Kinuha niya ang kaniyang bag.
____ e. Nagbihis siya ng kaniyang uniporme.

## Gawain 4

Basahin ang detalye kung paano ang pagpiprito ng itlog. Lagyan ng bilang 1-5 ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga ito.

_____ a. Painitin ang kawali at lagyan ng mantika.
_____ b. Biyakin ang itlog.
_____ c. Ilagay ang binating itlog sa kawali hanggang maluto.
_____ d. Lagyan ito ng asin.
_____ e. Batiin ang itlog.



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

Bigkasin ang mga salitang mula sa kuwento.

| | | | |
|---|---|---|---|
| kinikita | kahirapan | lumiliban | |
| nangunguna | mamamahala | pagtataas | |
| silid-aralan | dadaanan | pagbukas | |
| ipagbigay alam | nawawalan | makipag-usap | |
| nagpasalamat | nararapat | pagmamalaki | |
| nakamasid | pagkakakilanlan | tularan | huwaran |
| nakalagay | | | |

## Tandaan!

Binibigkas/Binabasa natin ang mga salita ayon sa papantig na baybay nito. Binabasa din natin ang bawat salita na may diin sa tamang pantig.

Isinusulat natin ang isang kuwento na may tauhan, tagpuan,at pangyayari. Ang unang pangungusap sa bawat talata ng isang kuwento ay nakapasok. Ang bawat pangungusap sa isang kuwento ay nagsisimula sa malaking letra at nagtatapos sa wastong bantas.

# Modyul 21
# Ang Batang Makasining



Nilalayon ng modyul na ito na malinang an kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, mapagyaman ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto na maipapakita sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayaring naganap sa kuwento at pagsagot sa mga tanong na tumutukoy sa detalye na tuwiran at di tuwirang matatagpuan sa kuwento. Nilalayon din ng modyul na ito na malinang ang kanilang kaalaman sa mga hakbang sa pagbuo ng isang anunsiyo o patalastas upang makabuo o makagawa ng kanilang sariling patalastas gayundin ay higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng isang patalastas at pagbasa.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Basahin ang tula.

**Ang Batang Makasining**

*Akda ni Grace Urbien-Salvatus*

Ang batang mahilig sumayaw at umawit
Hindi nahihiyang kumendeng o bumirit
Di pinalalampas, paskil napatalastas
Sa patimpalak o kahit isang palabas.

**PATALASTAS**

**Pambayang Paligsahan sa Pag-awit 2013**

Ipinababatid sa lahat na magkakaroon ng Pambayang Paligsahan sa Pag-awit sa darating na Ika-15 ng Nobyembre 2013 na gaganapin sa Bulwagang Bayan ganap na ika-7 ng gabi. Kung nais na sumali, magpatala lamang sa kalihim na nakatalaga sa inyong barangay mula Nobyembre 1-14, 2013.

**Gawain 1**

Lagyan ng tsek ang patlang na katabi ng patalastas na sumusunod sa pamantayan. Gawin ito sa kuwaderno.

| | |
|---|---|
| ______ | **Patalastas**<br>Ang lahat ay pinaghahanda sa isang pagdiriwang na gaganapin bukas. |

**Patalastas**

Ipinagbibigay alam sa lahat na ng magkakaroon Palarong Pandistrito sa darating na Ika-21 ng Nobyembre, 2013 sa Municipal Covered Court ng ating bayan. Ang palaro ay magsisimula sa ika-8 ng umaga.

## Gawain 2

Bumuo ng isang patalastas. Pumili sa sumusunod na sitwasyon.

a. Magkakaroon ng palaro ng basketbol sa Brgy. Antipolo sa darating na bakasyon
b. May paligsahan sa pagsayaw para sa ikaanim na baitang sa darating na Disyembre 14.

## Tandaan!

Sa pagsulat ng patalastas o anunsyo, may mga tuntunin na dapat tandaan gaya ng sumusunod:

1. Tiyakin ang paksa ng susulatin.
2. Gawing maikli ang mensahe.
3. Ilagay lamang ang mahahalagang impormasyon na sumasagot sa mga tanong na

- Ano
- Sino
- Kailan
- Saan

4. Isulat nang maayos ang patalastas na gumagamit ng malaking titik at mga bantas.
5. Isulat nang malinaw at madaling basahin ang patalastas.



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

## Ang Patimpalak

*Akda ni Babylen Arit Soner*

Si Elen ay isang batang napakahilig kumanta. Wala yatang araw na hindi maririnig ang tinig niya habang umaawit. Lahat naman ay natutuwa sa




kaniya sapagkat tunay na maganda ang kaniyang tinig.

Minsan, naglalakad siya sa may palengke ng makakita siya ng isang pangkat ng mga tao na nagsisiksikan sa may pook paskilan. Hindi nakatiis at lumapit siya upang makita at malaman kung ano ang kanilang pinagkakalipumpunan. Nakita niya ang isang nakapaskil na patalastas.

***PATALASTAS***

***Pambayang Paligsahan sa Pag-awit 2013***

*Ipinababatid sa lahat na magkakaroon ng Pambayang Paligsahan sa Pag-awit sa darating na Ika-15 ng Nobyembre 2013 na gaganapin sa Bulwagang Bayan ganap na ika-7 ng gabi. Kung nais na sumali, magpatala lamang sa kalihim na nakatalaga sa inyong barangay mula Nobyembre 1-14, 2013.*

Dali-dali siyang umuwi at sinabi ito sa kaniyang mga magulang. "Inay, sasali po ako sa patimpalak na iyon, " ang sabi niya.

"Sige, anak!" sagot ng kaniyang ina. "Kayang-kaya mo yan anak," sabi naman ng kaniyang ama. " Naku! Kailangan ko ng magsimula sa pagsasanay para maging maganda ang aking pag-awit," nagmamadaling saad ni Elen sabay kanta ng isang awit na madalas niyang awitin. Dahil doon, masayang nagtawanan ang mag-anak.



**Kaalaman sa Literatura, Pagyamanin!**

Basahin ang mga pangyayari sa kuwento.

Dali-dali siyang umuwi at sinabi ito sa kaniyang mga magulang. Naglalakad siya sa palengke ng may mapansin siya sa may pook paskilan.

Nabasa niya ang isang patalastas tungkol sa isang patimpalak sa pag-awit.

## Tandaan!

Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ayon sa detalye ng kuwento. Alamin ang paksa at ang mga sumusuportang mga detalye nito

## Gawain 3

Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari. Lagyan ng bilang 1-3 and patlang.

_____ Hindi nakatiis at lumapit siya upang makita at malaman kung ano ang kanilang pinagkakalipumpunan.

______ Nakakita siya ng isang pangkat ng mga tao na nagsisiksikan sa may pook paskilan.

______ Minsan, naglalakad siya sa may palengke



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

Basahin ang mga salita:

| | | |
|---|---|---|
| napakahilig | kumanta | umaawit |
| natutuwa | maririnig | naglalakad |
| nagsisiksikan | pook | paskilan |
| nakapaskil | patalastas | bulwagan |
| patimpalak | makakita | nakatiis |
| masaya | pagsasanay | pambayan |

katibayan kalihim magsimula
nagtawanan magparehistro kapanganakan
pinagkakalipumpunan


## Tandaan!

Binabasa ang mga salita ayon sa pabaybay na bigkas nito. Binabasa din natin ang bawat salita na may diin sa tamang pantig.

Sa pagsulat ng patalastas:

- Nakapasok ang unang pangungusap sa talata
- Nagsisimula ang bawat pangungusap sa malaking letra
- Nagtatapos ang bawat pangungusap sa wastong bantas

# Modyul 22
# Pagkilala sa Pinagmulan



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan at mapagyaman ang kanilang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, pagbibigay ng komento o opinion, at pagsasadula. Nilalayon din ng modyul na ito na malinang ang kanilang kaalaman sa literaturao panitikan sa pamamagitan ng pagtukoy kung alin ang simula, gitna o wakas ng isang kuwento o alamat gayundin ay mapagyaman ang kanilang kakayahan  sa pagbasa ng alamat at pagsulat o pagsipi ng isang tula o tugma.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang sumusunod na tula.

### Ang Alamat

*Akda ni Grace Urbien-Salvatus*

Pinagmulan ng kuwento ay alamat
May simula, gitna, at wakas
Sabay-sabay sa pagtuklas
Nang tayo ay mamulat.

Basahin ang sumusunod na mga talata.

Makalipas ang ilang araw, nakarinig siya ng kakaibang tunog mula sa loob ng baluyot. Nang buklatin niya ang takip nito, may isang maliit na ibon doon. Maliit ito at may mamula-mulang balahibo. May mabining huni ito. Patalon talon at tila malikot kumilos ang ibon.  Napaiyak na lamang ang ina ni Maya sapagkat batid niya na ang ibon na ito ay ang kaniyang anak na si Maya. Mula noon, ang ibon na ito ay tinawag nang Ibong Maya.

Noong unang panahon, may isang batang  maliit na may mamula-mulang buhok na parang buhok ng mais. Maganda din siyang kumanta . Ang pangalan niya ay Maya. Subalit napakalikot niya. Talon dito, talon doon ang kaniyang laging ginagawa. Wala siyang inatupag kundi ang maglaro at

kumain. Hindi pati siya mautusan ng kaniyang mga magulang.

Isang araw, hinanap siya ng kaniyang ina upang utusang magsaing. Dahil sa katamaran, nagtago si Maya sa baluyot. Dahil sa matagal na pagtatago, nakaramdam ng gutom si Maya. Kinain niya ang bigas na nakasilid sa baluyot. Maya-maya, may naramdaman siyang kakaiba sa kaniyang katawan. Lumiliit siya at nagkakaroon ng ibang anyo.

## Tandaan!

Natutukoy natin kung alin ang una, pangalawa, pangatlo o kahulihang pangyayari ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga naganap na pangyayari sa isang alamat o kuwento. Ang lahat ng kuwento o alamat ay mayroong simula, gitna at wakas.

## Gawain 1

Pagsunod-sunurin ang ma pangyayari sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang mula 1-3 sa patlang . Gawin ito sa sagutang papel.

______ Inayos niya ang kaniyang mga gamit sa loob ng kaniyang bag.

______ Ginawa ni CJ ang kaniyang takdang aralin.

______ Maaari na siyang makipaglaro sa kaniyang kaibigan.

## Gawain 2

Isulat kung ang pangyayari ay sa simula, gitna, o wakas sa sagutang papel.

________ Tuwang-tuwa ang kanilang guro na nagpasalamat sa dalawa. Masaya at magaan ang loob na umuwi sina Kiko at Rina dahil nakagawa sila ng isang magandang bagay.

________ Masayang naglalakad ang magkaibigang Kiko at Rina sa tabing-kalsada. Pauwi sila sa kanilang bahay mula sa paaralan. Sa di kalayuan, may nakita silang isang bagay na nasa gilid ng kalsada. Dali-daling lumapit ang magkaibigan sa kanilang nakita. Laking gulat ng dalawa nang makita nila na iyon ay ang bag ng kanilang guro na si Bb. Soner.

________ Hindi nag-atubili ang dalawa na pulutin ito at lumakad patungo sa bahay ng kanilang guro. Pagdating nila ay nakita nilang papasok pa lamang si Bb. Soner sa kanilang bahay. Magalang na bumati ang dalawa at isinalaysay ang pangyayari.



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Basahin ang mga salita at ang mga pangungusap na magbibigay ng kahulugan sa mga ito.

**Inatupag** - Si Lorna ay isang batang tamad. Wala na siyang ginawa o inatupag kundi ang maglaro.

**Katamaran** - Ayaw niyang gumawa ng kahit ano dahil sa kaniyang katamaran o pagiging tamad.

**Baluyot** - Ang baluyot ay lagayan ng palay o bigas. Ito ay gawa sa nilalang dahon ng buli.

**Tiririt ng Maya**

Tiririt ng maya, tiririt ng ibon
Ang huni ng t'yan ko'y tinumis na baboy
Tiririt ng ibon, tiririt ng maya
Ang huni ng t'yan ko'y
Tinumis na baka

Basahin ang kwento.

## Ang Alamat ng Ibong Maya

*Halaw*

Noong unang panahon, may isang batang maliit na may mamula-mulang buhok na parang buhok ng mais. Maganda din siyang kumanta . Ang pangalan niya ay Maya. Subalit napakalikot niya. Talon dito, talon doon ang kaniyang laging ginagawa.



Wala siyang inatupag kundi ang maglaro at kumain. Hindi pati siya mautusan ng kaniyang mga magulang.

Isang araw, hinanap siya ng kaniyang ina upang utusang magsaing. Dahil sa katamaran, nagtago si Maya sa baluyot. Dahil sa matagal na pagtatago, nakaramdam ng gutom si Maya. Kinain niya ang bigas na nakasilid sa baluyot. Maya-maya, may naramdaman siyang kakaiba sa kaniyang katawan. Lumiliit siya at nagkakaroon ng ibang anyo.

Samantala, hanap dito hanap doon ang ginawa ng ina ni Maya subalit hindi niya makita ang kaniyang anak. Makalipas ang ilang araw, nakarinig siya ng kakaibang tunog mula sa loob ng baluyot. Nang buklatin niya ang takip nito, may isang maliit na ibon doon. Maliit ito at may mamula-mulang balahibo. May mabining huni ito.

Patalon talon at tila malikot kumilos ang ibon. Napaiyak na lamang ang ina ni Maya sapagkat batid niya na ang ibon na ito ay ang kaniyang anak na si Maya. Mula noon, ang ibon na ito ay tinawag nang Ibong Maya.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang mga salita.

| | | |
|---|---|---|
| mamula-mula | napakalikot | ginagawa |
| inatupag | mautusan | katamaran |
| magsaing | pagtatago | kakaiba |

| | | |
|---|---|---|
| lumiliit | mabini | baluyot |
| nakasilid | naramdaman | nagkakaroon |
| buklatin | malikot | napaiyak |
| nakaramdam | takip | |

Basahin ang mga pangungusap

1. Sino ang nagtago sa ilalim ng mesa?
2. Malaki ang baluyot na nilala ni tatay.
3. Napaiyak ang bata ng siya ay nadapa.
4. Si Maya ay lumiit at nagbago ng anyo.
5. Ang hangin ay mabining umiihip.

**Tandaan**!

Binabasa ang mga salita ayon sa pabaybay na bigkas nito. Binabasa din natin ang bawat salita na may diin sa tamang pantig. Binabasa naman ang mga pangungusap na may wastong diin at intonasyon ayon sa bantas.

Basahin ang mga pangungusap.

a. Si Tonton ay nagtago sa ilalim ng mesa.
b. Malaki ang baluyot na nilala ni tatay.
c. Napaiyak ang bata ng siya ay nadapa.
d. Si Maya ay lumiit at nagbago ng anyo.
e. Ang hangin ay mabining umiihip.

Basahin ang tula.

**Ang Maya**

*Akda ni Rejulios M. Villenes*

Merong isang ibong kahali-halina,
maliit, maliksi, awiti'y maganda.

Kulay niya'y tunay na mamula-mula,
sa bukid siya ay laging makikita.


Kapag dumating na panahong anihan
ng ginintuang butil sa kabukiran
Andyan na ang mga maya na naghihintay
kanilang matikman sinisintang palay

**Tandaan!**

Isinusulat ang mahahalagang salita ng pamagat ng tula na nagsisimula sa malaking letra.

Isinusulat ang bawat linya na gumagamit ng malaki o maliit na letra ayon sa wastong gamit nito. Nilalagyan din ng tamang bantas ang katapusan ng bawat linya ng tugma.

# Modyul 23
# Napapanahong Usapin Kamalayan sa



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, malinang ang kanilang kaalaman sa pag-unawa sa binasang teksto na maipakikita sa pamamagitan ng pagbibigay ng saloobin tungkol sa kuwento, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, at pagtukoy sa mga impormasyong sumasagot sa tanong ukol sa teksto. Nilalayon din ng modyul na ito na malinang ang kanilang kaalaman sa pagtukoy sa sanhi at bunga, gayundin ay higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng isang patalastas at pagbasa.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

**Sanhi at Bunga**

*Akda ni Raymar C. Francia*

Bawat pangyayari'y may sanhi at bunga
Sanhi ang tawag sa dahilan
Bunga ang tawag sa resulta
Napapanahong usapin
Alamin ang sanhi at bunga.

Basahin ang mga napapanahong usapin.

1. Dahil sa pang-aabuso ng tao, nasira ang kalikasan sa mga bundok ng Banahaw at San Cristobal .
2. Nanunumbalik na ang likas na yaman sa Bundok Banahaw at San Cristobal dahil sa mga karagdagan at mga tiyak na kapangyarihang pinapairal ng **Protected Area Management Board**.
3. Maraming uri ng halaman ang muling umuusbong sa kabundukan dahil sa pagbabawal ng pagpasok sa bundok ng mga taong walang kaugnayan sa pangangasiwa sa kapaligiran.

**Tandaan!**

May mga pangungusap o lipon ng mga salita na nagpapakita ng dahilan ng mga pangyayari. Ito ay tinatawag na **sanhi**.

May mga pangungusap o lipon ng mga salita naman na nagpapakita ng kinalabasan ng pangyayari o dahilan. Ito ay tinatawag na **bunga**.

## Gawain 1

Pag-aralan ang mga larawan. Iugnay ang larawan sa hanay A sa larawan sa hanay B. Isulat ang salitang SANHI o BUNGA sa bawat bilang.

| HANAY A | | HANAY B | |
|---|---|---|---|
|  | 1.________ |  | 5.________ |
|  | 2.________ |  | 6.________ |
|  | 3.________ |  | 7.________ |
|  | 4.________ |  | 8.________ |

## Gawain 2

Ibigay ang sanhi o bunga ng sumusunod na pangyayari. Gawin sa iyong sagutang papel.

1. Sanhi:
   Bunga: Sumakit ang tiyan ng bata
2. Sanhi: Nagkaroon ng malakas na bagyo.
   Bunga:

3. Sanhi: Nagtanim ng puno ang mga tao sa bundok.
   Bunga:
4. Sanhi: Napadapa si Lina.
   Bunga:
5. Sanhi:
   Bunga: Gumuho ang lupa



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Basahin ang mga salita at mga pangungusap na nagbibigay ng kahulugan sa mga ito.

**pang-aabuso** – Bumabaha at nagkakaroon ng pagguho ng lupa dahil sa pang-aabuso ng mga tao sa kagubatan. Walang awang pinuputol ng mga tao ang mga puno.

**umuusbong** – Unti-unti nang umuusbong ang mga halaman sa taniman. Tumutubo na ang mga ito.

**pinananahanan** – Mula sa salitang tahanan o tirahan, ibig sabihin ay tinatahanan o tinitirahan.

**Sapa** - Ang sapa ay isang anyong tubig na mas maliit sa ilog.

**Kabundukan** - Ang kabundukan ay isang uri ng anyong lupa.

| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
|---|---|---|
| **Bakit bumabalik na ang dating likas na yaman ng Bundok Banahaw at San Cristobal?** | | |

Basahin ang artikulo.

**Bundok Banahaw at San Cristobal, bumabalik na ang likas-yaman**

*Halaw sa Online Balita (November 25, 2011)*

Nasira ang kalikasan dahil sa pang-aabuso ng tao sa mga bundok ng Banahaw at San Cristobal ngunit mapapansin na ang pag-unlad at paghihilom nito dahil sa mga karagdagan at mga tiyak na kapangyarihang pinapairal ng Protected Area Management Board (PAMB) para mapangalagaan ang kapaligiran ng dalawang bundok.

Sa ulat ni Park Supervisor Salud Pangan ng Mount Banahaw Protected Area, bunga ng ipinatupad na pagbabawal sa pagpasok sa bundok ng mga taong walang kaugnayan sa pangangasiwa sa kapaligiran, maraming uri ng halaman ang muling umuusbong sa paligid nito. Maging ang mga sapa, tulad ng Kristalino, Suplina, at Salaming-Bubog, na halos natuyo na noong mga nakalipas na panahon

ay muli nang dinadaluyan ng masagana at malinis na tubig.

Ayon naman sa ulat ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) IV-A, maging ang mga katutubong hayop sa nasabing kabundukan na noong taong 2007- 2009 ay bihira nang makita, ngayon ay unti-unti nang naggagala sa lugar na dati nilang pinananahanan.

Napag-alaman na ang dalawang kabundukan ay tinatayang may kabuuang lawak na aabot sa 22,000 ektarya na nahahati sa mga lalawigan ng Laguna at Quezon.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang mga salita.

| | | |
|---|---|---|
| kagubatan | pinananahanan | umuusbong |
| mapangalagaan | kaugnayan | kapaligiran |
| dinadaluyan | naggagala | kabuuan |
| paghihilom | karagdagan | pagbabawal |
| mapapansin | ipinatupad | |

## Tandaan!

**Salitang-ugat-** ang isang salita kung ito ay payak lamang, walang panlapi, hindi inuulit, at walang katambal na ibang salita. May mga salitang binubuo ng salitang-ugat. Nakatutulong ang salitang-ugat upang malaman o maunawaan ang kahulugan ng isang salita.

## Gawain 3

Basahin ang mga salita. Isulat ang salitang- ugat ng bawat salita.

1. kabundukan
2. pagguho
3. pagbaha
4. pagkaubos
5. tumatakbo

Pagmasdan ang larawan.




**Tandaan!**

Sa pagsulat ng patalastas o paunawa,inilalagay ang paksa o layunin ng paunawa at kung para kanino ito.

# Modyul 24
# Masayang Paglalakbay



Nilalayon ng modyul na ito na linangin ang kakayahan ng mag-aaral sa pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagtalakay sa mahahalagang pangyayari, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, pagsasadula at pagguhit. Nilalayon din ng modyul na ito na mahubog ang kanilang kaalaman sa pagtukoy sa mga salitang nagsasaad o nagtuturo ng kinalalagyan o lokasyon ng isang tao, bagay o pook at paggamit ng mga salitang ito sa sariling pangungusap. Layon din ng modyul na ito na mas malinang ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pagsulat ng isang liham pasasalamat.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Pagmasdan ang mga larawan.

Basahin ang mga pangungusap tungkol dito.

Ang pagkain ay nasa loob ng basket.
Ang bata ay nasa likod ng puno.

## Tandaan!

May mga salitang nagsasabi o tumutukoy sa kinalalagyan o lokasyon ng isang tao, bagay o lugar.

Halimbawa: gilid, tabi, itaas, ibaba, loob, labas, harap, likod, ibabaw, ilalim, gitna at iba pa.


## Gawain 1

Bumuo ng sariling pangungusap gamit ang sumusunod na mga salitang tumutukoy o nagsasabi ng kinalalagyan o lokasyon.

1. Ibabaw ___________________________________________
2. Gitna ___________________________________________
3. Tabi ___________________________________________
4. Itaas ___________________________________________
5. Likod ___________________________________________

## Gawain 2


Iugnay ang larawan sa salitang nagpapakita ng wastong kinalalagyan o lokasyon nito.

**1.** 



**4.** 

a. harap
b. ibabaw
c. loob
d. ilalim
e. gilid

**2.** 

**5.** 

**3.** 

## Gawain 3

Isulat ang salitang nagsasabi o tumutukoy sa kinalalagyan o lokasyon na angkop sa sitwasyon.

1. Dahil sa bagyo, bumaha sa inyong lugar. Saan mo dapat ilagay ang inyong mga gamit upang hindi ito mabasa? Sa __________ ng mesa.
2. Pagkatapos ninyong maglaro, saan mo dapat ilagay ang inyong ginamit na mga laruan? Sa __________ ng kahon.



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Basahin ang mga salita at pangungusap na nagbibigay ng kahulugan sa mga ito.

**Bingwit o baliwasnan** - Ang baliwasnan ay ginagamit sa paghuli ng isda na gumagamit ng maliit na kawayan, tali at bingwit.
**Mamimingwit o mamimiwas** - Ako ay mamimiwas o manghuhuli ng isda sa ilog sa pamamagitan ng baliwasnan o bingwit.
**naglatag** - Ang nanay ay naglatag o naglagay ng banig sa sahig.Basahin ang kuwento tungkol sa pamamasyal ng isang pamilya

**Ang Pamamasyal**

*Akda ni Babylen Arit-Soner*



Sabado ng umaga, masayang-masaya ang magkapatid na sina Kaloy at Me-An. Espesyal ang araw na iyon para sa kanilang mag-anak. Pupunta sila sa kanilang bukid. Maagang gumayak ang mag-anak. Nagluto si  Aling Nilda ng adobo at kanin. Naghanda din siya ng pansit at tinapay. Inilagay niya ang mga ito sa loob ng basket.

Nagdala naman si Mang Abe ng baliwasnan. Mamimiwas din sila ng isda sa ilog na nasa gilid ng kanilang bukid.

Pagdating sa bukid, naglatag sila ng banig sa ilalim ng isang puno. Inilagay nila sa ibabaw ng banig ang dala nilang pagkain. Agad na inakit ni Mang Abe ang mga anak sa tabi ng ilog upang mamiwas. Tuwang-tuwa ang magkapatid dahil marami silang nahuling isda. Pagkatapos mamiwas, naglaro ng taguan ang magkapatid habang masayang nagmamasid ang kanilang tatay at nanay. Nagtago sila sa likod ng puno, gilid ng taniman, maging sa ilalim ng balag ng mga upo at ampalaya. Nanguha din sila ng mga prutas tulad ng bayabas, sinigwelas, at duhat. Nang mapagod, humiga sila at pinanood ang mga ibon na masasayang lumilipad sa ibabaw ng mga puno.

Maligayang-maligaya ang magkapatid sa kanilang karanasan. Tunay na hindi nila malilimutan ang araw ng kanilang pamamasyal.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang mga sumusunod na salita .

| | | | |
|---|---|---|---|
| naglatag | inakit | magkapatid | nanguha |
| nagmamasid | taniman | naranasan | maligaya |
| pinanood | lumilipad | mapagod | pagdating |
| pamamasyal | malilimutan | nagtago | taguan |
| masasaya | inilagay | | |

## Tandaan!

Binabasa ang mga salita na may wastong diin at intonasyon at ayon sa papantig na baybay nito.

## Gawain 4

Basahin ang sumusunod na pangungusap.

1. Masayang maglaro ng taguan lalo na kung maliwanag ang buwan.
2. Hindi naming malilimutan ang aming narasanasan sa pamamasyal.
3. Pinanood ng lahat ng bata sa paaralan ang ginawang pagtatanghal.
4. Ang mga paruparo ay masiglang lumilipad sa parang.
5. Ang magkapatid ay nanguha ng mga prutas sa taniman.

Basahin ang liham.

Disyembre 12, 2013

Mahal naming Tatay at Nanay,

Maraming-maraming salamat po sa panahon na ibinibigay ninyo sa aming magkapatid. Naging masaya po kami sa aming naranasan noong araw ng ating pamamasyal. Hinding-hindi po namin iyon malilimutan.

Mahal na mahal po namin kayo.

Nagmamahal,

Kaloy at Me-an

## Tandaan!

1. Sa pagbuo ng isang liham pasasalamat, inilalagay ang sumusunod:
   a. Petsa kung kailan ginawa ang sulat
   b. Para kanino ang sulat
   c. Nilalaman o ang ninanais mong sabihin
   d. Lagda ng sumulat
2. Ipinapasok ang unang pangungusap sa bawat talata sa liham.
3. Ang bawat pangungusap ay nagsisimula sa malaking letra at nagtatapos sa wastong bantas.
4. May wastong espasyo din ang bawat salita.

## Gawain 5

Gamit ang sulat pasasalamat na pinag-aralan bilang modelo o batayan, gumawa ng isang liham pasasalamat ayon sa sumusunod na mga sitwasyon:

1. Pinadalhan ka ng iyong pinsang si Lea ng magandang laruan.
2. Nakatanggap ka ng regalo sa iyong kaarawan mula sa iyo ng kaibigan.

# Modyul 25
# Sa Pag-abot ng Pangarap...



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto na maipakikita sa pamamagitan ng pagbibigay ng saloobin at opinyon, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, pagbibigay ng posibleng wakas, pagsasadula at pagguhit. Nilalayon din ng modyul na ito na higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng isang maikling kuwento at pagbasa.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Basahin ang kuwento.



Si Lota ay isang batang masipag mag-aral. Tuwing hapon, pagkadating sa bahay, kuha niya kaagad ay ang kaniyang mga kuwaderno upang magsagot ng mga takdang-aralin.Isang linggo bago dumating ang pagsusulit,nagbalik-aral na siya sa lahat ng asignatura.

**Tandaan!**

Ang bawat kuwento ay may angkop na katapusan o wakas. Ang wakas ng isang kuwento ay maaaring masaya o malungkot.

**Gawain 1**

Bilugan ang letra ng angkop na wakas o katapusan ng kuwento.

Isang hapon, inutusan ng nanay si Tino mna bantayan ang kaniyang niluluto dahil may pupuntahan lang siya. Maya-maya, tinawag ng



kaniyang mga kalaro si Tino upang maglaro. Nawili na si Tino sa paglalaro.

a. Natuwa ang nanay kay Tino at pinasalamatan siya nito.

b. Nasunog ang niluluto at napagalitan si Tino ng kaniyang nanay.

**Gawain 2**

Isulat ang angkop na wakas ng kuwento. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Sama-sama ang mag-anak na Santos na gumagawa. Tinutulungan nila ang isa't isa. Iba't ibang paraan ang pagtutulungan nila kaya napadadali at napagagaan ang kanilang mga gawain. May oras sila upang sama-samang magkasiyahan. Kaya
__________________________________________
____________________________________________
_________________________________________.



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Basahin ang mga salita at mga pangungusap na nagbibigay kahulugan sa mga ito

Patpat - Ang patpat ay isang maliit na piraso ng kahoy o mula sa kawayan.

Kalangitan - Ang ulap ay nasa kalangitan.
Kapantay - Si Pedro at Pablo ay magkapantay.
Magkapareho sila ng taas.
Kalupaan - Ang kalupaan ay nakikita mula sa bintana ng eroplano.

Basahin ang kuwento.

**Ang Pangarap ng Pagong**

*Halaw kay Esopo*



Matagal nang pangarap ni Pagong ang maranasan ang makalipad at makarating sa kalangitan kapantay ng mga ulap. Isang araw, kinausap niya ang kaniyang mga kaibigang ibon. “Maari ba ninyo akong tulungan na makarating sa kalangitan at matanaw ang magagandang tanawin sa kalupaan?Gusto ko lang maranasan ang inyong nararanasan,” dagdag pa niya. “Sige, tutulungan ka naming matupad ang matagal mo nang pangarap,” ang sagot naman ng mga kaibigan niyang ibon.

“Paano naman ako makakalipad at

makakarating sa itaas?" tanong ni Pagong. "Madali lang, gagamit tayo ng isang patpat. Kakagatin naming ang tigkabilang dulo ng patpat.Kagatin mo naman ang gitnang bahagi nito. Madadala ka naming sa aming paglipad. At kumuha nga ng isang patpat ang kaniyang mga kaibigang ibon. Kinagat nila ang parehong dulo nito at pinakagat si Pagong sa gitna  ng patpat. Lumipad sila ng lumipad paitaas. Tuwang-tuwa si Pagong. Naranasan na rin niya ang makarating sa itaas. Maya-maya, nakita sila ng mga tao sa ibaba. Itinuturo ng mga tao ang dalawang ibon at isang pagong na nasa himpapawid. Hangang-hanga ang mga tao at kumakaway sa magkakaibigang ibon at pagong.  Dahil sa katuwaan sa paghanga ng mga tao, ibinuka ni Pagong ang kaniyang bibig upang batiin ang mga tao sa ibaba.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang sumusunod na mga salita

| | | | |
|---|---|---|---|
| pangarap | maranasan | makalipad | makarating |
| kapantay | kalangitan | kinausap | tulungan |
| matanaw | kalupaan | tanawin | tutulungan |
| himpapawid | kumakaway | paghanga | batiin |
| | paglipad | matupad | |

1. Nasa himpapawid ang magkakaibigang ibon at pagong.
2. Napakaganda ng tanawin na aking nakita.

3. Tuwang-tuwa ang pagong sa kanilang paglipad.
4. Tutulungan ng magkaibigang ibon ang pagong upang makarating sa kalangitan.
5. Kapantay ng ulap ang kanilang paglipad.

**Tandaan!**

Ang bawat salita ay binabasa ayon sa pabaybay na bigkas nito. Binibigkas natin ang bawat pantig na may wastong diin o intonasyon. Binibigkas/binabasa ang pangungusap na may wastong diin at intonasyon, pagkakahati ng mga salita at tono na naayon sa bantas na ginamit.

Ang kuwento ay may tauhan, tagpuan at pangyayari. Ang bawat kuwento ay meron ding angkop na katapusan o wakas. Isinusulat sa malaking letra ang unahan ng mahahalagang salita sa pamagat at ang unang letra sa bawat pangungusap. Nakapasok din ang unang pangungusap sa bawat talata. Nilalagyan din ng wastong bantas ang bawat pangungusap sa talata.

# Modyul 26
# Pag-iwas sa Di Kanais- nais na Gawain




Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, malinang ang kanilang pag-unawa sa binasa at napakinggang teksto sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, at pagsagot sa mga tanong na ang sagot ay tuwiran at di-tuwirang matatagpuan sa kuwento. Nilalayon din ng modyul na ito na kanilang mapaghambing ang iba't ibang paraan ng paggamit/pagsulat ng mga elemento o sangkap ng maikling kuwento ng mga manunulat gayundin ay mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng maikling kuwento at pagbasa.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Basahin ang tula.

**Dapat Tandaan**

Di-kanais nais na gawain ay iwasan
Dapat iwaksi sa isipan
Laging tatandaan
Kagandahang asal na natutunan
Sa tahanan at sa paaralan.

Basahin ang buod ng kuwento.

Isang umaga, pumunta si Tagpi sa palengke. Kumuha siya ng karne mula sa ibabaw ng mesa. Sa pagdaan niya sa tulay sa ibabaw ng sapa, nakakita siya ng isang asong may tangay ding karne. Sa kagustuhang mapasakaniya din ang karne, kumahol siya nang malakas kasabay ng paglaglag sa tubig ng tangay niyang karne. Pagpatak sa tubig ng karne, nawala na rin ang aso sa sapa.

**Tandaan!**

Upang higit na maunawaan ang kuwento, ginagamit ang mga salitang pananong na tumutukoy sa mga detalye na tuwiran at di-tuwirang makikita sa kuwento tulad ng sino, ano, kailan, saan, bakit at paano.

## Gawain 1

Pag-ugnayin ang detalye sa Hanay A sa tanong na tumutukoy dito sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| Si Pagong at si Matsing | Bakit nagalit si Pagong kay Matsing? |
| Nakapulot siya ng isang puno ng saging | Saan pumunta si Pagong? |
| Kinain lahat ni Matsing ang bunga ng saging ni Pagong | Sino ang mga tauhan sa kuwento? |
| Sinabi ni Pagong na hindi siya marunong maglangoy at malulunod siya sa tuibig | Ano ang natagpuan ni Pagong sa kaniyang pamamasyal? |
| Namasyal si Pagong sa may tabing ilog. | Namasyal si Pagong sa may tabing ilog. |



### Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!

Basahin ang mga salita at pangungusap na nagbibigay ng kahulugan sa mga ito.

**tumpok** - May mga tumpok  sibuyas at kamatis sa palengke.

**sapa** - Ang sapa ay isang anyong tubig na mas maliit sa ilog.

**napagtanto** - Napagtanto ko na naiwan ko ang aking payong kahapon. Nalaman ko din na naiwan ko ito sa bahay ng aking kaibigan.

**tangay** - Tangay o nasa bibig na ng pusa ang pritong isda.

Basahin ang kuwento. Sagutan ang sumusunod na mga katanungan.

## Ang Alamat ng Saging

*Halaw*



Noong unang panahon sa isang nayon ay may magkasintahan. Sila ay si Juana at si Aging. Sila`y labis na nagmamahalan sa bawa`t isa. Ngunit tutol ang mga magulang ni Juana sa kanilang pag-iibigan. Gayun pa man di ito alintana ni Juana. Patuloy pa rin siyang nakikipagkita kay Aging.

Isang araw, naabutan sila ng ama ni Juana. Bigla itong nagsiklab sa galit at hinabol ng taga si Aging. Naabutan ang braso ni Aging at ito`y naputol. Tumakas si Aging at naiwang umiiyak si Juana. Pinulot niya ang putol na braso ni Aging at ito`y ibinaon sa kanilang bakuran. Kinabukasan, gulat na gulat ang ama ni Juana sa isang halaman na tumubong bigla sa kanilang bakuran. Ito`y kulay luntian , may mahahaba at malalapad na dahon.May bunga itong kulay dilaw na animo`y isang kamay na may mga dalir ng tao.Tinawag niya

si Juana at tinanong kung anong uri ng halaman ang tumubo sa kanilang bakuran.Pagkakita sa halaman, naalaala niya ang braso ni Aging na ibinaon niya doon mismo sa kinatatayuan ng puno. Nasambit niya ang pangalan ni Aging.”Ang punong iyan ay si Aging!” wika ni Juana.Magmula noon ang halamang iyon ay tinawag na “Aging” at sa katagalan ito’y naging saging.

1. Sino ang magkasintahan?
2. Kailan naganap ang kuwento?
3. Saan naganap ang mga pangyayari sa kuwento?
4. Ano ang nangyari kay Aging?
5. Bakit sinaktan si Aging ng tatay ni Juana?
6. Paano nalaman ni Juana na si Aging ang punong iyon?



**Kaalaman sa Literatura, Pagyamanin!**


**Gawain 2**

Basahin ang kuwento at sagutin ang tanong sa gawain. Sino/Sino-sino ang tauhan sa kuwento?

Kuwento A

**Lalong Nawalan**

*Adaptasyon*



Si Tagpi ay isang matakaw na aso.c Pinakikialaman niya ang lahat ng pagkain na kaniyang nakikita. Isang umaga, nakaramdam siya ng gutom. Pumunta siya sa palengke upang tumingin kung ano ang puwede niyang kainin. "Aba! May isang tumpok ng karne sa mesang iyon. Hindi nakatingin ang tindero kaya puwede ko siyang kunin", ang sabi niya sa sarili. At mabilis ngang tinalon ni Tagpi ang karne sa ibabaw ng mesa. Dali-dali niya itong kinagat at mabilis na tumakbo habang galit na galit naman na hinabol siya ng tindero.

Sa pagtakbo ni Tagpi ay napadaan siya sa isang tulay na nasa ibabaw ng isang sapa. Napatingin siya sa tubig. "Aba! At mayroong isang aso na meron ding tangay na karne," naisip niya. "Mabuti pa ay takutin ko siya upang ibigay din niya sa akin ang kaniyang karne," ang naghahangad pang dagdag niya. Malakas na kahol ang kaniyang ginawa upang takutin ang aso na nasa tubig ng sapa. Sa kaniyang pagkahol, nalaglag sa tubig ang karne na kaniyang tangay. Paglaglag nito sa tubig, nawala din ang asong may tangay ng karne. Noon niya napagtanto na ang asong may tangay na karne sa tubig at siya ay iisa. Nagsisi si Tagpi sapagkat lalo siyang nawalan ng pagkain.

Kuwento B

## Ang Pamilyang Nagkakaisa

*Akda ni Babylen Arit-Soner*

Sabado ng umaga. Dahil walang pasok sa opisina at paaralan, nagkasundo ang Pamilya Isidro na magdekorasyon ng kanilang tahanan para sa nalalapit na pasko. Gumawa ng **Christmas tree** si Mang Indo. Katulong niya ang anak na si Boboy. Si Aling Tonya naman ay gumawa ng mga bulaklak na **poinsettia**na gawa sa **colored paper**. Inilagay niya ito sa **Christmas tree** bilang disenyo. Tinulungan siya ng kaniyang anak si Lila. Pagkatapos, tulong-tulong silang mag-anak na gumupit ng mga makukulay na plastik upang gawing parol. Isinabit nila ito sa kanilang mga bintana. Masayang-masaya ang mag-anak sa kanilang ginawa.

**Tandaan!**

Gumagamit ang mga manunulat ng iba't ibang uri ng tauhan sa kuwento tulad ng mga hayop o tao.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

**Tandaan!**

Ang mga elemento o sangkap ng isang maikling kuwento ay ang **tauhan**, **tagpuan** at **pangyayari**.

## Gawain 3

Gumawa ng isang maikling kuwento na gumagamit ng tao bilang tauhan at isang kuwento na gumagamit naman ng hayop bilang tauhan.Isulat mo ito sa kuwaderno at basahin ito sa klase.

# Modyul 27
# Magaling Sumunod




Nilalayon ng modyul na ito na malinang ang kakayahanng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, mapagyaman ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong at pagsasadula nito. Nilalayon din ng modyul na ito na malinang  ang kanilang kaalaman sa wastong pakikipag-usap sa telepono, gayundin ay higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pagsulat



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Isagawa ang usapan sa telepono.

Zaza: Magandang hapon po! Maaari po bang malaman kung sino ang nasa kabilang linya?

Gng. Reyes: Magandang hapon din sa iyo, Zaza! Si Gng. Reyes ito, ang kagawad ng ating barangay.Maaari ko bang makausap ang iyong magulang?

Zaza: Nasa grocery store po sila, Gng. Reyes. Maaari po bang malaman ang inyong mensahe para sa kanila?

Gng. Reyes: Pakisabi sa kanila na iniimbitahan ko sila na makiisa sa gagawing "Oplan Atag" sa ating barangay sa darating na Sabado, sa ganap na ika-pito ng umaga.

Zaza: Ano po ang "Oplan Atag", Gng. Reyes?

Gng. Reyes: Ito ay ang paglilinis sa ating barangay. Kaya magdadala din sila ng mga kagamitang panlinis para sa gawaing ito.

Zaza: Makakarating po ang inyong mensahe sa aking magulang, G. Reyes.

Gng. Reyes: Maraming salamat sa iyo, Zaza. Paalam!

Zaza: Wala pong anuman, Gng. Reyes. Paalam po!

## Tandaan!

Gumamit ng magagalang na pananalita sa pakikipag-usap sa telepono.

1. Batiin ang kausap ayon sa sitwasyon (magandang umaga/tanghali/hapon)
2. Gumamit ng po at opo sa pagtatanong at pagsagot.
3. Magpasalamat sa kausap.
4. Magpaalam nang maayos sa kausap.

## Gawain 1

Piliin ang magalang na pananalita na angkop gamitin sa pakikipag-usap sa telepono. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Tumunog ang inyong telepono isang umaga. Sa pagsagot nito, ano ang iyong sasabihin?
   a. Magandang umaga po. Maaari po bang malaman kung sino sila?
   b. Magandang umaga. Sino sila?
   c. Sino sila?
2. Nais mong malaman ang mensahe ng tumatawag para sa iyong kapatid. Ano ang iyong itatanong?
   a. Ano ang gusto ninyong sabihin?
   b. Bakit ka tumawag?
   c. Maaari ko po bang malaman ang inyong mensahe sa aking kapatid?
3. Kapag wala ang taong nais kausapin ng tumatawag, ano ang iyong sasabihin?
   a. Wala siya dito.
   b. Bakit mo tinatanong?

c. Ikinalulungkot ko po. Wala po siya dito ngayon.

4. Kapag tatawagin mo ang taong gustong makausap ng tumatawag, ano ang sasabihin mo?
   a. Maghintay ka at tatawagin ko siya.
   b. Sandali lamang po at tatawagin ko siya.
   c. Tatawagin ko siya.

5. Kapag nagpasalamat ang iyong kausap, ano ang iyong isasagot?
   a. Paalam po!
   b. Paumanhin po!
   c. Walang anuman po!

## Gawain 2

Kausap ni Daren ang kaniyang Ninong Joseph sa telepono. Punan ng tamang magalang na pananalita ang patlang upang mabuo ang kanilang pag-uusap. Gawin ito sa kuwaderno.

*Ninong:* Magandang gabi sa iyo, Darenn!
*Darenn:* _________ din po ninong. Kumusta ka na po?
*Ninong:* _________ naman. Maaari ko bang makausap ang iyong Papa?
*Darenn:* _________ po ninong pero nasa opisina pa po si Papa. May iiwan po ba kayong mensahe?
*Ninong:* Tatawag na lamang ako ulit upang makausap siya. Salamat Darenn!
*Darenn:* _________ ninong!
*Ninong:* Paalam!
*Darenn:* _________ ninong!



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Basahin ang kuwento.

**Mensahe sa Telepono**

*Akda ni Grace Urbien-Salvatus*

*Zaza: Magandang hapon po! Maaari po bang malaman kung sino ang nasa kabilang linya?*

*Gng. Reyes: Magandang hapon din sa iyo, Zaza! Si Gng. Reyes ito, ang kagawad ng ating barangay.Maaari ko bang makausap ang iyong magulang?*

*Zaza: Nasa grocery store po sila, Gng. Reyes. Maaari po bang malaman ang inyong mensahe para sa kanila?*

*Gng. Reyes: Pakisabi sa kanila na iniimbitahan ko sila na makiisa sa gagawing "Oplan Atag" sa ating barangay sa darating na Sabado, sa ganap na ika-pito ng umaga.*

*Zaza: Ano po ang "Oplan Atag", Gng. Reyes?*

*Gng. Reyes: Ito ay ang paglilinis sa ating barangay. Kaya magdadala din sila ng mga kagamitang panlinis para sa gawaing ito.*

*Zaza: Makakarating po ang inyong mensahe sa aking magulang, G. Reyes.*

*Gng. Reyes: Maraming salamat sa iyo, Zaza. Paalam!*

*Zaza: Wala pong anuman, Gng. Reyes. Paalam po!* Pagdating ng kaniyang magulang ay sinabi niya ang mensahe ni Gng. Reyes para sa kanila."Hayaan mo anak at makikibahagi kami sa Oplan Atag. Tatawagan ko si G. Reyes upang ipaalam

ito," ang sabi ng kaniyang nanay. "Ihahanda ko naman ang mga kagamitan sa paglilinis," wika naman ng kaniyang tatay.

"Maaari po ba akong sumama sa paglilinis o pag-aatag?" tanong ni Zaza sa kaniyang magulang. Napangiti ang mga ito.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin mo ang mga salitang angkop sa ikalawang baitang at ang mga magagalang na pananalita sa pagsagot sa telepono na ginamit sa ating aralin.

| | | | |
|---|---|---|---|
| diyalogo | opisina | magulang | makausap |
| mensahe | kalinisan | barangay | kagamitan |
| | panlinis | napangiti | |

1. Batiin ang kausap ayon sa sitwasyon (magandang umaga/tanghali/hapon)
2. Gumamit ng po at opo sa pagtatanong at pagsagot.
3. Magpasalamat sa kausap.
4. Magpaalam nang maayos sa kausap.

**Tandaan!**

Binabasa ang mga salita at mga pangungusap nang may papantig na baybay, may wastong diin sa pantig nito, may tamang paghinto, at pagsunod sa bantas na ginamit.

Isinusulat ang mga pangungusap nang may wastong espasyo sa pagitan ng mga salita, wastong gamit ng malaking letra sa unahan ng pangungusap, at paggamit ng bantas sa hulihan nito.

## Gawain 3


Sipiin nang wasto ang mga magagalang na pananalita sa pakikipag-usap sa telepono. Batiin ang kausap ayon sa sitwasyon

1. (magandang umaga/tanghali/hapon).
2. Gumamit ng po at opo sa pagtatanong at pagsasagot.
3. Magpasalamat sa kausap.
4. Magpaalam nang maayos sa kausap.

# MTB-MLE

# Kuwarter 4

# Ako At ang aking Pamayanan



# Modyul 28
# Paghihiwalay ng Basura




Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, malinang ang kaisipan sa pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng paghihinuha sa maaaring mangyari sa kuwento at pagtukoy sa tiyak na impormasyon na sumasagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, . Nilalayon din nito na malinang ang kaalaman ng mag-aaral sa paggamit ng panghalip panturo na dito, diyan at doon at mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat at pagbasa.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin

Bigkasin nang wasto.

Ador: Itay, bakit hindi na lamang natin dito ilagay ang basura?

Mang Kanor: Hindi dapat diyan itapon ang basura,tingnan mo may nakapaskil na karatula. Malayo naman ang pinagdadalhan natin ng basura. Doon pa sa banda roon. Doon dadaan ang trak.

**Tandaan!**

Ang **dito, diyan at doon ay mga Panghalip na panturo.**

Ginagamit ang **dito** kung ang itinuturo ay sa kinatatayuan ng nagsasalita at kausap.

Ginagamit ang **diyan** kung ang itinuturo ay hindi gaanong malayo sa nagsasalita. Ginagamit ang **doon** kung ang itinuturo ay malayo sa nag-uusap.

### Gawain 1

Basahin ang diyalogo. Punan ng dito, diyan o doon.

May bagong kamag-aaral si Ador. Nakilala niya ito sa loob ng silid-aralan.

Ador: Ako nga pala si Ador. Ikaw, ano ang pangalan mo?

Lexter Ann: Ako si Lexter Ann. Walong taong gulang na ako. _____ na ako mag-aaral sa paaralan ninyo. Malayo ang bahay namin

sa paaralan. _____ kami sa Laguna nakatira.

Ador: Bakit nais mo na ______ mag-aral?

Lexter Ann: Kaya naman ______ako lumipat ay dahil____ nagtuturo ang nanay ko. Kumuhapa nga ako ng pagsusulit. ______ sa kinauupuan mo ako kumuha ng pagsusulitNakapasa naman ako. Pero sa isang taon, ______ na lamang ako sa Laguna. Marami ring paaralan _______ na maaari kong pasukan.

Ador: Sige, _____ ka maupo sa bakanteng upuan at mamaya ay ipakikilala kita sa mga kaibigan ko.

Lexter Ann: Salamat



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Basahin ang kuwento.

**Saludo Ako Sa Iyo, Mang Kanor**

*Akda niNida C. Santos*

Nakapaskil sa isang pader ang isang karatula na malapit sa bahay nina Mang Kanor.

Isang gabi, lumabas si Mang Kanor na may dalang malaking plastic



ng bag ng mga  basura.Kasama niya si Ador. Nakita ni Ador ang bunton ng mga basura at sinabi niya na doon na lamang itapon ang basura.

“Itay,bakit hindi na lamang natin dito itapon ang basura?” tanong ni Ador.

“  Hindi dapat diyan itapon ang basura ,tingnan mo may nakapaskil na karatula.Ma- layo  pa ang pinagdadalhan natin ng basura at doon pa sa banda roon. Sumunod tayo sa batas, anak.”sagot ni Mang Kanor.

“At saka doon dadaan ang trak ng basura kaya dapat ay doon  dalhin,” dagdag pa ni Mang Kanor.

“ E, bakit ang iba, dito nila iniwan ang kanilang basura.”“Bakit natin sila tutularan?Pag nahuli  ang nagtatapon tiyak na may katumbas na parusa. At pag dito itinapon,ikakalat  ng aso ang mga basura. Bunga nito ay maraming langaw  ang dadapo. Pagkatapos ano ang mangyayari?”tanong ni Mang Kanor sa anak.

“Marami pong magkakasakit.”sagot ni Ador sa kanyang ama. Mabuti Ador at alam mo.” Habang itinatapon ni  Mang Kanor ang  laman ng malaking plastic sa tamang tapunan ay may tumigil na  isang kotse.

“Kanor, ikaw pala iyan.”ang bati ng isang ti- nig. Si Mayor ang bumati kay Mang Kanor. Bumati ng magandang gabi si Mang Kanor kay Mayor.

“Magandang gabi naman.Talagang matapat kang mamamayan. Huwaran ka  sa pagiging masunurin.  Saludo ako sa iyo, Mang Kanor”, may paghangang wika ni Mayor. Maging si Ador ay sumaludo rin sa kanyang tatay.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang mga salita sa kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| sino | pinsan | dito | kanyang |
| bahay | batang | karatula | langaw |
| sinabi | matagal | taong | ilalim |
| sagot | paruparo | subalit | punong |
| malaking | | magkakasakit | |

**Tandaan!**

Binabasa ang mga salita ayon sa pabaybay na pantig nito. Ginagamit ang tamang diin sa bawat pantig upang maibigay ang wastong kahulugan ng bawat salita.

**Gawain 2**

Basahin ang kuwento.

**Ang Munting Prinsesa**

*Akda ni Lolita T. Asi*

Si Lally ay isang batang ulila na inampon ng ng kaniyang Tiya Celia. Malungkot ang buhay ni Lally sa piling ng mag-anak ng kanyang Tiya Celia. Bagamat siya ay walong taong gulang pa lamang, pagluluto, paglalaba at paglilinis ng bahay ang ipinagagagawa sa kanya. Kadalasan ay pinapalo pa kung siya ay nagkakamali at hindi niya nagagampanan nang maayos ang mga utos.

Minsan , umiiyak na nagtago si Lally sa ilalim ng punongkahoy nang bigla siyang makarinig ng isang tinig. "Lally, alam kong mabait kang bata.

Nakikita ko ang ginagawa mo."



Nagulantang si Lally at biglang napasigaw. " Sino ka?",ang tanong ni Lally. "Ako ang nagsalita," sagot ng isang paruparo. "Huwag kang matakot." "Ano ? Nakapagsasalita ka? Isa kang mahiwagang paruparo, "wika ni Lally na nanlalaki ang mga mata." Nais mo bang lumayo sa iyong Tiya Celia? Sumagot ng opo si Lally subalit sinabi rin niya na wala siyang mapupuntahan. Sinabi ng paruparo sa kanya na isasama na siya sa kanilang kaharian at magiging isa siyang Munting Prinsesa. "Sa guwang ng malaking punong ito ang pinto papasok sa aming kaharian.", paliwanag ng mahiwagang paruparo. Nangangamba man ay pumayag si Lally at sumama sa pagpasok sa pintuan ng malaking puno.Manghang-mangha si Lally sa kagandahan ng kaharian ng paruparo.Si Lally ay naging isang munting prinsesa. Mula noon hindi na nakita pa si Lally ng kanyang Tiya Celia at mga pinsan. Hindi naman hinanap pa siya ng kanyang Tiya Celia at mga pinsan.

## Gawain 3

A. Hanapin ang pinakamalapit na kahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

____1. Si Lally ay nangangamba na sumama sa kaharian ng mga paruparo

a. nasasabik c. nalulungkot
b.natutuwa d. natatakot

____ 2. "Sa guwang ng malaking punong ito ang pinto papasok sa aming kaharian," paliwanag ng mahiwagang paruparo.

a. butas c. pinto
b. drowing d. sugat

____ 3. Matagal na kitang minamanmanan. Batid ko ang lahat ng nangyayari sa iyo.

a.kinakaibigan c. sinasamahan
b.sinusubaybayan d. kinatatakutan

____ 4. Nagulantang si Lally at biglang napasigaw.

a. natakot c. nagalit
b. nagulat d. napaiyak

____ 5. Hindi niya nagagampanan ang utos ng kanyang tiya.

a. naalala c. narinig
b. nagawa d. nalaman

B. Piliin ang letra ng tamang sagot.

____1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?

a. Catty b. Lally c. Willy

____2. Saan naganap ang kuwento?

a. sa may ilalim ng punong kahoy
b. sa bahay ng pinsan

c. sa hardin

____3. Bakit malungkot ang buhay ng pangunahing tauhan?

a. dahil lagi siyang iniiwan ng kanyang tiya

b. dahil walang may gustong makipagkaibigan sa kanya

c. dahil hindi siya mahal ng kanyang Tiya Celia at mga pinsan

____4. Paano sumaya ang bata sa kuwento?

a. Naging mabait sa kanya ang Tiya Celia at mga pinsan niya.

b. Sumama siya sa mahiwagang paruparo sa kanyang kaharian.

c. Lumipat siya ng bahay sa isang kaibigan.

____5. Ano sa palagay mo ang mangyayari kay Lally kung hindi siya isinama ng mahiwagang paruparo sa kaharian?

a. Patuloy siyang aapihin ng kanyang Tiya Celia at mga pinsan.

b. Sasaya siya sa piling ng mga pinsan.


c. Magpapaampon siya sa isang mayaman

## Gawain 4

Lagyan ng bilang 1-3 ang larawan kung alin ang una, gitna at huling pangyayari







## Tandaan!

a. Isinusulat natin ang isang kuwento na may tauhan, tagpuan at pangyayari
b. Ang unang pangungusap sa bawat talata ng isang kuwento ay nakapasok
c. Ang bawat pangungusap sa isang kuwento ay nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa wastong bantas.

## Gawain 5

Sumulat ng isang maikling kuwento na may tagpuan, tauhan at pangyayari. Sundin ang pamantayan sa pagsulat.

# Modyul 29
# Komunikasyon
# (Telepono)



Nilalayon ng modyul na ito na mapagyaman ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan at pag-unawa sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga pangyayari, pagtukoy sa suliranin at pagbibigay ng angkop na solusyon sa binasa o napakinggang teksto ,pagbibigay ng opinyon o komento, at pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Mahubog ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng magagalang na pananalita at wastong pakikipag-usap sa telepono. Malinang ang kaalaman sa pagbigkas at pagbasa ng mga salitang may kambal-katinig o klaster at mahubog ang kakayahan sa paggawa o pagbuo ng isang sulat paanyaya.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

**Ang Paboritong Tunog**

K-r-r-r-ring! K-r-r-r-ring! Nag-aaral si Primo ng biglang tumunog ang telepono.Kaagad tumayo si Primo at sinagot ito. Ang boss ng kanyang tatay ang tumawag.

Primo: Hello.
Boss : Hello. Ito ba ang tahanan ni G. Crisostomo?
Primo : Opo. Sino po sila?
Boss: Si G. Briones ito?
Primo: Magandang hapon po, G. Briones. Kailangan po ba ninyo ang tatay ko?
Boss: Oo sana. Puwede ko ba siyang makausap?
Primo: Wala po si tatay rito.
Boss : Saan ko siya maaaring tawagan? Mahalaga ang sasabihin ko sa kanya.
Primo: Ikainalulungkot ko po hindi po ninyo siya makakausap. Nagpunta po sila ni Inay sa bahay ng mga Lolo at Lola ko. Dumadalaw lang po sila.
Boss: Magtatagal kaya sila roon?
Primo: Marahil ay pauwi na po siguro sila Ipagpaumanhin po ninyo, di ko po masabi sa inyo na tawagan si Tatay sa cellphone niya sapagkat naiwan po niya ito dito sa bahay. Hayaan po ninyo at sasabihin ko po na tawagan agad kayo .Alam po ba ni tatay ang numero ng inyong telepono?

Boss: Oo . Maghihintay ako. Salamat. Paalam.
Primo: Sige po. Paalam po.

## Tandaan!

1. Maging magalang sa pakikipag-usap.
2. Gumamit ng katamtamang lakas ng boses sa pakikipag-usap.
3. Iwasan ang mahabang pakikipag-usap sa telepono.
4. Makinig na mabuti sa kausap.
5. Magpaalam kapag tapos na ang pakikipag-usap. Ang tumawag ang siyang unang dapat magpaalam.

## Gawain 1

Humanap ng kapareha at isadula ang usapang ito sa telepono. Basahin ang iyong linya.

K-r-r-r-ring! K-r-r-r-ring!

Tricia : Hello!
Gng. Gloria : Si Gng . Malvar ito. Maaari bang makausap si Gng. Clara?
Tricia : Wala po siya sa bahay ngayon. Ako po si Tricia, ang anak niya. May ipagbibilin po ba kayo?
Gng. Gloria: Pakisabi mo na lang sa nanay mo na tumawag sa akin pagdating niya.
Tricia: Opo. Sasabihin ko po sa Nanay .
Gng. Gloria: O sige, salamat. Paalam
Tricia : Wala pong anuman. Paalam.



**Hiwaga ng Panitikan,**
**Tuklasin!**

Basahin ang kuwento sa kasunod na Pahina

# Dyaryo, Dyaryo!

*Akda ni Nida C. Santos*




"Dyaryo! Dyaryo!" ang sigaw ng batang si Primo. Pagtitinda ng dyaryo ang hanapbuhay ni Primo.Sa kanyang gulang na walo ay marunong na siyang tumulong sa kanyang nanay at tatay sa mga gawain. Kumikita siya ng halagang isangdaang piso tuwing umaga sa pagtitinda ng dyaryo. Dahil dito, hindi na siya humihingi ng baon sa kanyang mga magulang.

Isang umaga, maagang nagtinda ng dyaryo si Primo. Marami ang bumili sa kanya ng dyaryo.Nagtataka si Primo kung bakit lahat ng taong makita niya ay nais bumili ng dyaryo.Pati ang mga kapitbahay nila na sina Aling Gloria, Mang Placido,at Aling Trinidad ay bumili rin ng dyaryo. Dumaan si Primo sa bahay ng kanyang mga kaibigan na sina

Brix, Tricia, Troy, at Brando. Nakita niya na ang tatlo ay nagbabasa na rin ng dyaryo.Pati ang dyanitor nila sa paaralan na si Mang Bruno ay nagbabasa na rin ng dyaryo. Nagtataka si Primo kung bakit ang lahat ng tao ay abala sa pagbabasa ng dyaryo. Bahagyang huminto si Primo sa paglalakad at binasa niya ang nilalaman nito.

May anunsiyo sa dyaryo na masama angklimang mararanasan, may mga paalala na maghanda lalo na sa malaking pagbaha na may kasamang mga troso mula sa bulubundukin. Namangha si Primo sa balita. Kaagad siyang umuwi ng bahay at ibinalita sa magulang ang maaaring mangyari sa maghapon at magdamag."Mabuti na lamang at naubos na ang tinda kong dyaryo," ang sambit ni Primo.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang mga salita .

| | | | |
|---|---|---|---|
| Primo | Brix | Gloria | Tricia |
| Placido | Troy | Trinidad | Brando |

**Tandaan!**

Ang may salungguhit na letra sa bawat salita ay parehong katinig. Kapag binibigkas ang mga salita na


may parehong katinig sa unahan, ang naririnig natin ay tunog ng dalawang letrang katinig subalit binibigkas ito nang isahang daloy o mabilis. Dalawang letra ang bumubuo ng bawat tunog na kung tawagin ay kambal katinig o klaster.

Ang **kambal katinig**o **klaster** ay dalawang magkasunod na katinig na binibigkas nang mabilis o isahang daloy. Magkasama ito sa isang pantig.


Halimbawa:
` plato, prutas, tsokolate,
tsinelas, plasa, Primo, dyaryo

## Gawain 2

Isulat ang angkop na ngalan ng larawan. Bilugan ang tunog na klaster at bigkasin nang wasto.








________ ________ ________ ________ ________

Basahin ang sulat.

68 Santolan St.
Pallocan West, Batangas City
Disyembre 2, 2012

Mahal kong Resmin,

Malapit na ang aking kaarawan. Dahil isa ka sa mahal kong kaibigan, nais ko na makasama ka sa pagdiriwang ng aking kaarawan. Ang selebrasyon ay gaganapin sa Linggo, Disyembre 8, sa ganap na ika-4 ng hapon sa aming tahanan. Hihintayin kita.

Ang iyong kaibigan,

Raquel

## Tandaan!

Isang uri ng Liham-Pangkaibigan ang liham na paanyaya.

Isinusulat ito upang mag-anyaya sa isang okasyon o pagdiriwang.

Tiyaking sinasabi sa liham ang okasyon at ang lugar, petsa at oras na gaganapin ito.

## Gawain 3

Ang sumusunod ay bahagi ng isang liham na paanyaya. Isulat nang wasto ang mga ito sa wastong balangkas. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang iyong kaibigan,
2. 510 Mabini St.
   Sta.Rosa, Laguna
   Disyembre 1,2012
3. Mahal kong Elsa,
4. Inaanyayahan kitang dumalo sa aking kaaraawan sa ika-15 ng Disyembre, araw ng Linggo. Magkakaroon isang salusalo sa aming bahay sa ganap na ika-3 ng hapon. Inaasahan ko ang iyong pagdating.
5. Elvie

# Modyul 30
# Kahoy Bilang Panggatong



Nilalayon ng modyul na ito na malinang ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, mapagyaman ang kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong. Malinang ang kaalaman ng mag-aaral sa wastong pakikipag-usap sa telepono, at higit na mapaunlad ang kakayahan ng mag-aaral sa pagbasa at pagsulat



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin.

### Paraaan ng Pagsasaing

1. Kumuha ng 3 tasa ng bigas.
2. Hugasan ito ng 3 beses.
3. Lagyan ito ng katamtamang tubig para sa dami ng bigas na lulutuin.
4. Takipan ang kaldero at isalang ito sa lutuan na may katamtamang lakas ng apoy.
5. Pagkalipas ng 5 minuto ay tingnan kung ito ay luto na.
6. Pahinaan ang ningas ng apoy at hayaang main-in ang tinatawag na kanin

### Tandaan!

Isaisip at isagawa nang wasto ang mga salitang pautos sa bawat panuto. Ang mga salitang kumuha, hugasan, lagyan, takipan, pahinaan ay halimbawa ng mga **salitang pautos**

. Ang **panuto** ay mga pangungusap na dapat sundin ng taong kausap.Ginagamit din ang mga salita tulad ng sa kanan, sa kaliwa, sa itaas, o sa ibaba sa pagbibigay ng panuto.

Halimbawa: Isulat ang buong pangalan sa kaliwang bahagi ng papel

## Gawain 1

Bilugan ang salitang pautos na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Itaas ang  mga kamay.
2. Pumalakpak ng sampu.
3. Kumuha ng lapis at papel.
4. Isulat ang iyong  pangalan sa itaas ng papel..
5. Itupi ang papel sa gitna



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

### Ang Alamat ng Palay

*Isinakuwento ni Nida C. Santos*



Noon, hinihintay lamang ng  mga tao ang pagdating ng palay sa kanilang bahay. Malalaki at dilaw na dilaw ang mga butil  ng palay noon. Kusang gumugulong ito patungo sa bahay- bahay.

" Magpapagawa ako ng  malaking bahay," ito ang naisip ni Tandang Olay. " Lalong bubuti ang buhay ko kaysa sa aking mga kapitbahay kung higit

na marami akong palay." Ngunit hindi pa natatapos ang bahay ni Tandang Olay, nakita niyang dumarating na ang malalaking butil ng palay.Tuloy-tuloy ang mga ito sa kanyang bahay.

"Huwag muna kayong tumuloy!" sigaw ni Tandang Olay. "Hindi pa tapos ang aking bahay!"

Ngunit patuloy na gumulong ang mga butyl ng palay sa bahay ni Tandang Olay. Nagalit ang matanda. Kumuha siya ng kaputol na kahoy. inaghahampas niya ang malaking butil ng palay.
Nagkadurog-durog ang mga ito.

"Olay, bakit mo sinaktan ang palay na kaloob ko sa iyo?" ,ang wika ng isang tinig. "Dahil dito sa ginawa mong ito  ay di na muling gugulong ang palay sa inyong bahay.Mula ngayon, magpapatulo muna ng pawis ang tao bago mag-ani ng palay.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin mo ang mga pangungusap mula sa Alamat.


1. Sagana noon ng palay ang mga tao.
2. Hinihintay ng mga tao ang pagdating ng palay sa kanilang bahay.
3. Malalaki at dilaw na dilaw ang butil ng palay.
4. Kumuha ng kaputol na kahoy si Tandang Olay.


## Tandaan!

Ang salitang nagtatapos sa ay, ey, iy, oy, uy at aw, iw, ew, ow, uw ay mga salitang may diptonggo.May mga salitang may diptonggo. Ito ay kailangang mabigkas nang wasto.Binubuo ito ng patinig na a, e, i, o, at u na sinusundan ng w at y. Napapaloob ang diptonggo sa isang pantig lamang.

## Gawain 2

Pumalakpak ng 2 kung ang ngalan ng bawat larawan ay may diptonggo.


1.


2.


3.


4.


5.

## Gawain 3

Isulat ang salitang may diptonggo na tinutukoy sa bawat bilang.

1. Isinisigaw kapag nasasaktan- _____________
2. Tawag sa ama-___________________________
3. Ginagamit na panggatong-_______________
4. Isang tirahan-____________________________
5. Maliit na ibon- ____________________________

## Gawain 4

Basahin at pag-aralan mo naman ang liham ni Resmin kay Raquel.

20 D' Hope Street,<br>
Libjo,Batangas City<br>
Disyembre 20, 2012

Mahal kong Raquel,

Maraming salamat sa pag-imbita mo sa akin sa iyong kaarawan. Lubos akong nasiyahan sa pagdiriwang. Gayundin, salamat sa mga larawang ipinadala mo sa akin. Kay gaganda ng kuha natin! Inilagay kong lahat sa aking album. Humahanga sina Nanay at ate sa mga tanawin na pinasyalan natin sa inyong bukid.

Muli maraming salamat sa iyo.

Ang iyong kaibigan,<br>
Resmin

## Tandaan!

Isa pang uri ng liham pagkaibigan ay ang liham pasasalamat. Ito ay mayroon limang bahagi: ang pamuhatan, bating pambungad, katawan ng liham, bating pangwakas, at ang lagda.

Gumagamit ng iba't ibang uri ng pangungusap at tamang bantas.

## Gawain 4

Isulat ang bawat bahagi ng liham pasasalamat.

a. Kung susulat ka sa iyong kaibigan na nasa malayong lugar.Isulat ang iyong address para sa pamuhatan.
b. Sumulat ng bating pambungad para sa iyong kaibigan.
c. Isulat ang katawan ng liham na nagpapasalamat sa natanggap mong regalo ng magdiwang ka ng iyong kaarawan.
d. Isulat ang bating pangwakas para sa iyong kaibigan.
e. Isulat ang iyong lagda.

# *Modyul 31*
# Ako Man ay Bayani



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, malinang ang kakayahan sa pagbasa at pagbibigay ng kahulugan ng mga salitang binasa, at pag-unawa sa binasang teksto .Paghihinuha sa maaaring mangyari sa kuwento at pagtukoy sa tiyak na impormasyon na sumasagot sa mataas na antas ng mga tanong. Malinang ang kaalaman ng mag-aaral sa paggamit ng pautos na salita sa pagbibigay ng 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura at mahubog ang kakayahan sa pagbasa at pagsulat ng liham na humuhingi ng paumanhin.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Basahin ang sinasabi ng guro na si Bb Villano. Ngayon ay tingnan ang mga bata sa silid aralan ni Bb. Villano, kung masunurin sila.



Mga bata, makikinig tayo ng isang awit. Bago natin ito pakinggan, kumuha kayo ng isang malinis na papel.



Isulat ang inyong pangalan sa unang guhit sa dakong kaliwa ng inyong papel.

Isulat ang petsa ngayon sa kanang bahagi nito


Itaas ang inyong papel upang malaman ko kung nakasunod kayong lahat sa aking sinabi
Ngayon ay makinig kayong mabuti sa awit na aking patutugtugin.
Matapos ninyong marinig ang awit ay iguhit ninyo ang larawang ipinahihiwatig ng awit.
Itaas ang inyong iginuhit. Ngayon, mga bata, isa- isa kayong pumunta sa harapan at ipakita ang inyong iginuhit.

## Tandaan!

Ang panuto ang mga gawaing dapat sundin ng taong kausap. Ginagamit ang mga salitang pautos sa pagbibigay ng panuto.


Ginagamit din ang mga salita tulad ng sa kanan, sa kaliwa, sa itaas, o sa ibaba sa pagbibigay ng panuto.

Halimbawa:

Ilagay ang kanang kamay sa kaliwang bahagi ng dibdib habang inaawit ang "Lupang Hinirang."

## Gawain 1

Pag-aralan ang mga larawan. Bumuo ng limang panuto batay sa nakalarawan.



## Gawain 2

Sipiin ang mga pangungusap sa iyong kuwaderno. Salungguhitan ang salitang pautos na nasa bawat pangungusap.

1. Kumuha ng isang buong papel.
2. Isulat ang buong pangalan sa kaliwang bahagi ng papel.
3. Sa kanang bahagi ay isulat ang pangalan ng guro.
4. Gumuhit ng isang malaking bilog sa gitna ng papel.
6. Sa loob ng bilog ay isulat ang iyong palayaw.




**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

### Si Apolinario Mabini

*Hinalaw ni Nida C. Santos*

Tinaguriang "Utak ng Rebolusyon" at "Dakilang Lumpo" sa kasaysayan ng ating bansa si Apolinario Mabini. Pule ang palayaw niya. Isinilang siya sa Talaga,Tanauan, Batangas noong Hunyo 23, 1864. Ang kanyang pinagmulan ay sa isang mahirap na pamilya lamang.Gayon man, masipag at matipid ang kanyang mga magulang. Kaya, sa kabila



ng kahirapan ay nakapag-aral itong si Pule. Maraming humahanga kay Pule. Matalino, masipag. masikap, at masunurin ang batang ito. Nais niyang makatapos sa pag-aaral.

Nakapag-aral siya sa Maynila sa Colegio de San Juan de Letran. Batid ni Pule na pinaghirapan ng kanyang mga magulang ang ginagastos niya sa pag-aaral. Kaya nawiwika niya sa kanyang sarili na " Magtitipid ako. Kailangan kong mapagkasya ang halagang kaya lamang itustos ng aking mga magulang.

Naging isang ganap na abogado si Pule. Naging isang mahusay na manananggol. Ngunit siya'y nagkasakit ng malubha hanggang maging lumpo. Sa kabila ng kanyang kapansanan siya ay ginawang kalihim at tagapayo ni Heneral Emilio Aguinaldo.

Isinasama siya ng Heneral Aguinaldo saan man magpunta. Isinasakay siya sa duyan. Sa kabila ng mahinang katawan, naipakita ni Apolinario Mabini ang matapat na pag-ibig sa bayan.

Sumakabilang- buhay siya noong ika-13 ng Mayo, 1903.




**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin mo kung paano inilarawan ni Resmin ang Barangay na narating niya

**Barangay Tahimik**

*Akda ni Rejulios M. Villenes*



Ito ang larawan ng Barangay Tahimik. Hindi magulo rito. Payapa ang kalooban ng naninirahan at tuwina ay nagtutulungan. Malayo ito sa polusyon. Sariwa ang hanging malalanghap dito. Sariwa rin ang mga gulay na galing sa kanilang mga itinanim. Manamisnamis ang isda at iba pang lamang dagat dahil sariwa rin ang mga ito.

Kaya naman malulusog ang mga mamamayan ng Barangay na ito. Hindi sila masasakitin. Karamihan sa mga nakatira rito ay may malalawak na lupain. Makikita rin ang maluluwang .

Basahin ang mga salita sa loob ng bawat kahon.

tahimik - payapa
malawak - maluwang

tahimik - magulo
polusyon - sariwa
malulusog - masasakitin

## Tandaan!

1. Ang dalawang salita ay magkasingkahulugan kapag pareho ang kanilang ipinahihiwatig.

2. Ang dalawang salita ay magkasalungat kapag ang kanilang kahulugan ay kasalungat o kabaliktaran ng isa't isa.
3. Mahalagang malaman ang kahulugan ng sang salita upang madaling maunawaan ang ipinahihiwatig o nais ipahatid

## Gawain 3

Hanapin sa hanay B ang salitang kasing kahulugan ng salitang nasa hanay A. Isulat sa iyong sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. mabilis | a. marikit |
| 2. maganda | b. maalam |
| 3. marunong | c. matulin |
| 4. masaya | d. madumi |
| 5. madungis | e. maligaya |

## Gawain 4

Piliin ang kasalungat na salita ng nasa kanan sa talaang nasa kaliwa. Isulat ang letra ng tamang sagot sa malinis na papel.

| | |
|---|---|
| _____1. mababa | a. maingay |
| _____2. tahimik | b. mataas |
| _____3. sariwa | c. mali |
| _____4. mahal | d.maluwang |
| _____5. manipis | e. lanta |
| _____6. makipot | f. mura |
| _____7. tama | g. makapal |
| _____8. malusog | h. magulo |
| _____9. malakas | i. sakitin |
| _____10. maayos | j. Mahina |

Basahin.

169Santolan Street,
Sta. Rosa Laguna
Disyembre 23,2012

Mahal kong Raquel,

Natanggap ko ang iyong imbitasyon para sa iyong kaarawan.Ikinalulungkot ko ang hindi ko pagdalo . Maysakit ang aking tatay at kailangan ko siyang bantayan sa ospital.

Lubos kitang naalala noong araw na iyon.

Sana ay maunawaan mo ako sa di ko pagdalo.

Ang iyong kaibigan,

Fiela

## Tandaan!

Ang liham ay may iba't ibang nilalaman.

May liham na humihingi ng paumanhin. Sa bawat liham ay may layunin o nais ang taong sumulat nito. Bagamat iba-iba ang nilalaman ng mga ito, magkakapareho pa rin ang mga bahagi nito. Ito ay pamuhatan, bating panimula, katawan ng liham, bating pangwakas at lagda.

## Gawain 5

Isulat ang mga bahagi ng liham sa angkop na kinalalagyan.

1. Ipagpaumanhin mo ang hindi ko pagdalo sa pagsasanay ng sabayang awit noong Sabado dahil sa matinding sakit ng aking ulo. Nanghihinayang ako sa pagkakataong nawala sa akin. Asahan mo na dadalo na ako sa susunod na pagsasanay. Inaasahan ko ang iyong pag-unawa.
2. Umaasa,
3. Sampaguita Homes,<br>Gulod Itaas, Batangas City<br>Oktubre16, 2012
4. Mahal kong Sabel,
5. Tess

# Modyul 32
# Pinagkukunang Yaman



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, malinang ang kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng paghihinuha sa maaaring mangyari ,pagtukoy sa simula, gitna at huling pangyayari ng kuwento. Malinang ang kaalaman sa paggamit ng magagalang na salita sa pakikipag-usap sa telepono,at mapaunlad ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat at pagbasa



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

## Ang Pagbabalita ni Resmin

Sa pagtawag ni Resmin sa telepono ay unang nakausap niya ang nanay ni Fiela.

Nanay: Hello!

Resmin: Magandang hapon po. Ako po si Resmin Maaari ko po bang makausap si Fiela?

Nanay: Magandang hapon rin sa iyo, sandali lamang Resmin at tatawagin ko siya sa labas ng bahay.

Resmin: Maraming salamat po.

Tinawag si Fiela ng kanyang nanay at kaagad itong sumagot sa telepono.

Fiela: Hello! Magandang hapon Resmin. Bakit ka napatawag?

Resmin: Magandang hapon din. Kaya ako napatawag sa iyo ay upang ibalita ko ang aking karanasan sa pagpunta sa bukid nina Raquel. Nakita ko ang tamang paraan ng pagtatanim ng palay na ipinakita sa akin ng mga magsasaka. Napakagaganda ng larawang kuha ko sa kanila. At kapag nagkita tayo ay ipababasa ko sa iyo ang aking talaarawan.

Fiela: Maraming salamat, Resmin at naalala mo ako. Sayang di ako kasama noong namasyal kayo. O sige, kapag nagkita tayo titingnan ko ang mga larawan na kuha moat babasahin ko ang kuwento mo.

Resmin: Walang anuman, kaibigan kita kaya palagi kitang naaalala. Bukas magkikita tayo sa paaralan, e hahanapin kaagad kita.

Fiela: O sige, salamat. Paalam.

Resmin: Walang anuman. Paalam na rin.

**Tandaan!**

Gumamit ng magagalang na salita sa pakikipag-usap sa telepono

## Gawain 1

Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon at isagawa ang gawaing isinasaad.

Tinawagan ng iyong ama ang iyong kuya. Ngunit hindi sila nagkausap sapagkat **busy** o ginagamit ang telepono ng iyong kuya. Dahil sa mahuhuli na sa trabaho ang iyong ama, ikaw ang pinagbilinang tumawag sa iyong kuya. Sabihin mo raw na magpunta siya sa opisina ng inyong ama sa ganap na ika-12:30 ng hapon. Mahalagang mahalaga raw na sila ay agkausap kaya kailangang matawagan at mapapuntahan sa kanya ang iyong kuya. Sakali raw na hindi mo siya makausap, tawagan mo ang iyong ama sa kanyang opisina.

1. Isulat sa papel ang gagawin mong pagtawag at pakikipag-usap sa iyong kuya para sabihin ang bilin ng iyong ama.
2. Isulat naman sa papel ang gagawin mong pagtawag sa iyong ama para ipaalam sa anya ang sagot ng iyong kuya.

## Gawain 2

Isulat kung tama o mali ang sumusunod na gawi na inilalahad ng pangungusap.


_______1. Hayaang tumunog ng maraming ulit ang telepono bago sagutin.
_______ 2. Sa pagsagot sa telepono, dapat magsimula sa "Sino ito?"
_______ 3. Kapag walang galang ang tumatawag sa telepono, gayahin siya.
_______ 4. Kung nasa bahay ang hinahanap ngtumawag, dapat siyang tawagin agad.
_______ 5. Ang tumawag sa telepono ay dapat magpasalamat sa sumagot sa kanya.
_______ 6. Pagtawag ng ate, kuya, sa mga nakatatandang kapatid.





**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**

Pag-aralan ang kahulugan ng mga salita at ang ngalan ng mga

1. paurong – Paurong o paatras ang pagtatanim ng punla ng palay.
2. paglusong – Sa paglusong sa mababang lugar ay nadulas ako pababa.


patadyong


salwal


magsasaka

Basahin ang kuwento tungkol sa bukid na nakita ni Resmin.

**O kay Ganda ng Bukid!**

*Akda ni Nida C. Santos*



Maagang-maaga pa, nasa bukid na ang mga magsasaka. Mahaba ang manggas na suot ng mga lalaki at babae. Patadyong na mahaba ang palda ng mga babae. Salawal na mahaba rin ang gamit ng mga lalaki. Babae't lalaki ay may pananggalang sa init. Ang mga sumbrero at salakot ay suot na nila sa  paglusong sa taniman. Nasa malambot na taniman ang mga punla. Bawat magsasaka ay may kani- kaniyang lugar. Ang pagtatanim ng punla ay nakawiwiling panoorin. Paurong ang pagtatanim. Mabilis na mabilis ang kanilang mga kamay.Halos hindi nila namamalayan ay puno na pala ng punla ang malawak  na bukid. Walang ano-ano, maririnig na lamang nila ang sigaw na, "Kain na tayo!" Biglang mag-uunat-unat ang pangkat at sabay-sabay na lalapit sa hapag kainan."O kay ganda talaga sa bukid," ang sambit ko sa sarili.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**


## Singkamas at Talong

*Akda nii Nida C. Santos*

Isang araw sa kaharian ng mga gulay ay abala ang lahat sa paglilinis ng kanilang kaharian bilang paghahanda sa isang malaking kapistahan

Singkamas: Salamat at darating na naman ang ating kapistahan. Tiyak na marami na namang makakain.

Talong: Nagsalita na naman si Taba.Tingnan mo nga ang iyong sarili. Dahil mahilig kang kumain, lalo kang bumibilog. Kahapon lamang tinutukso ka ng iba



nating kasamahan  sa iyong malaking tiyan.

Singkamas: Hindi bale, masaya naman ako sa aking hitsura. Lalo akong tumataba,
lalo naman akong pumuputi. Di ba Talong?

Talong: Siyanga pala, bukas may dalawang gulay raw na pipiliin si Reyna Kalabasa upang ipadala sa isang misyon.

Singkamas: Hindi makapamimili ang Reyna bukas. Narinig ko kay Kamatis kanina na siya ay maysakit.

Talong: O, kalian siya mamimili?

Singkamas: Marahil sa makalawa. Maaari ring sa darating na Sabado.

Talong: Kawawang reyna. Lagi na lamang siyang maysakit. Gayundin ang mangyayari sa iyo kung hindi mo hihintuan ang iyong kakainin.

Singkamas: Ako na naman ang nakita mo.

Talong: Heto na si Ampalaya. Tila may sasabihin siya sa atin.

Ampalaya: Ipinatatawag kayong dalawa ng ating reyna. Kailangan niya na makausap kayo ngayon.

Singkamas: Ngayon na kami pupunta, Ampalaya?

Talong: Hindi mo ba narinig, Singkamas? Ngayon na!

Pumunta nga ang dalawa kay Reyna Kalabasa.

Reyna Kalabasa: Ipinatawag ko kayong dalawa dahil sa isang misyon. Kayo ang aking napili upang dalawin si Amy.

Singkamas: Kawawang Amy, hindi siya tumulad sa akin na mataba.

Talong: Hindi, a! Hindi kailangan ni Amy ang

matabang tulad mo.

Reyna Kalabasa: Humayo na kayo! Bahala na kayong mag- isip kung paano mapapabago si Amy.

Dumating si Singkamas at Talong sa bahay nina Amy pagkaraan ng dalawang oras. Nakita nilang umiiyak si Amy. Pinipilit kasi siyang pakainin ng kanyang Nanay ng **chopsuey**.

Nanay: Kumain ka niyan. Masarap iyan. Maraming klaseng gulay ang kailangan ng iyong katawan.

Amy: Ayoko niyan. Hindi ko kakainin iyan. Mapait iyan! Mapakla iyan! Pangit ang lasa niyan! Ilayo po ninyo iyan sa akin! Umisip ng magandang paraan sina Singkamas at Talong.Kailangang maging matagumpay ang kanilang misyon.

## Tandaan!

Sa pagsulat ng kuwento ito ay may magandang simula, gitna ,at huling bahagi o wakas. Binubuo ito ng mga element tulad ng tagpuan, tauhan, at mga pangyayari.

## Gawain 2

Narito ang isang kuwentong walang huling bahagi. Basahin ito at lagyan ng angkop na wakas.

## Sa Kaharian ng mga Gulay

Abala sa kaharian ang lahat ng mga gulay sa pagdating ng kanilang kapistahan.

Ipinatawag ni Reyna Kalabasa kay Ampalaya sina Singkamas at Talong. Sinundo ni Ampalaya si Singkamas at Talong. Umisip ng paraan sina Singkamas at Talong kung papaano mapapakain ng gulay si Amy. Dumating sa tahanan nina Amy ang magkaibigan.

# Modyul 33
# Pangkabuhayan



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, malinang ang kakayahan sa pagbibigay ng kahulugan ng mga salitang binasa ,pagbasa ng mga salita sa unang kita, at pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng paghihinuha sa damdamin ng tauhan, pagsusunud-sunod ng pangyayari at pagtukoy sa tiyak na impormasyon na sumasagot sa mataas na antas ng mga tanong. Malinang ang kaalaman sa paggamit ng pautos na salita sa pagbibigay ng 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura,at mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat at pagbasa ng liham pasasalamat.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Ipabigkas ang tula.

**Mag-impok!**

*Akda ni Nida C. Santos*

Mag-impok,mag-impok
Sa ligtas na pook
Mag-impok ng kita
Ipunin ang pera

Bukas na darating
Hindi ka dadaing
Kunin mo sa bangko
Perang inipon mo.

Basahin ang kuwento.

**Mag-impok Upang Umunlad**

Dinala nina Ana at Niko sa bayan ang kanilang pinitas na mga gulay.Ipinagbili nila ito sa palengke. Malaki ang kanilang kinita. Gusto nila itong ipunin upang ibili ng bagong sapatos .

"Inay, saan po namin itatago ang aming pera?" tanong ni Ana sa kanyang nanay.

"Ideposito ninyo sa bangko ang inyong pera upang hindi mawala at lalaki pa nang kaunti," sagot ng kanilang ina. "Saan pong bangko?"



tanong ni Niko. Maghanap kayo sa peryodiko kung alin ang magandang bangko," tugon ng kanyang ina.

Naghanap si Ana at si Niko ng mga anusiyo sa peryodiko at ito ang kanilang nabasa.

**Magmadali! Magbukas!**
**ng savings account**
**sa**
***SAVINGS BANK***
**pera ninyo'y tutubo,**
**marami pang papremyo.**

"Inay, dito po sa Savings Bank kami magdedeposito," sabay sabi nina Ana at Niko. "Sige, sasamahan ko kayo bukas," sagot ng nanay.

**Tandaan!**

Ang mga salitang utos ay ginagamit sa pagbibigay ng 3-6 na simpleng panuto o hakbang sa gawain. Ang panuto sa patalastas ay pahayag o direksiyong nagsasabi ng mahahalagang bagay na ibig ipaalam agad sa maraming tao o sa kinauukulang tao. Ito ay maikli at malinaw.

## Gawain 1

Piliin ang pautos na salita sa loob ng kahon na angkop sa bawat pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa iyong papel.

1. _____ mo sandali si Nena.
2. _____ mo kay Dong ang aklat na ito.
3. _____ mo ang iyong higaan.
4. _____ sa sinasabi ng nagsasalita.
5. _____ ng pera sa bangko.

| |
|---|
| Makinig |
| Mag-ipon |
| Tawagin |
| Ibigay |
| Ayusin |

## Gawain 2



***Isa Munang Patalastas!***

Mga kababayan,
________ po sa inyong lingkod. Ipinaaalala sa lahat na _______ sa tamang tawiran. ________ sa batas na " **No Jaywalking**" **sign**. _______ sa kaliwa at kanan bago tumawid sa tamang tawiran. Kung maaari ay _______ sa pagtawid sa karamihan.



**Hiwaga ng Panitikan,**
**Tuklasin!**




Pag-aralan ang kahulugan ng mga salita.

**garapa** – sa pamamagitan ng tunay na bagay sa pamamagitan ng pangungusap Ang diyanitor ng ospital ay maraming nakukuhang garapa ng gamot.

**industriya** – sa pamamagitan ng pangungusap Isa sa mga industriya na dapat nating paunlarin ay ang pamimili at pagbibili ng mga bote.

**Bote-Garapa**

*Akda ni Nida C. Santos*



Sa kasalukuyan, itinuturing nang malaking industriya ang pamimili ng bote at garapa. Ang garapa ay maliit na botelyang lalagyan ng gamot.

Nabibili ang mga gamit nang bote sa halagang piso ang bawat isa.Ngunit matapos itong linisin at tiyaking walang basag, tumataas

na ang  halaga nito. May mga kompanya na bumibili sa halagang dalawang piso bawat isa. Dahil dito, marami na ang bumubili at nagbibili ng mga bote at garapa. Tulad ni Mang Ador at ang anak niya na si Makoy. Kumikita ang mag-ama.

Namimili sila ng bote at garapa tuwing Sabado at Linggo. Magalang sila at magiliw sa mga taong binibilhan nila ng bote at garapa.

Si Makoy ay tumutulong kay Mang Ador  tuwing Sabado at Linggo. Masipag at matulunging bata si Ador sa kanyang mga magulang.

Napupuri si Makoy ng marami niyang suki. Hinihintay nilang lagi ang  pagdating ng mag-ama. Kilala na rin ang kanyang tinig sa sigaw niyang  "bote- garapa" . Dahil dito marami sa kanilang binibilhan ang nagbibigay ng bonus na bote at garapa sa kanya. Hindi sila nanghihinayang tumulong kay Mang ador at Makoy, ang paborito nilang magbobote. Sa kinikita nila araw-araw,malaki ang naiipon nila sa bangko.

**Tandaan!**

Mauunawaan ang sanaysa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at pagbibigay ng detalye tungkol dito.Ang pagbibigay ng hinuha,komento o reaksyon ang magbibigay  kahulugan.



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

### Paano ba Magbasa?

Ipinakita ni Bb. Villasan sa klase ang aklat sa Filipino para sa ikalawang baitang. “Ito ang ating aklat sa Filipino,” ang sabi ni Bb. Villasan. “kailangang malaman ninyo ang wastong paraan ng pabigkas at ng tahimik na pagbasa.

Nagtaas ng kanang kamay si Ana. “Maaari po bang malaman kung ano ang pabigkas at tahimik na pagbasa? ang tanong ni Ana. “Mabuti at naitanong mo iyan,” ang sagot ni Bb. Villasan. Magpapakita ako ng larawan ng batang nagbabasa nang pabigkas. Magpapakita rin ako ng larawan ng batang nagbabasa nang tahimik.”

Narito ang mga larawang ipinakita ni Bb. Villasan:





“Napuna ba ninyo kung paano ginagamit ng batang lalaki ang kanyang mga mata at bibig sa pagbigkas na pagbasa?” ang tanong ni Bb. Villasan. “Opo,” ang sagot ng mga bata. “Ano naman ang napansin ninyo sa ikalawang larawan? Paano masasabing tahimik ang pagbabasa ng batang babae?” ang tanong ni Bb. Villasan.

"Magkadikit po ang mga labi niya habang siya ay nagbabasa," ang sagot ni Arnel. "Ano lamang ang ginagamit niya sa pagbabasa?" ang tanong ni Bb. Villasan. "Mata lamang po," ang sagot ni Jess. "Ngayon, alam na ba ninyo kung paano magbasa nang pabigkas at nang tahimik?" tanong ni Bb. Villasan. "Opo," ang sagot ng mga bata.

**Tandaan!**

Sa pagbasa nang pabigkas,dapat sundin ang mga sumusunod na hakbang:

a. Bumasa nang may wastong galaw at hagod ng mata mula sa kaliwa-pakanan at itaas-pababa.
b. Bumasa nang may katamtamang lakas ng boses.
c. Bumasa nang may wasto at maliwanag na bigkas ng mga salita.
d. Bumasa nang may wastong hati sa lipon ng mga salita.

Sa pagbasa nang tahimik kailangang:

a. Bumasa nang may wastong galaw at hagod ng mata mula sa kaliwa-pakanan at itaas- pababa.
b. Umupo nang maayos habang bumabasa.

Basahin at pag-aralan ang liham ni Ana kay Bb. Villasan.

Sampaloc St.,Poblacion,
San Antonio Quezon
Ika- 5 ng Disyembre 2012

Mahal kong Bb.Villasan,

Humahanga po ako sa inyong kasipagan. Nakamtan ko po ang kagalingan sa pagbasa dahil sa inyong pagpapatuto. Nadarama ko po ang inyong pagkalinga at pagbibigay ng sapat na oras. Binibigyan po ninyo ako ng pagkakataong makabasa sa araw-araw.

Nais ko po na ipaalam sa inyo ang lubos na pasasalamat ng aking mga magulang. Sila po ay natutuwa sapagkat napakagaling ko na pong magbasa. Sana po ay patuloy ninyo akong gabayan sa aking pag-aaral.

Gumagalang,

Ana

**Tandaan!**

Sa pagsulat ng Liham pasasalamat dapat ito ay may limang bahagi ang pamuhatan, ang bating panimula, ang katawan ng liham, ang bating pangwakas, at ang lagda.

Gumagamit din ng iba't ibang uri ng pangungusap at tamang bantas.

# Modyul 34
# Balitang Lokal




Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan, malinang ang kakayahan sa pagbibigay ng dahilan sa mga isyu, pangyayari, balita at iba pa, kahulugan ng mga salitang binasa, pagbasa ng mga salita sa unang kita, at pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng paghihinuha sa damdamin ng tauhan. Malinang ang kaalaman ng mag-aaral sa pagbaybay ng tama ng mga salitang klaster at diptonggo, at higit na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat at pagbasa.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**


Ipaawit sa tono na "Sitsiritsit".

**Kringg…. Kringg**

Kringg, krring ng telepono
May tawag, po sa inyo.
Sinagot kopo ito .
Po at Opo
Ay ginamit ko.

Basahin mo ang kuwento tungkol kina Brix at Troy.

Masayang naglalaro sina Brix at Troy sa may likod bahay. Habang aliw na aliw sila sa paglalaro ay napansin nila ang ilang kalalakihan na may pasang troso sa kanilang balikat .



Kaagad naisip ni Brix na tawagan sa opisina ang kanyang Tatay Florendo sa telepono.

Tanda ni Brix ang numero ng telepono sa opisina ng kanyang Tatay. Brix: Magandang umaga po.

Maaari ko po bang makausap ang aking tatay na si G. Florendo? G. Florendo: Magandang umaga anak. Ano ang

kailangan mo bakit ka napatawag? Brix: Tatay may mga mangangahoy po dito may dala po silang troso. Nawa po ay hindi sila illegal na mangangahoy. O sige, at tatawag

kaagad ako sa awtoridad. Brix: Sige po, Tatay. Maraming salamat po. Paalam po.

Tumawag si Mang Florendo sa estasyon ng pulis upang ipagbigay alam ang sinasabi ni Brix.

G. Florendo: Magandang hapon po. Nais ko pong ipagbigay alam sa inyo na may mga kahina-hinalang mangangahoy po sa aming lugar. May mga dala pong troso. Maari po ba pakitanong kung mayroon silang permiso na mangahoy.

Pulis:Magandang hapon rin po. Saan pong lugar ito?

G. Florendo: Dito po sa may Barangay Mataas na Kahoy. Inaasahan ko po ang inyong pagdating. Maraming salamat po. Paalam na po.

Pulis: Walang anuman. Umasa kayo at kami ay darating.

**Tandaan!**

Panatilihin ang magalang na pakikipag-usap sa telepono lalo na kung ang kausap ay nakatatanda at kagalang galang na tao.

## Gawain 1

Isulat ang angkop na salita para mabuo ang usapan sa telepono ng mag -amang Mang Gregorio at Glen.


Tumawag si Mang Gregorio sa __________at nakausap niya si Glen.


Kring! Kring!
Mang Gregorio: Hello, ______.
Glen: Magandang umaga po, _______
Mang Gregorio: Narito na ako sa opisina. May nakalimutan akong sabihin sa iyong _______.
Mang Gregorio: Pakisabi sa iyong inay na huwag kalilimutang patukain ang mga manok at ________.




**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**




Isulat sa kahon ang kahulugan ng sumusunod na salita. Piliin ang wastong sagot sa ibaba.







1. illegal
2. awtoridad
3. sinyales

4. epekto 5. klima 6. habas

| | | |
|---|---|---|
| bawal | pangitain | panahon |
| pulis | humpay | bunga |

Tingnan mo ang larawan.



**Pagtotroso: Ipinagbabawal**
**Kampanya laban sa illegal na pagtotroso, patuloy**
*Halaw sa Tagalog News*

Paiba-iba ang panahon. Mainit at maya-maya ay biglang uulan. Tag-init pero nakararanas tayo ng malakas na pag-ulan at pagguho ng lupa o landslide na kasabay ang pagragasa ng malaking baha na may kasamang troso. Ilan lamang ito sa mga sinyales ng pagbabago ng klima o climate change. Malaki ang epekto ng naturang isyu.

Isa sa dahilan ng pagbabago ng klima ay ang patuloy na pagputol ng mga puno o pagtotroso. Patuloy ang kampanya laban sa illegal na pagtotroso.

Tuwirang inihayag ni Environment and Natural Resources Sec. Ramon Paje na ang lahat ng troso na illegal na lumalabas sa kalye ay maaring kumpiskahin ng mga pulis gayundin ng mamamayan at ipasa ang mga illegal logger sa awtoridad.

Ang pahayag ay binanggit ng kalihim sa programang "Pilipinas Natin" ng NBN-4 noong Hulyo 13, 2011, sa isyu ng illegal na pagtotroso o walang habas na pagpuputol ng mga punongkahoy sa mga kagubatan sa bansa.



**Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!**

Basahin ang kuwento sa susunod na pahina.

**Karanasan sa Kakahuyan**

*Akda ni Nida C. Santos*



Kinaugalian nina Brix at Troy na maglaro sa kakahuyan. Nagsimula ito noong may nahuling mga illegal loggers na pumuputol ng mga puno. Dahil mahilig maglaro ang dalawang bata, nagsisilbing bantay sila sa buong kagubatan.

Isang hapon masayang masayang naglalaro

ang dalawang bata sa gubat .Hindi nila namamalayan na nasa gitna na sila ng kakahuyan. Sa kanilang paglalaro may dumating na isang batang babae na puting- puti ang kasuotan. Niyaya silang maglaro sa buong kakahuyan.Niyaya silang lumipad sa itaas ng mga puno. Niyaya sila na kumain ng napakaraming prutas.Niyaya rin ang dalawa na makipag-usap sa iba't ibang hayop na nasa gitna ng kagubatan.Namangha ang dalawa sa kanilang naranasan.Masaya silang nakipaglaro at nakipagkuwentuhan sa batang engkantada. Naging lubos ang kanilang kasiyahan ng bigyan pa sila ng napakalaking regalo. Mabigat ang bawat regalo at di talaga kayang buhatin ng isa man sa kanila. Dahil sa galing ng dalawa kung magbantay ay hindi na sila umalis sa kanilang kinatatayuan. Binantayan nila ang regalo na ibinigay ng batang engkantada, hanggang sa sila ay nakatulog. Pagkaraan ng ilang oras ay nagising sina Brix at Troy sabay sambit ni Brix "kala ko totoo na."

**Tandaan!**

Ang kuwento ay isinulat ng may-akda na may mga elemento tauhan, tagpuan at mga pangyayari. May angkop na pamagat. May mga pangyayari sa kuwento na totoo at hindi totoo. May kuwentong makatotohanan at hindi makatotohanan.

## Gawain 2

Basahin at suriin ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang kung totoo o hindi totoo ang pangyayari. Gawin ito sa kuwaderno.

________1. Hilig nina Brix at Troy ang maglaro sa kakahuyan.
_______ 2. Sumulpot na bigla ang isang batang engkantada.
_______ 3. Nakapagsasalita ang mga hayop sa kuwento.
_______ 4. Nakatulog ang dalawa sa paglalaro.
________5.Kumain sila ng maraming prutas.

## Tandaan!

a. Isinusulat natin ang kuwento na may mga elemento tulad ng tauhan, tagpuan, pangyayari at may angkop na pamagat.

b. Nakapasok ang unang salita ng pangungusap ng unang talata.

c. Ang bawat pangungusap sa isang kuwento ay nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa wastong bantas.

## Gawain 3

Sipiin nang wasto ang maikling kuwento sa paraang **cursive**. Humanda upang basahin ang buong kuwento sa klase.

## Bibe ni Troy

*Akda ni Nida C. Santos*

Masaya si Troy sa pag- aalaga ng kanyang bibe. Pinakakain niya ito sa araw-araw. Nililinis niya ang kulungan nito. Pinalalangoy niya ito sa tabing ilog na malapit sa kanila. Pinapakawalan niya ito upang makalanghap ng sariwang hangin. Isang araw, nagulat si Troy sa kanyang nasaksihan. Nakita niya ang isang itlog sa kulungan ng kanyang bibe. Simula noon, binantayan niya ang kanyang bibe at sa araw-araw ito ay nadaragdagan. Naging sampu na ang itlog sa kulungan. Masayang-masaya si Troy sapagkat kapag nalimliman ang mga itlog, dadami ang kanyang alagang bibe.

# Modyul 35
# Ang Paboritong Pagkain



Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan,tamang paraan ng pakikipag-usap sa telepono gamit ang magagalang na pananalita, at malinang ang kakayahan sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Mahubog ang kanilang kakayahan sa paglikha o paggawa ng maikling kuwento na may tamang elemento. Gayundin ang paglikha ng usapan sa telepono ng naaayon sa kaasalang kultural. At higit sa lahat ay ang pagsulat ng maikling kuwento na idinidikta ng guro.



**Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!**

Awitin sa tono ng "Paru-parong Bukid".

Magandang umaga po
Mahal naming guro
Kami'y bumabati
Magandang umaga po
Kami ay nakahandang
Magbasa't magsulat
Buong pusong bumabati
Magandang umaga po!

Basahin ang usapan sa telepono.

Amor: Magandang tanghali po.
Tindera: Magandang tanghali din naman.
Amor: Magandang tanghali po.
Tindera: Magandang tanghali din naman.
Amor: Amor po ang pangalan ko.
Tindera: Ano ang kailangan mo?
Amor: Magpapadala po sana ako ng tanghalian dito sa amin.
Tindera: Ano ba ang nais mong pagkain?
Amor: Isa pong kanin, isda, at gulay na bulanglang.
Tindera: Saan ka ba nakatira?
Amor: Pangalawang kanto po mula sa tindahan
ninyo. Pangalawang bahay po. Diretso

lang po itong sa amin.

Tindera: Sige, hintayin mo na lang ang iyong order.

Amor: Magkano po ang babayadan ko?

Tindera: Limampung piso.

Amor: Sige po, salamat po.

**Tandaan!**

Sa pakikipag-usap sa telepono, dapat tayong gumamit ng magagalang na pananalita.

**Gawain 1**

Basahin at ikahon ang mga magagalang na salita.

**Ang Kaarawan ni Lita**

*Akda ni Rianne P. Tinana*

Kaarawan ng batang si Lita. Maya-maya, tumunog ang telepono na katabi niya.

Lita: Magandang umaga po.

Lolo: Magandang umaga din sa iyo apo.
Maligayang kaarawan sa iyo.

Lita: Salamat po lolo, kumusta na po kayo?

Lolo: Mabuti naman.

Lita: Sana po nakapunta kayo dito.

Lolo: Kaya nga tinawagan kita upang ipaalam na hindi ako makakapunta diyan.
Nagpadala na ako ng regalo para sa iyo.

Lita: Maraming salamat po. Ingat po kayo lagi.

Lolo: Salamat apo. Paalam.

Lita: Paalam din po.



**Hiwaga ng Panitikan,**
**Tuklasin!**

Pag-aralan ang kahulugan ng mga salita ayon sa gamit sa pangungusap.

tindera - Si Aling Minda ay tindera. Nagtitinda siya ngmga gulay, prutas,at ulam sa palengke.

binayaran-Nag-abot ng pera ang kuya sa magtitinda.Binayadan niya ang kaniyang binili.

**Si Amor**

*Akda ni Rianne P. Tiñana*



Sabado ng umaga, nagpunta ang makakaibigang Ruding, Carlos, Amor, at Ester sa palaruang bayan. Naglaro sila doong magkakaibigan. Takbo dito,takbo doon ang kanilang ginawa. Masayang-masaya ang kanilang naging paglalaro. Makalipas ang ilang oras ng paglalaro, nagyaya ng umuwi ang magkakaibigan. Pagdating ni Amor sa kanilang tahanan, wala doon ang kanyang ama at ina. Tawag dito, tawag doon ang kanyang ginawa subalit wala talaga sila. Gutom na gutom na siya. Lumapit siya sa telepono at idinayal ang numero ng isang kainan.






Amor: Magandang tanghali po.

Tindera: Magandang tanghali din naman.

Amor: Amor po ang pangalan ko.

Tindera: Ano ang kailangan mo?

Amor: Magpapadala po sana ako ng tanghalian dito sa amin.

Tindera: Ano ba ang nais mong pagkain?

Amor: Isa pong kanin, isda, at gulay na bulanglang.

Tindera: Saan ka ba nakatira?

Amor: Pangalawang kanto po mula sa tindahan ninyo. Pangalawang bahay po. Diretso lang po itong sa amin.

Tindera: Sige, hintayin mo na lang ang iyong order.

Amor: Magkano po ang babayadan ko?

Tindera: Limampung piso.

Amor: Sige po, salamat po.

Dumating ang pagkain ni Amor. Binayaran niya ito. Pagkatapos magdasal, kumain na siya.



## Pagbasa at Pagsulat, Paunlarin!

### Tandaan!

Ang elemento ng kuwento ay tauhan, tagpuan, at pangyayari.

### Gawain 2

Sipiin nang wasto ang kuwento sa kuwaderno.

### Ang Mag-anak

Isang araw ng Sabado, abala sa hardin ang mag-anak ni Mang Kanor. Malulusog ang mga halaman nilang tanim. Habang nagdidilig ang Nanay at nagwawalis naman si Karen, sina Tatay at Kuya Carlo ay abala sa pagggawa ng balag para sa kanilang mga tanim. Nililibang ni Ate Rona ang bunsong si Nitoy. Pumipitas ng mga bulaklak sina Jeffrey at Minda para sa altar nila sa bahay.

# Modyul 36
# Ang Lutong Kapana-panabik



Nilalayon ng modyul na ito na mapagyaman ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan at pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagtalakay, paglalarawan, pagsasadula sa mahahalagang pangyayari, pagbibigay ng sariling opinion at reaksiyon tungkol sa mga isyu at pangyayari sa binasa o napakinggang teksto pagbibigay ng opinyon o komento. Nilalayon din ng modyul na ito na mahubog ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga pautos na salita sa pagbibigay ng 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura, gayundin ay mahubog ang kakayahan sa paggawa o pagbuo ng isang balita.



## Kaalaman sa Pagbigkas at Wika, Pagyamanin!

Bigkasin.

**TAWILIS**

*Akda ni Nida C. Santos*

T - Tayo na sa lawa
A - At tayo'y mangisda
W - Walang tigil na pag-alon
I - Ang sa iyo ay sasalubong
L - Lambat na dala mo'y
I - Ihagis na bigla
S - Sa malawak na tubig, na sa atin
ay biyaya

Basahin.

**Ang Tawilis**

*Akda ni Nida C. Santos*

"Tawilis! Tawilis!", ang sigaw ni Aling Saling. Nagtitinda siya ng isdang Tawilis na huli ng kanyang asawa sa lawa. Ang Tawilis ay maliliit na isda na may maninipis na kaliskis. Marami ang bumibili ng isdang ito lalo na kung ito ay s ariwa. Mabilis maubos ang tinda ni Aling Saling. May agtanong kay Aling Saling kung paano niluluto ang tawilis. Sinabi ni Aling Saling ang paraan ng pagluluto ng Tawilis.

## Ang Tawilis na may Patis

*(Paraan ng Pagluluto)*

1. Ihanda ang mga kailangan tulad ng sumusunod:

   *palayok isda ( Tawilis)asin 3 -4 na tasang tubig sampalok o tuyong kalamias (maaaring bunga o pulbos)*

2. Hugasan nang wasto ang isda, dahon, at ang bunga ngsampalok o tuyong kalamias.
3. Lagyan ng katamtamang dami ng asin ang isda.
4. Kumuha ng dahon at ibalot dito ang tawilis.
5. Ilagay sa palayok ang bunga ng sampalok at ang binalot o pinais na Tawilis .
6. Lagyan ng sapat na tubig para sa dami ng binalot o pinais na isda.
7. Isalang sa lutuan at pakuluan hanggang sa ang isda ay maluto at lumambot ang mga tinik nito.

Nagpasalamat sa kanya ang agtanong pagkatapos maipaliwanag ni Aling Saling ang paraan ng pagluluto. Masayang-masayang umuwi ng bahay si Aling Saling sapagkat maagang naubos ang kanyang tinda.

## Tandaan!

Ginagamit ang mga salitang pautos sa pagbibigay ng panuto o hakbang para sa isang gawain.

## Gawain 1

Basahin ang isa pang paraan ng pagluluto ng isda. “Ang Sinaing na Tulingan”. Sipiin ang mga salitang pautos na ginamit sa bawat hakbang.

## Tandaan!

Ginagamit ang mga salitang pautos sa pagbibigay ng panuto o hakbang para sa isang gawain.


## Gawain 1

Basahin ang isa pang paraan ng pagluluto ng isda. “Ang Sinaing na Tulingan”. Sipiin ang mga salitang pautos na ginamit sa bawat hakbang


## Ang Sinaing na Tulingan

*Wastong Paraan ng Pagluluto*
*ng Sinaing na Tulingan*



1. Ihanda ang mga kailangang sangkap at gamit sa pagluluto,tulad ng sumusunod: *palayok, paasim na sangkap, asin, 3 pirasong taba ng karne, at tubig*
2. Alisin ang hasang ng isdang Tulingan at Hug asan ito ng 3-4 na beses.
3. Lagyan ng pahabang hiwa sa gitna ang isda.
4. Budbudan ito ng katamtamang dami ng asin.

5. Ilagay ang sangkap na paasim sa palayok gayundin ang 3 pirasong taba ng karne.
6. Ilagay sa palayok ang mga isda at piratin itong bahagya.
7. Lagyan ng 3-4 na tasa ng tubig upang magsilbing patis nito.
8. Isalang sa apoy at hayaang bumulak nang wasto.
9. Pahinaan ang apoy kung ito ay luto na hanggang sa ito ay maiga.
10. Alisin sa apoy at ihandang ihain sa hapag.

## Gawain 2

Piliin ang angkop na salitang pautos sa loob ng kahon upang mabuo ang bawat pangungusap.

**Halina't Magpaksiw ng Bangus**

1. _______ ang mga sangkap tulad ng asin, vetsin, suka, paminta, bawang, sibuyas, luya at siling mahaba.
2. ________ nang wasto ang bawang , sibuyas at luya.
3. ________ nang maayos ang isdang Bangus.
4. ________ ang isang Bangus sa tatlo.
5. Ilagay ito sa kaserola na may tubig at ________ sa apoy.
6. _______ ang mga sangkap tulad ng bawang , sibuyas, luya, siling mahaba asin, paminta, vetsin .
7. ________ kung sapat na ang lasa ng paksiw.


8. __________ito at pagkatapos ay maaari ng ________.

9. Ilagay sa mangkok at _________ ito ng mainit pa.


| | | |
|---|---|---|
| Tikman | isalang | Hugasan |
| hanguin | Ihanda | ihain |
| Hiwain | Ilahok | Hatiin |
| Pabulakan | | |



**Hiwaga ng Panitikan, Tuklasin!**



puminsala– sa pamamagitan nglarawan ng bagyo na sinira ang mga pananim



ilalim – sa pamamagitan ng larawan may bagay na nasa ilalim ng tubig



namangha – larawan ng nagulat na mukha

<u>nasasakupan</u> – Ang Barangay Tulo ay nasasakupan
ng kanyang panunungkulan

pinilakang-tabing – sa pamamagitan ng
pangungusap
Nagmula sa pinilakang –tabing ang
gobernador ng lalawigan

<u>gobernador</u> – sa pamamagitan ng pangungusap
Ang gobernador ang may pinakamataas
na posisyon na namumuno sa buong
lalawigan.

## Fishkill sa Lawa

*Akda ni Shirley M. Aranas*



Naninirahan sa may paanan ng Bulkang Taal sina Mang Karyo at Aling Juana. Ang Bulkang Taal na matatagpuan sa Batangas ay kilalang pinakamaliit na aktibong bulkan dahil sa maraming beses nitong pagsabog na puminsala sa maraming tao, halaman, at hayop sa paligid nito. "Naku! Bakit maraming nakalutang na mga isda?" namanghang tanong ni Aling Juana.

"Paano na ang hanapbuhay natin at ng iba
pang mangingisdang umaasa lang dito sa

lawa," dagdag pa ni Aling Juana.

"Marahil ay nalason ang mga isda, malungkot na sabi ni Mang Kanor. At umuwing hapis na hapis ang mag-asawa sa nakita nila. Inabangan nila sa telebisyon ang balita sa lalawigan at napanood nga nila ang nangyayari sa ibang dako ng lawa, katulad ng nakita nila sa kanilang lugar.

"Juana, matindi ang ginawang pananaliksik, tungkol sa pagkamatay ng mga isda sa ating lugar," ang sabi ni Mang Kanor. "Oo nga at gumawa ng paraan si Gobernador Vilma Santos upang maisalba ang ating kabuhayan, sabi ni Aling Juana na tila nakakasilaw ng kaunting pag-asa.



Pagbasa at Pagsulat,
**Paunlarin!**

Awitin sa tono ng "Ako ay May Lobo".


**Ang Bulkan ng Taal**
*ni Nida C. Santos*

Kami ay nagtungo
Doon sa Tagaytay
Aming napagmasdan ang Bulkan ng Taal
Halina, halina, ito ay tingnan
Sa pagmamasid, sasaya kang tunay.

Basahin ang alamat.

## Alamat ng Bulkang Taal

*Isinakuwento ni Nida C. Santos*



Noong unang panahon, ang bayan ng Tagaytay ay pinamumunuan ng isang matanda ngunit makapangyarihang lalaki. Siya ay nagngangalang Lakan Taal. Iginagalang siya ng taong bayan sapagkat matalino siya at makatarungan sa kanyang pamamahala. Maganda rin ang komersyo ng lugar. Maganda at masagana ang kanilangmga naaaning kape, abokado at iba pang mga bungang kahoy.

Isang araw, pinag-sabihan ng matanda ang kaniyang mga alagad na pinagbabawalan na niya ang sinuman na magpunta sa tuktok ng bundok na kanyang itinuro. Dahil sa malaki ang paggalang nila

sa pinuno ay sumang-ayon ang mga alagad at ipinangakong ipagbibigay-alam sa taong bayan ang utos ng matanda. Walang sinuman ang mangahas na suwayin ang utos ni Lakan Taal.

Masaya at kontento ang mga taong bayan sa pamamalakad ni Lakan Taal ng bigla na lamang nawala ang matanda. Nagpunta ang mga alagad hanggang sa kasuluk-sulukang parte ng bayan at maging sa mga kakahuyan ngunit wala si Lakan Taal

dun. Walang nakakita o makapagsabi kung nasaan ang matanda.

Ilang taon na ang nakalipas simula nang maglaho ang matanda, ngunit hindi pa rin to natatagpuan o bumabalik sa bayan. Kahit masagana ang pamumuhay nila ay hinahanap-hanap pa rin nila ang mabait na pinuno.

Isang araw, may nagmungkahi na akyatin nila ang bundok na pinagbawalan ng matanda na puntahan. Pumanhik ang mga ito sa nasabing bundok; sa itaas nakita nila na may malaki itong butas. Sumilip sila sa loob at nakita na puno ito ng mga makikinang na mga bato, mga perlas, diamante at iba pa. Nagtulakan at nag-away- away ang mga ito sa pakikipag-unahang makakuha ang mga yaman. Dumadagundong na boses ni Lakan Taal ang pumigil sa mga ito at nagsabing kaya hindi sila pinapapanhik sa nasabing lugar dahil sa alam niyang ganito lamang ang kahihinatnan ng lahat.

Dahil sa galit ni Lakan Taal, hiniling nito sa Bathala na magkaroon ng malakas na kidlat at kulog at unos. Lumindol din nang malakas at ang bundok ay nagbuga ng apoy na siyang ikinasawi ng mga taong sumuway sa utos ng matanda.

Ang bundok ay pinalibutan ng tubig at maging ang butas sa tuktok ng bundok ay nagkaroon ng lawa upang walang sinuman ang makakuha ng mga kayamanan. Simula noon ay tinawag ang bundok na Taal mula sa matandang pinuno.Ngayon , ang sinasabing bundok na matatagpuan sa Lawa ng Taal ay tinawag na Bulkang Taal.

## Tandaan!

Ang alamat ay nagsasalaysay ng pinagmulan ng isang bagay, lugar, pangyayari o katawagan. Maaaring ito ay totoo o likha lamang ng malawak na imahenasyon ng isang manunulat ang
mga pangyayari sa alamat.

Maaaring mula sa malungkot na alaala o sa mga pangyayaring

Basahin ang kuwento

### Kamangha-manghang Bulkan

*Akda ni Nida C. Santos*

Nagtungo ang aming mag-anak sa isang pook pasyalan na matagal ko nang minimithing marating. Ang Bulkang Taal sa pagitan ng mga bayan ng Talisay at San Nicolas sa lalawigan ng Batangas. Masaya kong nakita ng malapitan ang Bulkan ng Taal. Lubos kong natandaan ang karanasang ito sapagkat sumakay ako ng kabayo kasama si Tatay bago pa kami sumakay ng bangka patungo sa bulkan. Nilakbay naming ang Lawa ng Taal makarating lamang sa kamangha-manghang bulkan. Lubos akong namangha sa aking nasaksihan nang makita ko ang taglay na kagandahan nito. Napaliligiran ng tubig ang bulkan. May mga punongkahoy na namumunga sa palibot ng bulkan. Sagana sa halamang kulay luntian ang paligid ng bulkan. Napansin ko rin ang mga taong naninirahan malapit sa may paanan ng bulkan. Sa aming

pagtigil sa may Bulkang Taal ay doon ko rin natikman ang binanging isdang Tawilis, suman sa gata at kapeng barako.

Sinikap namin na malibot ang paligid ng bulkan subalit wala na kaming sapat na oras. Kailangan namin na sumunod sa oras na nakalaan lamang para sa amin. Umuwi kaming may sobra ang kasiyahan.

## Tandaan!

Ang alinmang kuwento, maikli man o mahaba , ay may tagpuan,  tauhan, at mga pangyayari.

Ang tagpuan sa kuwento ang naglalarawan kung saan nangyari  ang kuwento.

Ang mga tauhan ng kuwento ang mga taong nagsasalita, kumikilos, at umaarte.

Ang isang kuwento ay may  simula at angkop na wakas. Maaring masaya o malungkot ang wakas ng isang kuwento.

## Gawain 3

Isulat nang wasto ang sanaysay.

ang aklat sa buhay

napakahalaga ng aklat sa  silid-aklatan at maging sa isang silid-aralan. susi ito ng kaalaman para sa isang mag-aaral.nakalagak sa nilalaman ng bawat aklat ang lahat ng impormasyon. nakalimbag sa aklat ang mga makatotohanan at di makatotohanang kuwento ng buhay. mababasa rin ang mga kaugalian , kultura at tradisyon. mahalaga sa buhay

natin ang mga aklat kaya marapat lamang na ang pagbabasa ay pagibayuhin. maaaring magkaroon ng magandang kinabukasan kungang aklat ay pinahahalagahan sa buhay.karunungan ang hatid kaninuman kung isasabuhay ang bawat nilalaman .

## Gawain 4

Maghanap ng iba pang aklat at sumipi ng isang kuwentong nais mo. Isaalang-alang ang tamang porma sa pagsipi.